**Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa International Memorial Day Blending Conference**
**Mayo 22-25, 2026**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG MALAKING PANGANGAILANGAN PARA SA ISANG BAGONG PAGPAPANAULI**

Mensahe Isa

# Pakikipagtulungan sa Panginoon upang Magpasok ng isang Bagong Pagpapanauli Na Magtatapos sa Kapanahunang Ito

Babasahin sa Kasulatan: Hab. 3:2; Gawa 26:19, 22; Mat. 14:19, 22-23; Fil. 1:19-22, 25; Juan 21:15-17

**Hab. 3:2**—O [Jehovah], narinig ko ang tungkol sa Iyo at ako't natatakot. O [Jehovah], buhayin Mong muli ang iyong mga gawa sa gitna ng mga taon. Sa gitna ng mga taon ay ipaalam mo iyon, sa kapootan ay alalahanin mo ang kaawaan.

**Gawa 26:19**—Kaya, Haring Agrippa, hindi ako naging suwail sa makalangit na pangitain.

**Gawa 26:22**—Kaya nga dahil natamo ko ang tulong na mula sa Diyos, nakatayo ako hanggang sa araw na ito, nagpapatotoo kapwa sa maliit at sa malaki, walang anumang sinasabi na hiwalay sa mga bagay na mangyayari na sinabi kapwa ng mga propeta at ni Moises.

**Mat. 14:19**—At pagkatapos utusan ang mga kalipunan na maupo sa damuhan, kinuha Niya ang limang tinapay at ang dalawang isda, at pagtingala sa langit, pinagpala Niya at pinagpira-piraso ang mga tinapay at ibinigay ang mga ito sa mga disipulo, at ng mga disipulo sa mga kalipunan.

**Mat. 14:22-23**—At kaagad na pinilit Niya ang mga disipulo na lumulan sa bangka at mauna sa Kanya sa kabilang ibayo, habang pinaaalis Niya ang mga kalipunan. [23]At pagkatapos Niyang paalisin ang mga kalipunan, umakyat Siyang mag-isa sa bundok upang manalangin. At nang sumapit ang gabi, Siya ay nag-iisa roon.

**Fil. 1:19-22**—Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, [20]Ayon sa aking labis na inaasahan at pag-asa na sa anuman ay hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayundin naman ngayon ay dadakilain si Kristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan. [21]Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang. [22]Ngunit kung ako ay mabubuhay sa laman, kung ito sa akin ay bunga ng aking gawa, kung gayon ay hindi ko alam kung ano ang aking pipiliin.

**Fil. 1:25**—At nagtitiwala sa bagay na ito, alam kong mananatili ako at magpapatuloy na kasama ninyong lahat para sa inyong pagsulong at kagalakan ng pananampalataya.

**Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. [16]Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. [17]Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

**I. Sa gitna ng mga hinirang ng Diyos ay palaging may hangarin na mapanauli—Hab. 3:2; Hos. 6:2; Roma 8:20-22; Awit 119:25, 50, 107, 154; Juan 6:57, 63; 2 Cor. 3:3, 6.**

**Hab. 3:2**—O [Jehovah], narinig ko ang tungkol sa Iyo at ako't natatakot. O [Jehovah], buhayin Mong muli ang iyong mga gawa sa gitna ng mga taon. Sa gitna ng mga taon ay ipaalam mo iyon, sa kapootan ay alalahanin mo ang kaawaan.

**Hos. 6:2**—Pagkatapos ng dalawang araw ay muli niya tayong bubuhayin; sa ikatlong araw ay ibabangon niya tayo, upang tayo'y mabuhay sa harap niya.

**Roma 8:20-22**—Sapagkat ang sangnilikha ay ipinasakop sa kawalang-kabuluhan, hindi sa sarili nitong kalooban, kundi dahil sa Kanya na nagpasakop *nito*, [21]Sa pag-asang ang sangnilikha mismo ay mapalalaya rin sa pagkaalipin sa kabulukan tungo sa kalayaan ng kaluwalhatian ng mga anak ng Diyos. [22]Sapagkat nalalaman natin na ang sangnilikha ay sama-samang humihibik at sama-samang nagdaramdam sa sakit hanggang ngayon.

**Awit 119:25**—Dumidikit sa alabok ang kaluluwa ko; muli mo akong buhayin ayon sa iyong salita.

**Awit 119:50**—Ito'y aking kaaliwan sa aking kapighatian, na ang iyong pangako ang nagbibigay sa akin ng buhay.

**Awit 119:107**—Ako'y lubos na nagdadalamhati, muli mo akong buhayin, O Panginoon, ayon sa iyong salita.

**Awit 119:154**—Ipaglaban mo ang aking layunin, at tubusin mo ako, muling buhayin mo ako ayon sa iyong pangako!

**Juan 6:57**—Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin.

**Juan 6:63**—Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

**2 Cor. 3:3**—Yamang nahahayag na kayo ay isang liham ni Kristo na inihain namin, isinulat hindi ng tinta kundi ng Espiritu ng buháy na Diyos; hindi sa mga tapyas na bato kundi sa mga tapyas na pusong laman.

**2 Cor. 3:6**—Na ginawa rin Niya kaming sapat na mga tagapaghain ng bagong tipan, *mga tagapaghain* hindi ng titik kundi ng Espiritu; sapagkat ang titik ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay ng buhay.

**II. Makapapasok tayo sa isang bagong pagpapanauli sa pamamagitan ng pagdating sa pinakamataas na rurok ng dibinong pahayag na ibinigay sa atin ng Diyos—ang pahayag ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos (1 Tim. 1:3-4; 1 Cor. 9:17; Gawa 26:19, 22); ito ang dakilang sagot sa dakilang tanong hinggil sa layunin ng Diyos sa Kanyang paglikha sa tao at sa Kanyang pakikitungo sa Kanyang piniling bayan (Gen. 1:26; Job 10:13; cf. Efe. 3:9):**

**1 Tim. 1:3-4**—Kung paanong hinikayat kita, nang ako ay papuntang Macedonia, na manatili sa Efeso upang maatasan mo ang ilan na huwag magturo ng mga naiibang bagay [4]Ni magbigay-pansin sa mga mito at walang katapusang talaangkanan, na nagbubunga ng mga pagtatanong sa halip na sa ekonomiya ng Diyos, na nasa pananampalataya.

**1 Cor. 9:17**—Kung kusang-loob ko itong ginagawa, may gantimpala ako; ngunit kung hindi ko kusang-loob, ako ay pinagkatiwalaan ng pagkakatiwala.

**Gawa 26:19**—Kaya, Haring Agrippa, hindi ako naging suwail sa makalangit na pangitain.

**Gawa 26:22**—Kaya nga dahil natamo ko ang tulong na mula sa Diyos, nakatayo ako hanggang sa araw na ito, nagpapatotoo kapwa sa maliit at sa malaki, walang anumang sinasabi na hiwalay sa mga bagay na mangyayari na sinabi kapwa ng mga propeta at ni Moises.

**Gen. 1:26**—Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

**Job 10:13**—Gayunma'y ang mga bagay na ito ay iyong ikinubli sa iyong puso; alam ko na ito ang layunin mo.

**cf. Efe. 3:9**—At maliwanagan ang lahat *upang kanilang makita* kung ano ang ekonomiya ng hiwaga, na sa buong kapanahunan ay nakukubli sa loob ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay.

A. Ang hiwagang nakakubli sa puso ng Diyos ay ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos (1:10; 3:9; 1 Tim. 1:4), na siyang walang hanggang intensiyon ng Diyos na may naisin ng Kanyang puso na ipamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad bilang Ama sa loob ng Anak sa pamamagitan ng Espiritu tungo sa Kanyang piniling bayan upang maging kanilang buhay at kalikasan nang sa gayon sila ay maging katulad Niya bilang Kanyang duplikasyon (Roma 8:29; 1 Juan 3:2) upang maging isang organismo, ang Katawan ni Kristo bilang bagong tao (Efe. 2:15-16), para sa kapuspusan ng Diyos, kahayagan ng Diyos (1:22-23; 3:19), na mapasusukdol sa Bagong Herusalem (Apoc. 21:2—22:5).

**Efe. 1:10**—Tungo sa ekonomiya ng kaganapan ng mga panahon, upang tipunin sa ilalim ng isang ulo ang lahat ng bagay kay Kristo, ang mga bagay na nasa kalangitan at ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa, sa Kanya.

**Efe. 3:9**—At maliwanagan ang lahat *upang kanilang makita* kung ano ang ekonomiya ng hiwaga, na sa buong kapanahunan ay nakukubli sa loob ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay.

**1 Tim. 1:4**—Ni magbigay-pansin sa mga mito at walang katapusang talaangkanan, na nagbubunga ng mga pagtatanong sa halip na sa ekonomiya ng Diyos, na nasa pananampalataya.

**Roma 8:29**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

**1 Juan 3:2**—Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Diyos, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Alam nating kung Siya ay mahayag, tayo ay magiging katulad Niya sapagkat atin Siyang makikitang gaya nga Niya.

**Efe. 2:15-16**—Pinawawalang-bisa sa Kanyang laman ang kautusan ng mga utos sa mga ordinansa, upang malikha Niya ang dalawa sa Kanyang sarili tungo sa isang bagong tao, sa ganito ay gumagawa ng
kapayapaan, [16]At maipagkasundo ang dalawa sa isang Katawan sa Diyos sa pamamagitan ng krus,
yamang pinatay na ang pagkakaalit sa pamamagitan nito.

**Efe. 1:22-23**—At ipinasakop Niya ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa at pinagkalooban
Siya na *maging* Ulo sa ibabaw ng lahat ng bagay tungo sa ekklesia, [23]Na siyang Katawan Niya, ang
kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat.

**Efe. 3:19**—At makilala ang humihigit sa kaalaman na pag-ibig ni Kristo, na kayo ay mapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Diyos.

**Apoc. 21:2—22:5**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa
langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang
asawa. [3]At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo
ng Diyos ay nasa mga tao, at magtatabernakulo Siya sa kanila, at sila ay magiging mga bayan Niya, at
ang Diyos Mismo ay sasakanila at *magiging* Diyos nila. [4]At papahirin Niya ang bawat luha sa kanilang
mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan, ni magkakaroon pa ng dalamhati o ng pagtangis o
ng sakit man; sapagkat ang dating mga bagay ay lumipas na. [5]At Siya na nakaupo sa trono ay nagsabi,
Narito, ginagawa Kong bago ang lahat ng bagay. At sinabi Niya, Isulat mo, sapagkat ang mga salitang ito
ay tapat at totoo. [6]At sinabi Niya sa akin, Nangyari na ang mga ito. Ako ang Alpha at ang Omega, ang
Pasimula at ang Wakas. Ang nauuhaw ay paiinumin Ko nang walang bayad sa balong ng tubig ng buhay.
[7]Ang nananaig ay magmamana ng mga bagay na ito, at Ako ay magiging Diyos niya, at siya ay magiging
anak Ko. [8]Ngunit sa mga duwag at sa mga hindi sumasampalataya at sa mga kasuklam-suklam at sa
mga mamamatay-tao at sa mga mapakiapid at sa mga mangkukulam at sa mga mapagsamba sa mga
diyos-diyosan at sa lahat ng bulaan, ang kanilang bahagi ay sa dagat-dagatang nagliliyab sa apoy at
asupre, na siyang ikalawang kamatayan. [9]At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok
na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang
kasintahang babae, ang asawa ng Kordero. [10]At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki
at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa
langit buhat sa Diyos, [11]Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang
napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng Kristal. [12]Ito ay may malaki at
mataas na pader at may labindalawang pintuan, at sa mga pintuan ay may labindalawang anghel, at
mga pangalang nakasulat, na siyang mga pangalan ng labindalawang lipi ng mga anak ni Israel: [13]Sa
silangan ay may tatlong pintuan, at sa hilaga ay may tatlong pintuan, at sa timog ay may tatlong pintuan,
at sa kanluran ay may tatlong pintuan. [14]At ang pader ng lunsod ay may labindalawang pundasyon, at
nasa mga ito ang labindalawang pangalan ng labindalawang apostol ng Kordero. [15]At ang nakipag-usap
sa akin ay may gintong tambo bilang panukat upang sukatin ang lunsod at ang mga pintuan nito at ang
pader nito. [16]At ang lunsod ay nakatayong parisukat, at ang haba nito ay kasinlaki ng luwang nito. At
sinukat niya ng tambo ang lunsod *sa haba na* labindalawang libong estadia; ang haba at ang luwang at
ang taas nito ay magkakasukat. [17]At sinukat niya ang pader nito, sandaan at apatnapu't apat na siko,
*ayon sa* sukat ng isang tao, yaon ay, ng isang anghel. [18]At ang pader nito ay gawa sa jaspe; at ang lunsod

ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin. [19]Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagagayakan ng bawat isang mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda; [20]Ang ikalima ay sardonica; ang ikaanim ay sardio; ang ikapito ay crisolito; ang ikawalo ay berilo; ang ikasiyam ay topacio; ang ikasampu ay crisopasio; ang ikalabing-isa ay jacinto; ang ikalabindalawa ay amatista. [21]At ang labindalawang pintuan ay labindalawang perlas; bawat isa sa mga pintuan ay yari sa isang perlas. At ang lansangan ng lunsod ay dalisay na ginto, na gaya ng naaaninag na salamin. [22]At wala akong nakitang templo sa loob nito, sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ang templo nito. [23]At ang lunsod ay hindi nangangailangan ng araw o ng buwan man upang lumiwanag dito, sapagkat nililiwanagan ito ng kaluwalhatian ng Diyos, at ang ilawan nito ay ang Kordero. [24]At lalakad ang mga bansa sa pamamagitan ng liwanag nito; at dadalhin ng mga hari sa lupa ang kanilang kaluwalhatian sa loob nito. [25]At ang mga pintuan nito ay hinding-hindi isasara sa araw, sapagkat hindi magkakaroon doon ng gabi. [26]At dadalhin nila ang kaluwalhatian at ang karangalan ng mga bansa sa loob nito. [27]At ang anumang bagay na karaniwan at ang gumagawa ng kasuklam-suklam at ng kasinungalingan ay hinding-hindi makapapasok sa loob nito, kundi yaon lamang mga nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero.

**Apoc. 22:1-5**—At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. [2]At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa. [3]At hindi na magkakaroon pa ng anumang sumpa. At ang trono ng Diyos at ng Kordero ay doroon, at ang Kanyang mga alipin ay maglilingkod sa Kanya; [4]At makikita nila ang Kanyang mukha, at ang Kanyang pangalan ay sasakanilang mga noo. [5]At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

B. Ang Diyos na naging tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos para sa pagbubunga at pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang Bagong Herusalem ay ang esensiya ng buong Biblia, ang "diyamante" sa loob ng "kahon" ng Biblia, ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Gen. 1:26; Juan 12:24; Roma 8:29:

**Gen. 1:26**—Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

**Juan 12:24**—Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil.

**Roma 8:29**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

1. Ang Diyos ay naging tao sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao sa pakikibahagi sa pagkatao ng tao; ang tao ay nagiging Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos sa pamamagitan ng transpormasyon sa pakikibahagi sa pagkadibino ng Diyos—Juan 1:14; 2 Cor. 3:18; Col. 3:4; 2 Ped. 1:4; Fil. 2:5; Roma 8:29; Heb. 2:10; Efe. 1:5; Roma 8:19; 1 Juan 3:2; Juan 1:12-13.

   **Juan 1:14**—At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

   **2 Cor. 3:18**—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

   **Col. 3:4**—Kapag si Kristo na ating buhay ay nahayag, saka mahahayag din kayong kasama Niya sa kaluwalhatian.

**2 Ped. 1:4**—Na sa pamamagitan ng mga ito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang mahalaga at napakadakilang mga pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay maging mga nakikibahagi kayo sa dibinong kalikasan, yamang nakatakas na sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa pita.

**Fil. 2:5** Mapasainyo ang ganitong pag-iisip, na na kay Kristo Hesus din naman.

**Roma 8:29**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

**Heb. 2:10**—Sapagkat nararapat para sa Kanya, na pinag-uukulan ng lahat ng bagay at ang lahat ng bagay ay sa pamamagitan Niya, sa pagdadala sa maraming anak tungo sa kaluwalhatian, na ang Maykatha ng kanilang kaligtasan ay gawing sakdal sa pamamagitan ng mga pagdurusa.

**Efe. 1:5**—Itinatalaga tayo noong una pa tungo sa pagkaanak sa pamamagitan ni Hesu-Kristo tungo sa Kanyang sarili, ayon sa mabuting kaluguran ng Kanyang kalooban.

**Roma 8:19**—Sapagkat ang masidhing pagbabantay ng sangnilikha ay sabik na naghihintay sa paghahayag sa mga anak na lalaki ng Diyos.

**1 Juan 3:2**—Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Diyos, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Alam nating kung Siya ay mahayag, tayo ay magiging katulad Niya sapagkat atin Siyang makikitang gaya nga Niya.

**Juan 1:12-13**—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan, [13]Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

2. Ang dibino-pantaong pag-iibigan ay ang paksa ng buong Biblia, ang nilalaman ng ekonomiya ng Diyos, at ang lihim ng buong sansinukob—A. A. 1:1; 6:13; cf. Hab. 1:1; 2:4; Roma 1:17:

**A. A. 1:1**—Ang awit ng mga awit na kay Solomon.

**A. A. 6:13**—Bumalik ka, bumalik ka, O Shulamita. Bumalik ka, bumalik ka, upang ikaw ay amng pagmasdan.

**cf. Hab. 1:1**—Ang pahayag ng Diyos na nakita ni propeta Habakuk.

**Hab. 2:4**—Masdan mo ang palalo! Hindi tapat sa kanya ang kaluluwa niya, ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya.

**Roma 1:17**—Sapagkat dito ang katuwiran ng Diyos ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya, gaya ng nasusulat, "Ngunit ang matuwid ay magkakaroon ng buhay at mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya."

a. Si Kristo ay dibino at tao, at ang Kanyang natranspormang mangingibig ay tao at dibino; sila ay magkatulad sa buhay at kalikasan, ganap na tumutugma sa isa't isa.

b. Ang Tres-unong Diyos na napasukdol upang maging Asawang lalaki at ang taong may tatlong bahagi na natransporma upang maging kasintahang babae ay magiging mag-asawa, isang pansama-sama, dakilang Diyos-tao—Apoc. 21:2, 9; 22:17a.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:9**—At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero.

**Apoc. 22:17a**—At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

C. Ang sentrong pahayag ng Diyos at ng pagbabawi ng Panginoon ay ang Diyos na naging laman (Juan 1:1, 14), ang laman na naging Espiritung nagbibigay-buhay (1 Cor. 15:45b), at ang Espiritung nagbibigay-buhay na naging ang pitong ulit na pinatinding Espiritu (Apoc. 1:4; 3:1; 4:5; 5:6) upang itayo ang ekklesia (Mat. 16:18) na nagiging Katawan ni Kristo (Efe. 4:15-16) at napasusukdol sa Bagong Herusalem (Apoc. 21:2, 9; 22:17a; cf. Gen. 2:22; Juan 19:34).

**Juan 1:1**—Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos.

**Juan 1:14**—At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

**1 Cor. 15:45b**—Gayundin naman ay nasusulat, "Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay"; ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

**Apoc. 1:4**—Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono.

**Apoc. 3:1**—At sa sugo ng ekklesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may pitong Espiritu ng Diyos at may pitong bituin: Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalan na ikaw ay buháy, ngunit ikaw ay patay.

**Apoc. 4:5**—At mula sa trono ay lumalabas ang mga kidlat at mga tinig at mga kulog. At *may* pitong ilawang apoy na nagliliyab sa harap ng trono, na siyang pitong Espiritu ng Diyos.

**Apoc. 5:6**—At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay *pa lamang*, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa.

**Mat. 16:18**—At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

**Efe. 4:15-16**—Kundi sa pagtangan sa katotohanan sa loob ng pagibig, tayo ay lumago sa lahat ng bagay tungo sa Kanya, na siyang Ulo, si Kristo, 16Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasukasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan sa ikatatayo ng sarili nito sa loob ng pag-ibig.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:9**—At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero.

**Apoc. 22:17a**—At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

**cf. Gen. 2:22**—At ang tadyang na kinuha ng Panginoong Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

**Juan 19:34**—Ngunit inulos ng sibat ng isa sa mga kawal ang Kanyang tagiliran, at kaagad ay may lumabas na dugo at tubig.

D. Ang Diyos at tao ay magiging isang entidad, at ang isang entidad na iyon ay ang pagsasama ng pagkadibino sa pagkatao, na mapasusukdol sa Bagong Herusalem bilang kongklusyon ng buong Biblia—Apoc. 21:3, 22, 2, 9; cf. Lev. 2:4-5; Awit 92:10.

**Apoc. 21:3**—At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at magtatabernakulo Siya sa kanila, at sila ay magiging mga bayan Niya, at ang Diyos Mismo ay sasakanila at *magiging* Diyos nila.

**Apoc. 21:22**—At wala akong nakitang templo sa loob nito, sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ang templo nito.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:9**—At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero.

**cf. Lev. 2:4-5**—Kapag ikaw ay magdadala ng butil na handog na niluto sa hurno, dapat na ito ay tinapay na walang pampaalsa mula sa piling harina na hinaluan ng langis, o maninipis na tinapay na walang

pampaalsa na hinaluan ng langis. 5At kung ang iyong alay ay butil na handog na luto sa kawali, dapat na ang iyong handog ay piling harina na walang pampaalsa na hinaluan ng langis.

**Awit 92:10**—Ngunit itinaas mo ang sungay ko, na gaya ng sa mailap na toro, ng sariwang langis ako'y binuhusan mo.

E. "Umaasa ako na ang mga banal sa lahat ng ekklesia sa buong mundo, lalo na ang mga kamanggagawa at mga matanda, ay makikita ang pahayag na ito at pagkatapos ay babangon upang manalangin na bigyan tayo ng Diyos ng isang bagong pagpapanauli—isang pagpapanauli na hindi pa kailanman naitala sa kasaysayan"—*Life-study of 1 and 2 Chronicles,* p. 15.

**III. Kung isasagawa natin ang pamumuhay ng buhay ng isang Diyos-tao, na siyang realidad ng Katawan ni Kristo, kusang-kusang maitatayo ang isang sama-samang modelo, isang modelo na namumuhay sa ekonomiya ng Diyos; ang modelong ito ang magiging pinakamalaking pagpapanauli sa kasaysayan ng ekklesia upang pabalikin ang Panginoon—Awit 48:2 at talababa 1; Apoc. 3:12, 21:**

**Awit 48:2**—Maganda sa kataasan, ang kagalakan ng buong lupa, ang Bundok ng Zion, sa malayong hilaga, ang lunsod ng dakilang Hari.

**Awit 48:2 Talababa 1**—Ang Zion ay ang lunsod ni Haring David (2 Sam. 5:7), ang sentro ng lunsod ng Herusalem, kung saan ang templo bilang ang pinaninirahang-lugar ng Diyos sa lupa ay naitayo (9:11; 74:2; 76:2b; 135:21; Isa. 8:18). Sumasagisag sa grupo ng mga mandaraig ang Zion sa loob ng Herusalem, ang napasakdal at gumulang na mga Diyos-tao, sa loob ng ekklesia bilang ang makalangit na Herusalem (Heb. 12:22; Apoc. 14:1-5). Bilang ang pinakatampok at kagandahan ng banal na lunsod ng Herusalem (b. 2; 50:2), sumasagisag ang Zion sa mga mandaraig bilang ang mataas na rurok, ang sentro, ang pagpapataas, ang pagpapalakas, ang pagpapayaman, ang kagandahan, at ang realidad ng ekklesia (bb. 2, 11-12; 20:2; 53:6a; 87:2). Ang mga mandaraig bilang ang Zion ay ang realidad ng Katawan ni Kristo at magaganap ang pagtatayo ng Katawan sa mga ekklesia-lokal upang maihatid ang naganap na banal sa lunsod, ang Bagong Herusalem, ang dakong Banal ng mga Banal bilang pinaninirahang-lugar ng Diyos, sa kawalang-hanggan (Apoc. 21:1-3, 16, 22). Sa bagong langit at bagong lupa ang buong Bagong Herusalem ay magiging ang Zion, kasama ang lahat ng mananampalataya bilang mga mandaraig (Apoc. 21:7 at talâ 1).

**Apoc. 3:12**—Ang nananaig ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hinding-hindi siya lalabas pa roon, at isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa buhat sa langit mula sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan.

**Apoc. 3:21**—Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono.

A. Kailangan ng Diyos ng isang sama-samang tao na ibabangon ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ng mataas na rurok ng dibinong pahayag upang mamuhay ng isang buhay na ayon sa pahayag na ito; ang pagpapanauli ay ang pagsasagawa, ang praktikalidad, ng pangitaing ating nakita.

B. Ang mga tagasunod ni Kristo (Mat. 5:1; 28:19) ay ginawang disipulo sa pamamagitan ng pantaong pamumuhay ni Kristo sa lupa, bilang modelo ng isang Diyos-tao—ipinamumuhay ang Diyos sa pamamagitan ng pagtatatwa ng Kanyang sarili sa pagkatao (Juan 5:19, 30), binabago ang kanilang konsepto hinggil sa tao (Fil. 3:10; 1:21a).

**Mat. 5:1**—At nang makita Niya ang mga kalipunan, umakyat Siya sa bundok. At nang makaupo na Siya, lumapit sa Kanya ang Kanyang mga disipulo.

**Mat. 28:19**—Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

**Juan 5:19**—Kaya't sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Walang anumang magagawa ang Anak mula sa Kanyang sarili kundi kung ano ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama, sapagkat anuman ang ginagawa ng Isang iyon, ang mga bagay na ito ang ginagawa rin ng Anak sa gayunding paraan.

**Juan 5:30**—Hindi Ako makagagawa ng anuman mula sa Aking sarili; humahatol Ako ayon sa Aking naririnig, at ang Aking paghatol ay matuwid, sapagkat hindi Ko hinahanap ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin.

**Fil. 3:10**—Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na ako ay iwinawangis sa Kanyang kamatayan.

**Fil. 1:21a**—Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang.

C. Ang ating buhay ay dapat maging isang kopya, isang pagpaparami, ng modelo ng buhay ni Kristo, ang unang Diyos-tao—1 Ped. 2:21; Mat. 11:28-29; Efe. 4:20-21; Juan 17:4; 5:17; Fil. 1:19-22, 25.

**1 Ped. 2:21**—Sapagkat ukol dito ay tinawag kayo, dahil si Kristo rin naman ay nagdusa alang-alang sa inyo, nag-iwan sa inyo ng modelo upang kayo ay sumunod sa Kanyang mga yapak.

**Mat. 11:28-29**—Pumarito sa Akin ang lahat na mga nagpapagal at nabibigatan, at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan. [29]Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa.

**Efe. 4:20-21**—Ngunit hindi sa ganoon ninyo natutuhan si Kristo, [21]Kung tunay na Siya ay inyong narinig at kayo ay naturuan sa Kanya kung paanong ang realidad ay na kay Hesus.

**Juan 17:4**—Niluwalhati Kita sa lupa, sa pagtapos Ko ng gawain na ipinagagawa Mo sa Akin.

**Juan 5:17**—Ngunit sumagot sa kanila si Hesus, Hanggang ngayon ay gumagawa ang Aking Ama, at Ako ay gumagawa rin.

**Fil. 1:19-22**—Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, [20]Ayon sa aking labis na inaasahan at pag-asa na sa anuman ay hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayundin naman ngayon ay dadakilain si Kristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan. [21]Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang. [22]Ngunit kung ako ay mabubuhay sa laman, kung ito sa akin ay bunga ng aking gawa, kung gayon ay hindi ko alam kung ano ang aking pipiliin.

**Fil. 1:25**—At nagtitiwala sa bagay na ito, alam kong mananatili ako at magpapatuloy na kasama ninyong lahat para sa inyong pagsulong at kagalakan ng pananampalataya.

D. Ang Espiritu ng buhay at realidad na inihinga tungo sa loob ng mga disipulo ang gagabay sa kanila tungo sa lahat ng realidad ng kanilang naobserbahan sa Panginoon noong sila ay kasama Niya sa loob ng tatlo at kalahating taon—Juan 16:13; 20:22:

**Juan 16:13**—Subalit kapag Siya, ang Espiritu ng realidad, ay dumating, gagabayan Niya kayo sa lahat ng realidad; sapagkat hindi Siya magsasalita nang mula sa Kanyang sarili, kundi anuman ang Kanyang marinig ay Kanyang sasalitain; at Kanyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na darating.

**Juan 20:22**—At nang masabi Niya ito, *sila* ay hiningahan Niya tungo sa loob *nila* at sinabi sa kanila, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo.

1. Sa pasimula ng ministeryo ng unang Diyos-tao, Siya ay binautismuhan upang tuparin ang lahat ng katuwiran, kinikilala na ayon sa Kanyang laman (Kanyang pagkatao—1:14; Roma 1:3; 8:3), Siya ay mainam lamang para sa kamatayan at paglilibing lamang (Mat. 3:15-17).

   **Juan 1:14**—At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

   **Roma 1:3**—Hinggil sa Kanyang Anak, na dumating mula sa binhi ni David ayon sa laman.

   **Roma 8:3**—Sapagkat ang kautusan, yaong hindi *nito* magawa, dahil mahina ito sa pamamagitan ng laman, ang Diyos, sa pagsusugo ng Kanyang sariling Anak sa wangis ng laman ng kasalanan at hinggil sa kasalanan, ay kinondena ang kasalanan sa laman.

   **Mat. 3:15-17**—Subalit sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Hayaan mo ngayon, sapagkat ganito ang nararapat sa atin, upang tuparin ang lahat ng katuwiran. Pagkatapos ay kanyang pinayagan Siya. [16]At nang mabautismuhan, agad na umahon si Hesus mula sa tubig, at narito, ang kalangitan ay nabuksan sa Kanya, at nakita Niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang parang isang kalapati at padapo sa Kanya. [17]At narito, may isang tinig mula sa kalangitan, na nagsasabi, Ito ang Aking Anak, ang Minamahal, sa Kanya Ko nasumpungan ang Aking kaluguran.

2. Sinanay Niya ang Kanyang mga disipulo na matuto sa Kanya (11:29) sa himala ng pagpapakain sa limanlibong tao gamit ang limang tinapay at dalawang isda; ang Kanyang “pagtingala sa langit”

upang pagpalain ang limang tinapay at dalawang isda (14:19) ay nagpapahiwatig ng Kanyang pagkatanto na ang pinagmumulan ng pagpapala ay hindi Siya, ang isinugong Isa, kundi ang Ama, ang nagsusugong Isa (Juan 10:30; 5:19, 30; 7:6, 8, 18).

**Mat. 11:29**—Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa.

**Mat. 14:19**—At pagkatapos utusan ang mga kalipunan na maupo sa damuhan, kinuha Niya ang limang tinapay at ang dalawang isda, at pagtingala sa langit, pinagpala Niya at pinagpira-piraso ang mga tinapay at ibinigay ang mga ito sa mga disipulo, at ng mga disipulo sa mga kalipunan.

**Juan 10:30**—Ako at ang Ama ay iisa.

**Juan 5:19**—Kaya't sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Walang anumang magagawa ang Anak mula sa Kanyang sarili kundi kung ano ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama, sapagkat anuman ang ginagawa ng Isang iyon, ang mga bagay na ito ang ginagawa rin ng Anak sa gayunding paraan.

**Juan 5:30**—Hindi Ako makagagawa ng anuman mula sa Aking sarili; humahatol Ako ayon sa Aking naririnig, at ang Aking paghatol ay matuwid, sapagkat hindi Ko hinahanap ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin.

**Juan 7:6**—Kaya sinabi sa kanila ni Hesus, Hindi pa dumarating ang oras Ko, subalit ang oras ninyo ay laging nakahanda.

**Juan 7:8**—Umahon kayo sa kapistahan; hindi Ako aahon sa kapistahang ito, sapagkat ang oras Ko ay hindi pa nagaganap.

**Juan 7:18**—Siya na nagsasalita mula sa kanyang sarili ay naghahanap ng kanyang sariling kaluwalhatian; ngunit Siya na naghahanap ng kaluwalhatian Niyaong nagsugo sa Kanya, ang Isang ito ay totoo, at ang kalikuan ay wala sa Kanya.

3. Hindi nanatili ang Panginoon sa kinalabasan ng himala kasama ang mga kalipunan kundi umalis palayo sa kanila upang makasama ang Ama nang pribado sa bundok sa loob ng panalangin—Mat. 14:22-23; Luc. 6:12.

   **Mat. 14:22-23**—At kaagad na pinilit Niya ang mga disipulo na lumulan sa bangka at mauna sa Kanya sa kabilang ibayo, habang pinaaalis Niya ang mga kalipunan. [23]At pagkatapos Niyang paalisin ang mga kalipunan, umakyat Siyang mag-isa sa bundok upang manalangin. At nang sumapit ang gabi, Siya ay nag-iisa roon.

   **Luc. 6:12**—At sa mga araw na ito ay pumunta Siya sa bundok upang manalangin, at ginugol Niya ang buong gabi sa pananalangin sa Diyos.

4. Namuhay ang Panginoon ng isang buhay na nakikipag-ugnay sa Diyos (Marc. 1:35; Luc. 5:16; 6:12; 9:28; Heb. 7:25), namumuhay sa presensiya ng Diyos nang walang patid (Gawa 10:38c; Juan 8:29; 16:32), at kumakaugnay sa mga tao, inihahain ang Diyos tungo sa kanila upang dalhin sila tungo sa jubileo ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos (Luc. 4:18-19; Heb. 8:2; cf. Gen. 14:18; Gawa 6:4).

   **Marc. 1:35**—At pagkabangon nang maagang-maaga, *samantalang* gabi *pa*, lumabas Siya at pumunta sa isang ilang na lugar, at nanalangin Siya roon.

   **Luc. 5:16**—Subalit Siya mismo ay *madalas* na lumalayo patungo sa ilang at nananalangin.

   **Luc. 6:12**—At sa mga araw na ito ay pumunta Siya sa bundok upang manalangin, at ginugol Niya ang buong gabi sa pananalangin sa Diyos.

   **Luc. 9:28**—At mga walong araw pagkatapos ng mga salitang ito, isinama *Niya* sina Pedro at Juan at Santiago, at umakyat sa bundok upang manalangin.

   **Heb. 7:25**—Kaya may kakayahan din Siyang iligtas sa sukdulan ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, yamang lagi Siyang nabubuhay upang mamagitan para sa kanila.

   **Gawa 10:38c**—Si Hesus, ang Isa na mula sa Nazareth, kung paanong pinahiran Siya ng Diyos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan, na lumibot na gumagawa ng mabuti at nagpapagaling ng lahat ng sinisiil ng diyablo, sapagkat kasama Niya ang Diyos.

**Juan 8:29**—Kaya sinabi sa kanila ni Hesus, Kapag itinaas ninyo ang Anak ng Tao, saka ninyo malalaman na Ako nga, at *na* wala Akong ginagawa mula sa Aking sarili, kundi ayon sa itinuro sa Akin ng Aking Ama, sinasalita Ko ang mga bagay na ito.

**Juan 16:32**—Narito, darating ang oras, at dumating na, na kayo ay mangangalat, ang bawat isa sa kanya-kanyang lugar at iiwan Akong mag-isa; subalit hindi Ako nag-iisa, sapagkat ang Ama ay kasama Ko.

**Luc. 4:18-19**—"Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasa-Akin, sapagkat pinahiran Niya Ako upang magpahayag ng ebanghelyo sa mga dukha; isinugo Niya Ako upang iproklama ang pagpapalaya sa mga bihag, at ang pagpapanumbalik ng paningin sa mga bulag, upang palayain ang mga inaapi, [19]upang iproklama ang katanggap-tanggap na taon ng Panginoon, *ang taon ng jubileo*."

**Heb. 8:2**—Isang Tagapaghain ng mga dakong banal, maging ng tunay na tabernakulo, na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao.

**cf. Gen. 14:18**—At si Melquizedek, hari ng Salem na pari ng Kataas-taasang Diyos, ay naglabas ng tinapay at alak.

**Gawa 6:4**—Ngunit magpapatuloy kaming matibay sa pananalangin at sa ministeryo ng salita.

5. Siya ay isang tao na sa Kanya si Satanas, ang pinuno ng sanlibutan, ay walang anuman (walang puwang, walang pagkakataon, walang pag-asa, walang posibilidad sa anuman)—Juan 14:30b, cf. b. 20; 2 Cor. 12:2a; Col. 1:27; 2 Tim. 4:22; Juan 3:6b; 4:23-24; 1 Juan 5:4, 18.

**Juan 14:30b**—Hindi na Ako magsasalita pa ng marami sa inyo, sapagkat dumarating ang pinuno ng sanlibutan, at sa Akin ay wala siyang anuman.

**cf. Juan 14:20**—Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako ay nasa Aking Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo.

**2 Cor. 12:2a**—May kilala akong isang lalaking na kay Kristo, labing-apat na taon na ang nakararaan (kung nasa katawan ay hindi ko alam, o kung nasa labas ng katawan ay hindi ko alam; alam ng Diyos), ang isang iyon ay inagaw tungo sa ikatlong langit.

**Col. 1:27**—Sa kanila ay niloob ng Diyos na ipaalam kung ano ang kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Hentil, na ito ay si Kristong nasa loob ninyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian.

**2 Tim. 4:22**—Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.

**Juan 3:6b**—Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

**Juan 4:23-24**—Subalit darating ang oras, at ngayon na nga, na sasambahin ng mga totoong sumasamba ang Ama sa espiritu at pagkamakatotohanan; sapagkat hinahanap din ng Ama ang mga gayon upang sumamba sa Kanya. [24]Ang Diyos ay Espiritu, at ang mga sumasamba sa Kanya ay kinakailangang sumamba sa espiritu at pagkamakatotohanan.

**1 Juan 5:4**—Sapagkat ang bawat ipinanganak ng Diyos ay dumadaig sa sanlibutan; at ito ang tagumpay na dumadaig sa sanlibutan—ang ating pananampalataya.

**1 Juan 5:18**—Alam natin na ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, kundi siya na ipinanganak ng Diyos ay nag-iingat ng kanyang sarili, at ang masamang isa ay hindi siya nahihipo.

E. Ang tanging paraan upang ipamuhay ang buhay ng isang Diyos-tao ayon sa modelo ng Panginoon ay ang ituon ang ating buong katauhan sa pinagsamang espiritu, lumalakad, namumuhay, at iginagawi ang ating katauhan ayon sa pinagsamang espiritu—Roma 8:2, 4, 10, 6, 11, 16; 1 Cor. 6:17; Roma 10:12; Gal. 5:25; Efe. 6:17-18; 1 Tes. 5:16-20; 1 Tim. 4:6-7; 2 Tim. 1:6-7.

**Roma 8:2**—Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagpalaya sa akin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.

**Roma 8:4**—Upang ang matuwid na kahingian ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi lumalakad ayon sa laman kundi ayon sa espiritu.

**Roma 8:10**—Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran.

**Roma 8:6**—Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.

**Roma 8:11**—At kung ang Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay naninirahan sa inyo, Siya na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay rin ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung naninirahan sa loob ninyo.

**Roma 8:16**—Ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

**1 Cor. 6:17**—Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang espiritu.

**Roma 10:12**—Sapagkat walang pagkakaiba ang Hudyo at Griyego, sapagkat ang Panginoon din *ay Panginoon* ng lahat *at* mayaman sa lahat ng tumatawag sa Kanya.

**Gal. 5:25**—Kung tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, lumakad din tayo sa pamamagitan ng Espiritu.

**Efe. 6:17-18**—At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na ang Espiritu ay ang salita ng Diyos, **18**Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal.

**1 Tes. 5:16-20**—Magalak kayong lagi, 17Manalangin kayo nang walang patid, 18Sa lahat ng bagay ay magpasalamat kayo; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos sa loob ni Kristo Hesus para sa inyo. 19Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu; 20Huwag ninyong hamakin ang mga propesiya.

**1 Tim. 4:6-7**—Kung ilalahad mo ang mga bagay na ito sa mga kapatid, ikaw ay magiging isang mabuting tagapaghain ni Kristo Hesus, na pinakakain ng mga salita ng pananampalataya at ng mabuting pagtuturo na mahigpit mong sinusunod. 7Subalit ang mga di-banal at mga mito ng matatandang kababaihan ay tanggihan mo, at ensayuhin mo ang iyong sarili tungo sa pagkamakadiyos.

**2 Tim. 1:6-7**—Dahil dito ay pinaaalalahanan kita na paningasin mo ang kaloob ng Diyos na nasa iyo sa pamamagitan ng pagpapatong ng aking mga kamay. 7Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng karuwagan, kundi ng kapangyarihan at ng pag-ibig at ng mahinahong kaisipan.

F. "Dapat nating lahat ideklara na nais nating ipamuhay ang buhay ng isang Diyos-tao. Kalaunan, ang mga Diyos-tao ay magiging mga matagumpay, mga mandaraig, ang Zion sa loob ng Herusalem. Magpapasok ito ng isang bagong pagpapanauli na hindi pa kailanman nakita sa kasaysayan, at ito ang magtatapos sa kapanahunang ito"—*Life-study of 1 and 2 Chronicles,* p. 28.

**IV. Makapapasok tayo sa isang bagong pagpapanauli sa pamamagitan ng pakikibahagi sa makalangit na ministeryo ni Kristo na pakainin ang Kanyang mga kordero at pastulin ang Kanyang mga tupa upang mapangalagaan ang kawan ng Diyos, na siyang ekklesia na nagreresulta sa Katawan ni Kristo; ito ay upang ilakip ang apostolikong ministeryo sa makalangit na ministeryo ni Kristo—Juan 21:15-17; 1 Ped. 2:25; 5:1-4; Heb. 13:20-21; Apoc. 1:12-13:**

**Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. 16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. 17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

**1 Ped. 2:25**—Sapagkat kayo ay gaya ng mga tupang naliligaw, ngunit ngayon ay nagbalik na kayo sa Pastol at Tagapangasiwa ng inyong mga kaluluwa.

**1 Ped. 5:1-4**—Kaya nga hinihikayat ko ang mga matanda sa inyo, ako na kapwa matanda at saksi sa mga pagdurusa ni Kristo, na isa ring bumabahagi sa kaluwalhatiang ihahayag: 2Pastulin ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo, nangangasiwa hindi sa paraang napipilitan kundi kusang-loob, ayon sa Diyos; hindi dahil sa paghahangad ng pakinabang sa pamamagitan ng masamang paraan kundi sa karubduban; 3Hindi rin gaya ng namamanginoon sa mga bahaging inilaan sa inyo kundi sa pamamagitan ng pagiging mga tularan ng kawan. 4At kapag ang Punong Pastol ay nahayag, tatanggapin ninyo ang di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian.

**Heb. 13:20-21**—Ngayon ang Diyos ng kapayapaan, Siya na nag-ahon mula sa mga patay sa ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang tipan, 21Ay pasakdalin

nawa kayo sa bawat mabuting gawa para sa paggawa ng Kanyang kalooban, ginagawa sa atin yaong kalugod-lugod sa Kanyang paningin sa pamamagitan ni Hesu-Kristo; mapasa-Kanya ang kaluwalhatian magpakailan pa man. Amen.

**Apoc. 1:12-13**—At ako ay lumingon upang makita ang tinig na nagsalita sa akin; at nang ako ay lumingon, nakita ko ang pitong gintong patungan ng ilawan, [13]At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

A. Kailangan nating pastulin ang mga tao ayon sa tularan ng Panginoong Hesus sa Kanyang ministeryo para sa pagsasagawa ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Mat. 9:36; Juan 10:11; Heb. 13:20; 1 Ped. 5:4:

**Mat. 9:36**—At nang makita Niya ang mga kalipunan, Siya ay nahahabag sa kanila, sapagkat sila ay niligalig at itinapon na parang mga tupa na walang pastol.

**Juan 10:11**—Ako ang mabuting Pastol; ibinibigay ng mabuting Pastol ang Kanyang buhay para sa mga tupa.

**Heb. 13:20**—Ngayon ang Diyos ng kapayapaan, Siya na nag-ahon mula sa mga patay sa ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang tipan.

**1 Ped. 5:4**—At kapag ang Punong Pastol ay nahayag, tatanggapin ninyo ang di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian.

1. Ang nilalaman ng buong Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos sa Kanyang kumpletong pagliligtas ay si Kristo bilang Anak ng Tao na nagkakandili sa atin sa pamamagitan ng pagtutubos sa atin mula sa kasalanan, isinasakatuparan ang Kanyang pambatas na katubusan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan (1 Tim. 1:15; Efe. 1:7), at si Kristo bilang Anak ng Diyos na nagpapakain sa atin upang ipamahagi nang sagana ang dibinong buhay tungo sa atin, isinasagawa ang Kanyang organikong pagliligtas sa Kanyang pagkabuhay na muli (Juan 10:10; 1 Cor. 15:45b; Efe. 5:29).

**1 Tim. 1:15**—Tapat ang salita at karapat-dapat sa lubos na pagtanggap, na si Kristo Hesus ay dumating sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan, na sa mga ito, ako ang pangunahin.

**Efe. 1:7**—Na sa Kanya ay mayroon tayong katubusan sa pamamagitan ng Kanyang dugo, ang kapatawaran ng ating mga pagsalangsang, ayon sa kayamanan ng Kanyang biyaya.

**Juan 10:10**—Ang magnanakaw ay hindi pumaparito malibang magnakaw at pumatay at pumuksa; Ako ay pumarito upang sila ay magkaroon ng buhay at magkaroon *nito* nang sagana.

**1 Cor. 15:45b**—Gayundin naman ay nasusulat, "Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay"; ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

**Efe. 5:29**—Sapagkat walang sinumang napoot kailanman sa kanyang sariling laman, kundi pinakakain at kinakandili ito, gaya rin ni Kristo sa ekklesia.

2. Ang hindi natin pagkakaroon ng umiibig at nagpapatawad na puso ng Ama at ng nagpapastol at naghahanap na espiritu ng Manliligtas ay ang dahilan ng ating pagiging walang bunga—Luc. 15:1-24.

**Luc. 15:1-24**—Ngayon, ang lahat ng maniningil ng buwis at mga makasalanan ay lumalapit sa Kanya upang pakinggan Siya. [2]At kapwa ang mga Fariseo at mga eskriba ay nagbulong-bulungan, na nagsasabi, Tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan at kumakaing kasama nila. [3]At isinalaysay Niya sa kanila ang talinghagang ito, na nagsasabi, [4]Sino sa inyo, na may sandaang tupa at nawala ang isa sa mga ito, ang hindi iiwan ang siyamnapu't siyam sa ilang at hahanapin ang nawawala hanggang sa matagpuan niya ito? [5]At kapag natagpuan niya *ito*, papasanin niya *ito* sa kanyang mga balikat, na nagagalak. [6]At pagdating niya sa kanyang bahay, tatawagin niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay, na sinasabi sa kanila, Makigalak kayo sa akin, sapagkat natagpuan ko ang aking tupang nawala. [7]Sinasabi Ko sa inyo na sa gayunding paraan ay magkakaroon ng *higit na* kagalakan sa langit sa isang makasalanang nagsisisi kaysa sa siyamnapu't siyam na matuwid na hindi nangangailangan ng pagsisisi. [8]O sinong babae na may sampung baryang pilak, na kung maiwala niya ang isang baryang pilak, ang hindi magsisindi ng ilawan at magwawalis ng bahay at maghahanap nang mabuti hanggang matagpuan niya *ito*? [9]At kapag natagpuan niya *ito*, tatawagin niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay, na nagsasabi,

Makigalak kayo sa akin, sapagkat natagpuan ko na ang baryang naiwala ko. [10]Gayundin, sinasabi Ko sa inyo, may kagalakan sa presensiya ng mga anghel ng Diyos sa isang makasalanang nagsisisi. [11]At sinabi Niya, Isang tao ang may dalawang anak na lalaki. [12]At ang nakababata sa kanila ay nagsabi sa kanyang ama, Ama, ibigay mo sa akin ang bahagi ng ari-ariang nauukol sa *akin*. At ipinamahagi niya sa kanila ang kanyang kabuhayan. [13]At makalipas ang ilang araw, pagkatipon ng lahat ng bagay, ang nakababatang anak ay naglakbay sa isang malayong lupain at doon ay nilustay ang kanyang ari-arian sa napariwarang pamumuhay. [14]At nang maubos na niya ang lahat, nagkaroon ng isang matinding taggutom sa buong lupaing iyon, at nagsimula siyang mangailangan. [15]At pumunta siya at nakisama sa isa sa mga mamamayan ng lupaing iyon; at kanyang pinapunta siya sa kanyang bukirin upang magpakain ng mga baboy. [16]At inasam niyang mabusog sa balat ng carob na kinakain ng mga baboy, at walang nagbigay ng *anuman* sa kanya. [17]Ngunit nang matauhan siya, sinabi niya, Ilan sa mga upahang lingkod ng aking ama ang nananagana sa pagkain, subalit ako rito ay namamatay sa gutom! [18]Babangon ako at pupunta sa aking ama, at sasabihin ko sa kanya, Ama, ako ay nagkasala laban sa langit at sa iyong harapan. [19]Hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak mo; gawin mo *na lang* akong tulad ng isa sa iyong mga upahang lingkod. [20]At bumangon siya at pumunta sa kanyang sariling ama. Subalit habang malayo pa siya, nakita siya ng kanyang ama at nahabag, at tumakbo at niyakap siya at magiliw siyang hinagkan. [21]At sinabi ng anak sa kanya, Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa iyong harapan; hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak mo. [22]Subalit sinabi ng ama sa kanyang mga alipin, Dali, ilabas ninyo ang pinakamainam na balabal at isuot *ito* sa kanya, at lagyan ng singsing ang kanyang kamay at ng mga sandalyas ang kanyang mga paa. [23]At dalhin ninyo ang pinatabang guya; patayin *ito*, at kumain tayo at magsaya, [24]Sapagkat ang anak kong ito ay patay na at muling nabuhay; siya ay nawala at natagpuan. At nagsimula silang magsaya.

3. Kailangan nating kandilihin ang mga tao (gawin silang masaya at ipadama sa kanila na sila ay kaaya-aya at komportable) sa pagkatao ni Hesus (Mat. 9:10; Luc. 7:34); kailangan nating pakainin ang mga tao (pakainin sila ng nagpapaloob ng lahat na Kristo sa Kanyang ministeryo ng tatlong yugto) sa pagkadibino ni Kristo (Mat. 24:45-47).

   **Mat. 9:10**—At habang nakahilig Siya *sa hapag* sa loob ng bahay, narito, dumating ang maraming maniningil ng buwis at mga makasalanan at dumulang na kasama ni Hesus at ng Kanyang mga disipulo.

   **Luc. 7:34**—Dumating ang Anak ng Tao na kumakain at umiinom, at sinasabi ninyo, Narito, isang taong matakaw at manginginom, kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan.

   **Mat. 24:45-47**—Sino nga ba ang tapat at may maingat na katalinuhang alipin, na itinalaga ng panginoon sa kanyang sambahayan upang magbigay sa kanila ng pagkain sa tamang panahon? [46]Pinagpala ang aliping iyon na sa pagdating ng kanyang panginoon ay masusumpungan siyang gayon ang ginagawa. [47]Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na siya ay pamamahalain niya sa lahat ng kanyang ari-arian.

4. Kinailangang dumaan ni Kristo sa Samaria, sinasadyang lumihis patungong Sicar upang matamo ang isang imoral na babae, kinakandili siya sa pamamagitan ng paghiling sa kanya na bigyan Siya ng maiinom upang mapakain siya ng dumadaloy na Tres-unong Diyos bilang ilog ng tubig ng buhay—Juan 4:3-14; Apoc. 22:1.

   **Juan 4:3-14**—Nilisan Niya ang Judea at pumuntang muli sa Galilea. [4]At kinailangan Niyang dumaan sa Samaria. [5]Kaya sumapit Siya sa isang lunsod ng Samaria na tinatawag na Sicar, malapit sa bahagi ng lupang ibinigay ni Jacob kay Jose na kanyang anak; [6]At naroon ang balon ni Jacob. Kaya si Hesus, na pagod mula sa paglalakbay, ay umupo sa tabi ng balon. Mag-iikaanim na oras na noon. [7]Dumating ang isang babaeng taga-Samaria upang umigib ng tubig. Sinabi sa kanya ni Hesus, Bigyan mo Ako ng *bagay na* maiinom. [8]Sapagkat umalis ang Kanyang mga disipulo patungong lunsod upang bumili ng pagkain. [9]Kaya sinabi sa Kanya ng babaeng Samaritana, Paano *ngang* Ikaw, na isang Hudyo, ay humihingi ng maiinom sa akin, na isang babaeng Samaritana? (Sapagkat ang mga Hudyo ay walang pakikipag-ugnayan sa mga Samaritano). [10]Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Kung nalalaman mo ang kaloob ng Diyos at kung sino ang sa iyo ay nagsasabi, Bigyan mo Ako ng maiinom, ikaw ay

hihingi sa Kanya, at bibigyan ka Niya ng buháy na tubig. [11]Sinabi sa Kanya ng babae, Ginoo, wala Kang timba, at malalim ang balon; saan Mo kukunin ang buháy na tubig na ito? [12]Mas dakila Ka pa ba sa aming amang si Jacob, na nagbigay sa amin ng balon at mula rito ay uminom siya mismo, gayundin ang kanyang mga anak at ang kanyang mga hayop? [13]Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Ang bawat umiinom ng tubig na ito ay muling mauuhaw, [14]Subalit ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan.

**Apoc. 22:1**—At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito.

5. Bilang Isa na walang kasalanan, hindi Niya kinondena ang mapangalunyang babae kundi kinandili siya para sa kapatawaran ng kanyang mga kasalanan sa pambatas at para sa pagpapalaya mula sa kanyang mga kasalanan sa pang-organiko (Juan 8:1-11, 32, 36); makahulugan din na ang unang tao na iniligtas ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang pagkapako sa krus ay isang magnanakaw na sinentensiyahan ng kamatayan (Luc. 23:42-43).

   **Juan 8:1-11**—Ngunit pumunta si Hesus sa Bundok ng mga Olibo. [2]At kinabukasan nang maaga ay muli Siyang pumunta sa templo, at ang lahat ng tao ay lumapit sa Kanya, at umupo Siya at tinuruan sila. [3]At dinala ng mga eskriba at mga Fariseo ang isang babaeng nahuli sa pangangalunya, at nang mailagay siya sa gitna, [4]Sinabi nila sa Kanya, Guro, nahuli sa akto na nangangalunya ang babaeng ito. [5]Ngayon sa kautusan, ipinag-utos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyang babae. Ano nga ang masasabi Mo? [6]Ngunit sinabi nila ito upang subukin Siya, nang sa gayon ay magkaroon sila ng *dahilang* akusahan Siya. Ngunit yumuko si Hesus at sumulat sa lupa gamit ang Kanyang daliri. [7]Ngunit nang magpatuloy sila sa pagtatanong sa Kanya, tumayo Siya at sinabi sa kanila, Ang walang kasalanan sa inyo, hayaan siya *ang* unang bumato sa kanya. [8]At muli Siyang yumuko at nagsulat sa lupa. [9]At nang marinig nila *iyon*, isa-isa silang umalis, simula sa mga nakatatanda. At naiwang mag-isa si Hesus, at *tumayo* ang babae sa kinaroroonan niya, sa gitna. [10]At tumayo si Hesus at sinabi sa kanya, Babae, nasaan sila? Wala bang sinumang nagkondena sa iyo? [11]At sinabi niya, Walang sinuman, Panginoon. At sinabi ni Hesus, Hindi rin Kita kinokondena; humayo ka, at mula ngayon ay huwag ka nang magkasala.

   **Juan 8:32**—At malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ay magpapalaya sa inyo.

   **Juan 8:36**—Kaya kung palalayain kayo ng Anak, kayo ay magiging tunay na malaya.

   **Luc. 23:42-43**—At sinabi niya, Hesus, alalahanin Mo ako pagdating Mo sa Iyong kaharian. [43]At sinabi Niya sa kanya, Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Sa araw na ito ay makakasama kita sa Paraiso.

6. Nagtungo ang Panginoon sa Jerico upang bisitahin at tamuhin lamang ang isang tao, isang punong maniningil ng buwis, at ang Kanyang pangangaral ay isang pagpapastol (19:1-10); kinandili rin Niya ang mga magulang sa pamamagitan ng pagpapatong ng Kanyang mga kamay sa kanilang mga anak (Mat. 19:13-15).

   **Luc. 19:1-10**—At pumasok Siya at dumaan sa Jerico. [2]At narito, may isang lalaki na nagngangalang Zaqueo; at siya ay isang punong maniningil ng buwis, at siya ay mayaman. [3]At sinisikap niyang makita si Hesus, kung sino Siya, at hindi niya magawa dahil sa kalipunan, sapagkat siya ay pandak. [4]At tumakbo siya sa unahan at umakyat sa puno ng sikomoro upang makita Siya, sapagkat daraan na Siya sa daang iyon. [5]At pagdating Niya sa lugar na iyon, tumingala si Hesus at sinabi sa kanya, Zaqueo, magmadali ka at bumaba, sapagkat kailangan Kong tumuloy sa bahay mo ngayon. [6]At nagmadali siya at bumaba, at tinanggap Siya, na nagagalak. [7]At nang makita nila ito, nagbulong-bulungan silang lahat, na nagsasabi, Pumasok Siya upang makipanuluyan sa isang taong makasalanan. [8]At tumayo si Zaqueo at sinabi sa Panginoon, Narito, ang kalahati ng aking ari-arian, Panginoon, ay ibibigay ko sa mga dukha, at kung nakakuha ako ng anuman mula sa kaninuman sa maling paratang, isasauli ko nang apat na ulit. [9]At sinabi sa kanya ni Hesus, Sa araw na ito ay dumating ang kaligtasan sa bahay na ito, sapagkat siya rin ay anak ni Abraham. [10]Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang nawawala.

**Mat. 19:13-15**—Pagkatapos ay dinala sa Kanya ang maliliit na bata upang maipatong Niya ang Kanyang mga kamay sa kanila at maipanalangin, subalit sinaway sila ng mga disipulo. [14]Subalit sinabi ni Hesus, Hayaan ninyo ang maliliit na bata at huwag ninyo silang pigilang makalapit sa Akin, sapagkat sa mga gayon ang kaharian ng kalangitan. [15]At pagkapatong ng Kanyang mga kamay sa kanila, umalis Siya roon.

B. Kailangan nating pastulin ang mga tao ayon sa tularan ni apostol Pablo, na pinastol ang mga banal bilang isang nagpapasusong ina at nanghihikayat na ama upang mapangalagaan ang kawan ng Diyos—1 Tes. 2:7-8, 11-12; 1 Tim. 1:16; Gawa 20:28:

**1 Tes. 2:7-8**—Kundi kami ay naging magiliw sa gitna ninyo, gaya ng isang nagpapasusong ina na nagkakandili ng kanyang sariling mga anak. [8]Sa pananabik sa inyo, lubos kaming nalugod na ibahagi sa inyo hindi lamang ang ebanghelyo ng Diyos bagkus maging ang aming sariling kaluluwa, sapagkat kayo ay napamahal na sa amin.

**1 Tes. 2:11-12**—Gaya ng inyong nalalaman kung paano kami nakitungo sa bawat isa sa inyo, gaya ng isang ama sa kanyang sariling mga anak, na hinihikayat kayo at inaaliw kayo at nagpapatotoo, [12]Upang lumakad kayo sa paraang karapat-dapat sa Diyos, na tumatawag sa inyo tungo sa Kanyang sariling kaharian at kaluwalhatian.

**1 Tim. 1:16**—Ngunit dahil dito ay kinaawaan ako, upang sa akin, na pangunahin, ay maipakita ni Hesu-Kristo ang Kanyang sakdal na pagtitiis bilang tularan sa mga sasampalataya sa Kanya tungo sa buhay na walang hanggan.

**Gawa 20:28**—Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na sa gitna nila ang Espiritu Santo ang naglagay sa inyo bilang mga tagapangasiwa upang pastulin ang ekklesia ng Diyos, na Kanyang nakamit sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo.

1. Pinastol ni Pablo ang mga banal sa Efeso sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila “nang hayagan at sa mga bahay-bahay” (b. 20) at sa pamamagitan ng pagpapaalala sa bawat isa sa mga banal nang may pagluha sa loob ng tatlong taon (bb. 31, 19), ipinahahayag sa kanila ang buong kapasyahan ng Diyos (b. 27).

   **Gawa 20:20**—Kung paanong hindi ko ipinagkait ang alinman sa mga bagay na kapaki-pakinabang sa hindi pagpapahayag *ng mga ito* sa inyo at sa *hindi* pagtuturo sa inyo nang hayagan at sa mga bahay-bahay.

   **Gawa 20:31**—Kaya magbantay kayo, inaalaala na sa loob ng tatlong taon, gabi at araw, ay hindi ako humintong paalalahanan ang bawat isa na may pagluha.

   **Gawa 20:19**—Naglilingkod sa Panginoon bilang isang alipin na may buong kapakumbabaan at mga luha at mga pagsubok na dumating sa akin dahil sa mga pakana ng mga Hudyo.

   **Gawa 20:27**—Sapagkat hindi ako umurong sa pagpapahayag sa inyo ng buong kapasyahan ng Diyos.

2. Si Pablo ay may matalik na malasakit para sa mga mananampalataya (2 Cor. 7:2-7; Filem. 7, 12), at bumaba siya sa antas ng mga mahihina nang sa gayon ay matamo niya sila (2 Cor. 11:28-29; 1 Cor. 9:22; cf. Mat. 12:20).

   **2 Cor. 7:2-7**—Bigyan ninyo kami ng puwang; hindi namin ginawan ng mali ang sinuman, hindi namin pinasamâ ang sinuman, hindi kami nagsamantala sa kaninuman. [3]Hindi ko sinasabi ito upang kayo ay kondenahin, sapagkat sinabi ko na noong una na kayo ay nasa aming mga puso upang kasama naming mamatay at kasama naming mabuhay. [4]Labis ang katapangan ko sa inyo, labis ang pagmamapuri ko dahil sa inyo; ako ay puspos ng kaaliwan, nag-uumapaw ako sa kagalakan sa lahat ng aming paghihirap. [5]Sapagkat maging nang dumating kami sa Macedonia, ang aming laman ay walang kapahingahan, bagkus kami ay naghirap sa bawat paraan; sa labas ay mga pakikipagbaka, sa loob ay mga pagkatakot. [6]Subalit Siyang umaaliw sa mga lugmok, yaon ay, ang Diyos, ang umaliw sa amin sa pamamagitan ng pagdating ni Tito; [7]At hindi lamang sa pamamagitan ng kanyang pagdating, bagkus sa pamamagitan din ng kaaliwan na nakaaliw sa kanya dahil sa inyo, ibinabalita sa amin ang inyong pananabik, ang inyong pagdadalamhati, ang inyong pagsisikap para sa akin, kaya’t lalo pa akong nagalak.

**Filem. 7**—Sapagkat ako ay nagkaroon ng labis na kagalakan at kalakasang-loob sa iyong pag-ibig, sapagkat ang mga panloob na bahagi ng mga banal ay napanariwa sa pamamagitan mo, kapatid.

**Filem. 12**—Siya ay aking pinabalik sa iyo—siya, samakatwid ay, ang aking mismong puso.

**2 Cor. 11:28-29**—Bukod sa mga bagay na hindi nabanggit, mayroon nito: ang dagsa ng kabalisahan na dumadagan sa akin araw-araw, ang balisang pag-aalala para sa lahat ng ekklesia. [29]Sino ang mahina, at ako ba ay hindi mahina? Sino ang natitisod, at ako ba mismo ay hindi nag-aalab?

**1 Cor. 9:22**—Sa mahihina ay naging mahina ako upang matamo ko ang mahihina. Sa lahat ng tao ay naging lahat ng bagay ako upang sa lahat ng paraan ay mailigtas ko ang ilan.

**cf. Mat. 12:20**—Hindi Niya babaliin ang isang tambong gapok, at hindi Niya papatayin ang umuusok na timsim hanggang sa madala Niya ang katarungan tungo sa katagumpayan.

3. Laan siyang gugulin ang kung anong mayroon siya, tumutukoy sa kanyang mga pag-aari, at gugulin ang kung ano siya, tumutukoy sa kanyang katauhan, alang-alang sa mga banal (2 Cor. 12:15); siya ay isang handog na inumin, kaisa ni Kristo bilang tagagawa ng alak, isinasakripisyo ang kanyang sarili para sa katamasahan ng iba kay Kristo (Fil. 2:17; Huk. 9:13; Efe. 3:2).

   **2 Cor. 12:15**—Ngunit ako, may malaking kagalakan akong gugugol at pagugugol nang lubusan para sa inyong mga kaluluwa. Kung iniibig ko kayo nang lalong higit, iniibig ba ako nang mas kaunti?

   **Fil. 2:17**—Ngunit kung ibinubuhos man ako bilang handog na inumin sa hain at paglilingkod ng inyong pananampalataya, ako ay nagagalak, at nakikigalak ako sa inyong lahat.

   **Huk. 9:13**—Ngunit sinabi ng ubas sa kanila, 'Akin bang iiwan ang aking alak na nagpapasaya sa mga diyos at sa mga tao, at hahayo upang makipagsayawan sa mga punungkahoy?'

   **Efe. 3:2**—Kung tunay na inyong narinig ang pagkakatiwala ng biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin para sa inyo.

4. Lumakad si Pablo sa pamamagitan ng Espiritu upang parangalan ang Diyos nang sa gayon ay maihain niya ang Espiritu upang parangalan ang tao—2 Cor. 3:3, 6, 8; Gal. 5:16, 25; Huk. 9:9.

   **2 Cor. 3:3**—Yamang nahahayag na kayo ay isang liham ni Kristo na inihain namin, isinulat hindi ng tinta kundi ng Espiritu ng buháy na Diyos; hindi sa mga tapyas na bato kundi sa mga tapyas na pusong laman.

   **2 Cor. 3:6**—Na ginawa rin Niya kaming sapat na mga tagapaghain ng bagong tipan, *mga tagapaghain* hindi ng titik kundi ng Espiritu; sapagkat ang titik ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay ng buhay.

   **2 Cor. 3:8**—Paanong ang ministeryo ng Espiritu ay hindi magiging lalong nasa kaluwalhatian?

   **Gal. 5:16**—Subalit sinasabi ko, Lumakad kayo sa pamamagitan ng Espiritu at hinding-hindi ninyo gagawin ang pita ng laman.

   **Gal. 5:25**—Kung tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, lumakad din tayo sa pamamagitan ng Espiritu.

   **Huk. 9:9**—Ngunit sinabi ng puno ng olibo sa kanila, 'Akin bang iiwan ang aking katabaan, na nakapagpaparangal sa mga diyos at sa mga tao, upang makipagsayawan sa mga punungkahoy?'

5. Ipinahiwatig ni Pablo sa kanyang pagtuturo na ang ekklesia ay isang tahanan upang itaguyod ang mga tao, isang ospital upang pagalingin at panumbalikin sila, at isang paaralan upang turuan at pagtibayin sila—Efe. 2:19; 1 Tes. 5:14; 1 Cor. 14:31.

   **Efe. 2:19**—Kaya nga, hindi na kayo mga estranghero at mga nakikipamayan, kundi kayo ay mga kapwa mamamayan ng mga banal at mga miyembro ng sambahayan ng Diyos.

   **1 Tes. 5:14**—At hinihikayat namin kayo, mga kapatid, Paalalahanan ninyo ang magugulo, palakasin ang mahihina ang loob, alalayan ang mahihina, at maging matiisin kayo sa lahat.

   **1 Cor. 14:31**—Sapagkat kayong lahat ay makapagpopropesiya nang isa-isa upang ang lahat ay matuto at ang lahat ay mahikayat.

6. Inihayag niya na ang pag-ibig ang pinakaekselenteng paraan upang tayo ay maging anuman at gumawa ng anuman para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—8:1; 12:31; 13:4-8a; Efe. 1:4; 3:17; 4:2, 15-16; 5:2; 6:24; Apoc. 2:4-5; Col. 1:18b; 1 Tes. 1:3.

   **1 Cor. 8:1**—Ngayon hinggil sa mga bagay na inihain sa mga diyos-diyosan, alam natin na tayong lahat ay may kaalaman. Ang kaalaman ay nagpapalalo, ngunit ang pag-ibig ay nagtatayo.

**1 Cor. 12:31**—Subalit pakanaisin ninyo ang mga mas dakilang kaloob. At higit pa ay ipakikita ko sa inyo ang isang pinakaekselenteng daan.

**1 Cor. 13:4-8a**—Ang pag-ibig ay mapagtiis. Ang pag-ibig ay mapagmagandang-loob; hindi ito mapanibughuin. Ang pag-ibig ay hindi nagmamalaki at hindi nagpapalalo; [5]Hindi ito kumikilos nang di-nararapat at hindi naghahangad ng mga pansariling bagay; hindi ito napagagalit at hindi nagtatala ng kasamaan; [6]Hindi ito nagagalak dahil sa kalikuan, kundi nagagalak sa katotohanan; [7]Tinatakpan nito ang lahat ng bagay, pinaniniwalaan ang lahat ng bagay, inaasahan ang lahat ng bagay, tinitiis ang lahat ng bagay. [8]Ang pag-ibig ay hindi kailanman napapawi. Subalit kahit mga propesiya man, ang mga ito ay mawawalan ng pakinabang; o mga wika, ang mga ito ay titigil; o kaalaman, ito ay mawawalan ng pakinabang.

**Efe. 1:4**—Gaya ng pagkakapili Niya sa atin sa loob Niya bago ang pagtatatag ng sanlibutan upang tayo ay maging banal at walang dungis sa harapan Niya sa loob ng pag-ibig.

**Efe. 3:17**—Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya.

**Efe. 4:2**—Nang may buong kapakumbabaan at kaamuan, nang may pagtitiis, binabatá ang isa't isa sa loob ng pag-ibig.

**Efe. 4:15-16**—Kundi sa pagtangan sa katotohanan sa loob ng pagibig, tayo ay lumago sa lahat ng bagay tungo sa Kanya, na siyang Ulo, si Kristo, [16]Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasukasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan sa ikatatayo ng sarili nito sa loob ng pag-ibig.

**Efe. 5:2**—At lumakad kayo sa loob ng pag-ibig, gaya rin naman ni Kristo na umibig sa atin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa atin, na isang handog at isang hain sa Diyos para sa isang mabangong samyo.

**Efe. 6:24**—Nawa ang biyaya ay mapasalahat ng mga umiibig sa ating Panginoong Hesu-Kristo sa kawalang-kabulukan.

**Apoc. 2:4-5**—Ngunit mayroon Akong isang bagay na laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pag-ibig. [5]Kaya alalahanin mo kung saan ka nahulog at magsisi ka at gawin mo ang mga unang gawa; subalit kung hindi, paririyan Ako sa iyo at aalisin Ko ang iyong patungan ng ilawan sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka.

**Col. 1:18b**—At Siya ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia; Siya ang simula, ang Panganay mula sa mga patay, upang Siya Mismo ay magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay.

**1 Tes. 1:3**—Inaalaala nang walang patid ang inyong gawa ng pananampalataya at pagpapagal ng pag-ibig at pagtitiis ng pag-asa sa ating Panginoong Hesu-Kristo, sa harapan ng ating Diyos at Ama.

C. "Umaasa ako na magkakaroon ng tunay na pagpapanauli sa gitna natin sa pamamagitan ng ating pagtanggap sa kabigatang ito ng pagpapastol. Kung tatanggapin ng lahat ng ekklesia ang pagtuturong ito upang makibahagi sa kahanga-hangang pagpapastol ni Kristo, magkakaroon ng isang malaking pagpapanauli sa pagbabawi"—*The Collected Works of Witness Lee, 1994–1997,* vol. 5, "The Vital Groups," p. 92.

*© 2026 Living Stream Ministry*

Mensahe Dalawa

## Pagdating sa Pinakamataas na Rurok ng Dibinong Pahayag

Babasahin sa Kasulatan: 1 Tim. 1:4; Efe. 1:10; 3:9; Roma 1:3-4

**1 Tim. 1:4**—Ni magbigay-pansin sa mga mito at walang katapusang talaangkanan, na nagbubunga ng mga pagtatanong sa halip na sa ekonomiya ng Diyos, na nasa pananampalataya.

**Efe. 1:10**—Tungo sa ekonomiya ng kaganapan ng mga panahon, upang tipunin sa ilalim ng isang ulo ang lahat ng bagay kay Kristo, ang mga bagay na nasa kalangitan at ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa, sa Kanya.

**Efe. 3:9**—At maliwanagan ang lahat upang kanilang makita kung ano ang ekonomiya ng hiwaga, na sa buong kapanahunan ay nakukubli sa loob ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay.

**Roma 1:3-4**—Hinggil sa Kanyang Anak, na dumating mula sa binhi ni David ayon sa laman,
4Na itinalagang Anak ng Diyos sa kapangyarihan ayon sa Espiritu ng kabanalan mula sa pagkabuhay na muli sa mga patay, si Hesu-Kristong ating Panginoon.

**I. Ang pinakamataas na rurok ng dibinong pahayag na ibinigay sa atin ng Diyos ay ang pahayag ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—ang Diyos na naging tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos:**

A. Ang buong Biblia, na siyang pagpapaliwanag ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, ay ang talambuhay ng Tres-unong Diyos, na makikita sa dalawang seksiyon ng kawalang-hanggan at sa tulay ng panahon:

1. Ang Tres-unong Diyos ay dumating mula sa kawalang-hanggan tungo sa panahon at taglay ang Kanyang pagkadibino ay pumasok sa pagkatao upang maging ang nagkatawang-taong Diyos para sa Kanyang tuwirang pagkilos sa loob ng tao, na makikita sa apat na Ebanghelyo, para sa pagsasakatuparan ng Kanyang pambatas na pagtutubos—Juan 1:14, 29.

   **Juan 1:14**—At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

   **Juan 1:29**—Kinabukasan, nakita niya si Hesus na lumalapit sa kanya at nagsabi, Masdan, ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!

2. Sa pagkabuhay na muli, Siya ay naging ang timpladang Diyos, ang "naprosesong" Diyos, ang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay, na makikita sa Mga Gawa at mga Liham, para sa pagsasagawa ng Kanyang organikong pagliligtas—Juan 1:32, 42; 1 Cor. 15:45b; Fil. 1:19.

   **Juan 1:32**—At nagpatotoo si Juan, na nagsasabi, Nakita ko ang Espiritu na bumababang gaya ng isang kalapati mula sa langit, at Siya ay nanahan sa Kanya.

   **Juan 1:42**—Kanyang dinala siya kay Hesus. Habang tinitingnan siya, sinabi ni Hesus, Ikaw ay si Simon na anak ni Juan; tatawagin kang Cefas (na ang kahulugan ay Pedro).

   **1 Cor. 15:45b**—Gayundin naman ang nasusulat, "Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay"; ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

   **Fil. 1:19**—Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong  pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo.

3. Sa kawalang-hanggang hinaharap, Siya ay magiging ang sama-samang Diyos, ang Bagong Herusalem, na makikita sa Apocalipsis 21 at 22.

**Apoc. 21:1-27**—At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa;
sapagkat ang unang langit at ang unang lupa ay lumipas na, at ang dagat ay wala na.
2At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa
langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan
para sa kanyang asawa. 3At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, na
nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at magtatabernakulo
Siya sa kanila, at sila ay magiging mga bayan Niya, at ang Diyos Mismo ay sasakanila
at magiging Diyos nila. 4At papahirin Niya ang bawat luha sa kanilang mga mata; at
hindi na magkakaroon ng kamatayan, ni magkakaroon pa ng dalamhati o ng
pagtangis o ng sakit man; sapagkat ang dating mga bagay ay lumipas na. 5At Siya na
nakaupo sa trono ay nagsabi, Narito, ginagawa Kong bago ang lahat ng bagay. At
sinabi Niya, Isulat mo, sapagkat ang mga salitang ito ay tapat at totoo. 6At sinabi
Niya sa akin, Nangyari na ang mga ito. Ako ang Alpha at ang Omega, ang Pasimula
at ang Wakas. Ang nauuhaw ay paiinumin Ko nang walang bayad sa balong ng tubig
ng buhay. 7Ang nananaig ay magmamana ng mga bagay na ito, at Ako ay magiging
Diyos niya, at siya ay magiging anak Ko. 8Ngunit sa mga duwag at sa mga hindi
sumasampalataya at sa mga kasuklam-suklam at sa mga mamamatay-tao at sa mga
mapakiapid at sa mga mangkukulam at sa mga mapagsamba sa mga diyos-diyosan
at sa lahat ng bulaan, ang kanilang bahagi ay sa dagat-dagatang nagliliyab sa apoy
at asupre, na siyang ikalawang kamatayan. 9At dumating ang isa sa pitong anghel na
may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na
nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero.
10At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at
ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit
buhat sa Diyos, 11Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng
isang napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.
12Ito ay may malaki at mataas na pader at may labindalawang pintuan, at sa mga
pintuan ay may labindalawang anghel, at mga pangalang nakasulat, na siyang mga
pangalan ng labindalawang lipi ng mga anak ni Israel: 13Sa silangan ay may tatlong
pintuan, at sa hilaga ay may tatlong pintuan, at sa timog ay may tatlong pintuan, at
sa kanluran ay may tatlong pintuan. 14At ang pader ng lunsod ay may labindalawang
pundasyon, at nasa mga ito ang labindalawang pangalan ng labindalawang apostol
ng Kordero. 15At ang nakipag-usap sa akin ay may gintong tambo bilang panukat
upang sukatin ang lunsod at ang mga pintuan nito at ang pader nito. 16At ang lunsod
ay nakatayong parisukat, at ang haba nito ay kasinlaki ng luwang nito. At sinukat
niya ng tambo ang lunsod sa haba na labindalawang libong estadia; ang haba at ang
luwang at ang taas nito ay magkakasukat. 17At sinukat niya ang pader nito, sandaan
at apatnapu't apat na siko, ayon sa sukat ng isang tao, yaon ay, ng isang anghel. 18At
ang pader nito ay gawa sa jaspe; at ang lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw
na salamin. 19Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagagayakan ng bawat
isang mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang
ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda; 20Ang ikalima ay sardonica; ang
ikaanim ay sardio; ang ikapito ay crisolito; ang ikawalo ay berilo; ang ikasiyam ay
topacio; ang ikasampu ay crisopasio; ang ikalabing-isa ay jacinto; ang
ikalabindalawa ay amatista. 21At ang labindalawang pintuan ay labindalawang
perlas; bawat isa sa mga pintuan ay yari sa isang perlas. At ang lansangan ng lunsod

ay dalisay na ginto, na gaya ng naaaninag na salamin. [22]At wala akong nakitang templo sa loob nito, sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ang templo nito. [23]At ang lunsod ay hindi nangangailangan ng araw o ng buwan man upang lumiwanag dito, sapagkat nililiwanagan ito ng kaluwalhatian ng Diyos, at ang ilawan nito ay ang Kordero. [24]At lalakad ang mga bansa sa pamamagitan ng liwanag nito; at dadalhin ng mga hari sa lupa ang kanilang kaluwalhatian sa loob nito. [25]At ang mga pintuan nito ay hinding-hindi isasara sa araw, sapagkat hindi magkakaroon doon ng gabi. [26]At dadalhin nila ang kaluwalhatian at ang karangalan ng mga bansa sa loob nito. [27]At ang anumang bagay na karaniwan at ang gumagawa ng kasuklam-suklam at ng kasinungalingan ay hinding-hindi makapapasok sa loob nito, kundi yaon lamang mga nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero.

**Apoc. 22:1-21**—At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. [2]At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa. [3]At hindi na magkakaroon pa ng anumang sumpa. At ang trono ng Diyos at ng Kordero ay doroon, at ang Kanyang mga alipin ay maglilingkod sa Kanya; [4]At makikita nila ang Kanyang mukha, at ang Kanyang pangalan ay sasakanilang mga noo. [5]At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man. [6]At sinabi niya sa akin, Ang mga salitang ito ay tapat at totoo; at ang Panginoon, ang Diyos ng mga espiritu ng mga propeta, ay nagsugo ng Kanyang anghel upang ipakita sa Kanyang mga alipin ang mga bagay na kailangang mangyari kaagad. [7]At narito, Ako ay darating kaagad. Pinagpala ang tumutupad ng mga salita ng propesiya ng balumbon na ito. [8]At akong si Juan ang nakaririnig at nakakikita ng mga bagay na ito. At nang aking marinig at makita, nagpatirapa ako upang sumamba sa paanan ng anghel na nagpakita sa akin ng mga bagay na ito. [9]At sinabi niya sa akin, Huwag mong gawin iyan! Ako ay kapwa mo alipin at kapwa alipin ng iyong mga kapatid na mga propeta at ng mga tumutupad ng mga salita ng balumbon na ito. Sambahin mo ang Diyos. [10]At sinabi niya sa akin, Huwag mong tatakan ang mga salita ng propesiya ng balumbon na ito, sapagkat ang panahon ay malapit na. [11]Hayaang ang gumagawa ng kalikuan ay gumawa pa rin ng kalikuan; at hayaang ang marumi ay maging marumi pa rin; at hayaang ang matuwid ay gumawa pa rin ng matuwid; at hayaang ang banal ay maging banal pa rin. [12]Narito, Ako ay darating kaagad, at ang Aking gantimpala ay nasa Akin upang igawad sa bawat isa ayon sa kanyang gawa. [13]Ako ang Alpha at ang Omega, ang Una at ang Huli, ang Pasimula at ang Wakas. [14]Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan. [15]Sa labas ay naroon ang mga aso at ang mga mangkukulam at ang mga mapakiapid at ang mga mamamatay-tao at ang mga mapagsamba sa mga diyos-diyosan at ang bawat umiibig at gumagawa ng kasinungalingan. [16]Akong si Hesus ay nagsugo ng Aking anghel upang magpatotoo sa inyo ng mga bagay na ito para sa mga ekklesia. Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang maningning na tala sa umaga. [17]At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad. [18]Aking

pinapatotohanan sa bawat nakikinig sa mga salita ng propesiya ng balumbon na ito: Kung ang sinuman ay magdagdag sa mga ito, idaragdag sa kanya ng Diyos ang mga salot na nakasulat sa balumbon na ito; [19]At kung ang sinuman ay mag-alis mula sa mga salita ng balumbon ng propesiyang ito, aalisin ng Diyos ang kanyang bahagi mula sa puno ng buhay at mula sa banal na lunsod, na nakasulat sa balumbon na ito. [20]Siya na nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo, Ako ay darating kaagad. Amen. Dumating Ka, Panginoong Hesus! [21]Ang biyaya ng Panginoong Hesus ay mapasalahat ng mga banal. Amen.

4. Ang pansansinukob, dibino-pantaong paglalakip ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos sa mga naisilang na muli, natransporma, at naluwalhating mananampalataya ay ang gol ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Juan 1:51; Apoc. 21:3, 22.

   **Juan 1:51**—At sinabi Niya sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Makikita ninyong bukas ang langit at ang mga anghel ng Diyos na nagmamanhik-manaog sa Anak ng Tao.

   **Apoc. 21:3**—At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at magtatabernakulo Siya sa kanila, at sila ay magiging mga bayan Niya, at ang Diyos Mismo ay sasakanila at magiging Diyos nila.

   **Apoc. 21:22**—At wala akong nakitang templo sa loob nito, sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ang templo nito.

5. Ang sentrong pahayag ng Diyos at ng pagbabawi ng Panginoon ay ang Diyos na naging laman, ang laman na naging Espiritung nagbibigay-buhay, at ang Espiritung nagbibigay-buhay na naging ang pitong ulit na pinatinding Espiritu upang itayo ang ekklesia na nagiging Katawan ni Kristo at napasusukdol sa Bagong Herusalem.

B. Ang Diyos na naging tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos ay ang esensiya ng buong Biblia, ang "diyamante" sa loob ng "kahon" ng Biblia, ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Gen. 1:26; Juan 12:24; Roma 8:29:

   **Gen. 1:26**—Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   **Juan 12:24**—Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil.

   **Roma 8:29**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

   1. Ang Diyos ay naging tao sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao sa pakikibahagi sa pagkatao ng tao; ang tao ay nagiging Diyos sa pamamagitan ng transpormasyon sa pakikibahagi sa pagkadibino ng Diyos:

      a. Pakikibahagi sa buhay ng Diyos—Juan 3:15; Col. 3:4.

         **Juan 3:15**—Upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

         **Col. 3:4**—Kapag si Kristo na ating buhay ay nahayag, saka mahahayag din kayong kasama Niya sa kaluwalhatian.

      b. Pakikibahagi sa kalikasan ng Diyos—Efe. 1:4; 2 Ped. 1:4.

**Efe. 1:4**—Gaya ng pagkakapili Niya sa atin sa loob Niya bago ang pagtatatag ng sanlibutan upang tayo ay maging banal at walang dungis sa harapan Niya sa loob ng pag-ibig.

**2 Ped. 1:4**—Na sa pamamagitan ng mga ito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang mahalaga at napakadakilang mga pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay maging mga nakikibahagi kayo sa dibinong kalikasan, yamang nakatakas na sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa pita.

c. Pakikibahagi sa kaisipan ng Diyos—Efe. 4:23; Fil. 2:5.

**Efe. 4:23**—At na kayo ay mapababago sa espiritu ng inyong kaisipan.

**Fil. 2:5**—Mapasainyo ang ganitong pag-iisip, na na kay Kristo Hesus din naman.

d. Pakikibahagi sa pang-esensiyang katangian ng Diyos—2 Cor. 3:18b; Efe. 3:8.

**2 Cor. 3:18b**—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

**Efe. 3:8**—Sa akin, na higit na mababa sa pinakamababa sa lahat ng banal, ay ibinigay ang biyayang ito upang ipahayag sa mga Hentil ang di-malirip na kayamanan ni Kristo bilang ebanghelyo.

e. Pakikibahagi sa larawan ng Diyos—2 Cor. 3:18a; Roma 8:29.

**2 Cor. 3:18a**—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

**Roma 8:29**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

f. Pakikibahagi sa kaluwalhatian ng Diyos—b. 30; Heb. 2:10.

**Roma 8:30**—At yaong mga itinalaga Niya noong una pa, ang mga ito ay Kanya ring tinawag; at yaong mga tinawag Niya, ang mga ito ay Kanya ring inaring-matuwid; at yaong mga inaring-matuwid Niya, ang mga ito ay Kanya ring niluwalhati.

**Heb. 2:10**—Sapagkat nararapat para sa Kanya, na pinag-uukulan ng lahat ng bagay at ang lahat ng bagay ay sa pamamagitan Niya, sa pagdadala sa maraming anak tungo sa kaluwalhatian, na ang Maykatha ng kanilang kaligtasan ay gawing sakdal sa pamamagitan ng mga pagdurusa.

g. Pakikibahagi sa pagkaanak ng Diyos—Efe. 1:5; Roma 8:23.

**Efe. 1:5**—Itinatalaga tayo noong una pa tungo sa pagkaanak sa pamamagitan ni Hesu-Kristo tungo sa Kanyang sarili, ayon sa mabuting kaluguran ng Kanyang kalooban.

**Roma 8:23**—At hindi lamang gayon, bagkus tayo rin mismo, na taglay ang mga unang bunga ng Espiritu, maging tayo mismo sa ating sarili ay humihibik, sabik na naghihintay ng pagkaanak, ang katubusan ng ating katawan.

h. Pakikibahagi sa pagpapakita ng Diyos—b. 19.

**Roma 8:19**—Sapagkat ang masidhing pagbabantay ng sangnilikha ay sabik na naghihintay sa paghahayag sa mga anak na lalaki ng Diyos.

i. Upang taglayin ang wangis ng Diyos—1 Juan 3:2.

**1 Juan 3:2**—Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Diyos, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Alam nating kung Siya ay mahayag, tayo ay magiging katulad Niya sapagkat atin Siyang makikitang gaya nga Niya.

j. Upang maging uri ng Diyos—espesye ng Diyos—Juan 1:12; Roma 8:14, 16.

**Juan 1:12**—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan.

**Roma 8:14**—Sapagkat ang lahat ng pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos, ito ang mga anak na lalaki ng Diyos.

**Roma 8:16**—Ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

2. Ang dibino-pantaong pag-iibigang ito ay ang paksa ng buong Biblia, ang nilalaman ng ekonomiya ng Diyos, at ang lihim ng buong sansinukob—A. A. 1:1; 6:13.

**A. A. 1:1**—Ang awit ng mga awit na kay Solomon.

**A. A. 6:13**—Bumalik ka, bumalik ka, O Shulamita. Bumalik ka, bumalik ka, upang ikaw ay aming pagmasdan. Bakit ninyo pagmamasdan ang Shulamita, na gaya sa sayaw sa harap ng dalawang hukbo?

**II. Ang mataas na rurok ng dibinong pahayag—ang "diyamante" sa loob ng "kahon" ng Biblia—ay ang pahayag na sa loob ni Kristo ang Diyos ay naging tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos—2 Sam. 7:12-14a; Roma 1:3-4; Efe. 3:17a:**

**2 Sam. 7:12-14a**—Kapag ang iyong mga araw ay naganap na at ikaw ay matutulog na kasama ng iyong mga ninuno, aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos mo, na magmumula sa iyong katawan, at aking itatatag ang kanyang kaharian. [13]Siya'y magtatayo ng bahay para sa aking pangalan, at aking itatatag ang trono ng kanyang kaharian magpakailanman. [14]Ako'y magiging kanyang ama at siya'y magiging aking anak. Kapag siya'y gumawa ng kasamaan, parurusahan ko siya ng pamalo ng mga tao, at ng panghampas ng mga anak ng mga tao.

**Roma 1:3-4**—Hinggil sa Kanyang Anak, na dumating mula sa binhi ni David ayon sa laman, [4]Na itinalagang Anak ng Diyos sa kapangyarihan ayon sa Espiritu ng kabanalan mula sa pagkabuhay na muli sa mga patay, si Hesu-Kristong ating Panginoon.

**Efe. 3:17a**—Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig.

A. "Ang Diyos na naging tao at ang tao na nagiging Diyos" ay ang ekonomiya ng Diyos—1 Tim. 1:4.

**1 Tim. 1:4**—Ni magbigay-pansin sa mga mito at walang katapusang talaangkanan, na nagbubunga ng mga pagtatanong sa halip na sa ekonomiya ng Diyos, na nasa pananampalataya.

B. Ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay ang gawin ang tao na katulad Niya sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos at ang gawin ang Kanyang sarili na kaisa ng tao at ang tao na kaisa Niya, sa gayon ay mapalaki at mapalawak sa Kanyang kahayagan, upang ang lahat ng Kanyang dibinong katangian ay maihayag sa mga pantaong kagalingan—Efe. 3:9; 1:10:

**Efe. 3:9**—At maliwanagan ang lahat upang kanilang makita kung ano ang ekonomiya ng hiwaga, na sa buong kapanahunan ay nakukubli sa loob ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay.

**Efe. 1:10**—Tungo sa ekonomiya ng kaganapan ng mga panahon, upang tipunin sa ilalim ng isang ulo ang lahat ng bagay kay Kristo, ang mga bagay na nasa kalangitan at ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa, sa Kanya.

1. Ang mabuting kaluguran ng Diyos ay ang maging kaisa ng tao at gawin ang tao na katulad Niya sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos—bb. 5, 9.

   **Efe. 1:5**—Itinatalaga tayo noong una pa tungo sa pagkaanak sa pamamagitan ni Hesu-Kristo tungo sa Kanyang sarili, ayon sa mabuting kaluguran ng Kanyang kalooban.

   **Efe. 1:9**—Ipinaaalam sa atin ang hiwaga ng Kanyang kalooban ayon sa Kanyang mabuting kaluguran, na nilayon Niya sa Kanyang sarili.

2. Ang Diyos ay naging tao upang magkaroon ng malakihang pagpaparami ng Kanyang sarili at sa gayon ay magbunga ng isang bagong uri—Diyos-taong uri—Juan 1:1, 14; 12:24.

   **Juan 1:1**—Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos.

   **Juan 1:14**—At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

   **Juan 12:24**—Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil.

C. Para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos, kailangan natin ang Diyos na itayo ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa loob natin bilang ating buhay, ating kalikasan, at ating pagkakabuo upang gawin tayong Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos—Efe. 3:17a; Col. 3:4, 10-11.

**Efe. 3:17a**—Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig.

**Col. 3:4**—Kapag si Kristo na ating buhay ay nahayag, saka mahahayag din kayong kasama Niya sa kaluwalhatian.

**Col. 3:10-11**—At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya, [11]Doon ay hindi maaaring magkaroon ng Griyego at Hudyo, pagtutuli at di-pagtutuli, barbaro, Scita, alipin, malaya, kundi si Kristo ang lahat at nasa loob ng lahat.

D. Ang Diyos ay naging tao sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao; ang tao ay nagiging Diyos sa pamamagitan ng pagsisilang na muli, pagpapabanal, pagpapabago, pagtatransporma, pagwawangis, at pagluluwalhati—Juan 3:5-6; 1:12-13; Roma 6:19, 22; 12:2; 8:29-30.

**Juan 3:5-6**—Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos. [6]Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

**Juan 1:12-13**—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan, [13]Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

**Roma 6:19**—Nagsasalita ako sa pantaong pamamaraan sa kahinaan ng inyong laman. Sapagkat kung paanong inialay ninyo ang inyong mga sangkap bilang mga alipin sa

karumihan at katiwalian tungo sa katiwalian, ngayon naman ay ialay ninyo ang inyong mga sangkap bilang mga alipin sa katuwiran tungo sa pagpapabanal.

**Roma 6:22**—Ngunit ngayon, yamang pinalaya na sa kasalanan at naging mga alipin sa Diyos, kayo ay may inyong bunga tungo sa pagpapabanal, at ang wakas, buhay na walang hanggan.

**Roma 12:2**—At huwag kayong maiwangis sa kapanahunang ito, kundi matransporma sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan upang mapatunayan ninyo kung ano ang kalooban ng Diyos, yaong mabuti at kalugod-lugod at sakdal.

**Roma 8:29-30**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid; [30]At yaong mga itinalaga Niya noong una pa, ang mga ito ay Kanya ring tinawag; at yaong mga tinawag Niya, ang mga ito ay Kanya ring inaring-matuwid; at yaong mga inaring-matuwid Niya, ang mga ito ay Kanya ring niluwalhati.

**III. Tanging sa pamamagitan ng pagiging tao ng Diyos upang gawing Diyos ang tao maibubunga ang Katawan ni Kristo; ang puntong ito ang mataas na rurok ng pangitaing ibinigay sa atin ng Diyos—b. 3; 1:3-4; 8:14; 12:4-5:**

**Roma 8:3**—Sapagkat ang kautusan, yaong hindi nito magawa, dahil mahina ito sa pamamagitan ng laman, ang Diyos, sa pagsusugo ng Kanyang sariling Anak sa wangis ng laman ng kasalanan at hinggil sa kasalanan, ay kinondena ang kasalanan sa laman.

**Roma 1:3-4**—Hinggil sa Kanyang Anak, na dumating mula sa binhi ni David ayon sa laman, [4]Na itinalagang Anak ng Diyos sa kapangyarihan ayon sa Espiritu ng kabanalan mula sa pagkabuhay na muli sa mga patay, si Hesu-Kristong ating Panginoon.

**Roma 8:14**—Sapagkat ang lahat ng pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos, ito ang mga anak na lalaki ng Diyos.

**Roma 12:4-5**—Sapagkat kung paanong sa isang katawan ay marami tayong sangkap, at ang lahat ng sangkap ay hindi magkakatulad ng pangsyon, [5]Gayundin tayo na marami ay iisang Katawan sa loob ni Kristo, at ang bawat isa ay sangkap ng isa't isa.

A. Ang Diyos ay naging tao upang gawing Diyos ang tao nang sa gayon ay maibunga Niya ang Katawan ni Kristo—ang organismo ng Tres-unong Diyos, na ang sukdulang pagpapakita ay ang Bagong Herusalem—Efe. 1:22-23; 4:4-6; Apoc. 21:2, 9-10.

**Efe. 1:22-23**—At ipinasakop Niya ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa at pinagkalooban Siya na maging Ulo sa ibabaw ng lahat ng bagay tungo sa ekklesia, [23]Na siyang Katawan Niya, ang kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat.

**Efe. 4:4-6**—Isang Katawan at isang Espiritu, gaya rin naman na kayo ay tinawag sa isang pag-asa ng pagtawag sa inyo; [5]Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo; [6]Isang Diyos at Ama ng lahat, na Siyang nasa ibabaw ng lahat at lumalagos sa lahat at nasa lahat.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:9-10**—At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero. [10]At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

B. Ipinakikita ng Biblia sa atin kung paano maaaring maging Diyos ang tao upang magkaroon ng Diyos-taong pamumuhay at sa gayon ay maging organismo ng Diyos—Roma 1:3-4; 12:4-5:

**Roma 1:3-4**—Hinggil sa Kanyang Anak, na dumating mula sa binhi ni David ayon sa laman, [4]Na itinalagang Anak ng Diyos sa kapangyarihan ayon sa Espiritu ng kabanalan mula sa pagkabuhay na muli sa mga patay, si Hesu-Kristong ating Panginoon.

**Roma 12:4-5**—Sapagkat kung paanong sa isang katawan ay marami tayong sangkap, at ang lahat ng sangkap ay hindi magkakatulad ng pangsyon, [5]Gayundin tayo na marami ay iisang Katawan sa loob ni Kristo, at ang bawat isa ay sangkap ng isa't isa.

1. Ang organismong ito ay ang Diyos na inihuhugpong at isinasama ang Kanyang sarili sa tao upang gawing Diyos ang tao.
2. Ang kinalabasan ng pagiging tao ng Diyos at pagiging Diyos ng tao ay isang organismo; ang organismong ito ay ang Katawan ni Kristo—ang pakikipag-isa at pagsasama ng Diyos sa tao—Efe. 4:4-6, 12.

   **Efe. 4:4-6**—Isang Katawan at isang Espiritu, gaya rin naman na kayo ay tinawag sa isang pag-asa ng pagtawag sa inyo; [5]Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo; [6]Isang Diyos at Ama ng lahat, na Siyang nasa ibabaw ng lahat at lumalagos sa lahat at nasa lahat.

   **Efe. 4:12**—Para sa pagpapasakdal ng mga banal tungo sa gawain ng ministeryo, tungo sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo.

C. Isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak upang maging tao at upang mamuhay ng Diyos-taong buhay sa pamamagitan ng dibinong buhay; ang gayong pamumuhay ay nagreresulta sa pansansinukob na tao na eksaktong katulad Niya—isang sama-samang tao na namumuhay ng isang Diyos-taong buhay sa pamamagitan ng dibinong buhay—Roma 8:3; 12:4-5.

**Roma 8:3**—Sapagkat ang kautusan, yaong hindi nito magawa, dahil mahina ito sa pamamagitan ng laman, ang Diyos, sa pagsusugo ng Kanyang sariling Anak sa wangis ng laman ng kasalanan at hinggil sa kasalanan, ay kinondena ang kasalanan sa laman.

**Roma 12:4-5**—Sapagkat kung paanong sa isang katawan ay marami tayong sangkap, at ang lahat ng sangkap ay hindi magkakatulad ng pangsyon, [5]Gayundin tayo na marami ay iisang Katawan sa loob ni Kristo, at ang bawat isa ay sangkap ng isa't isa.

D. Ang realidad ng Katawan ni Kristo ay ang pakikipag-isa at pagsasama ng Diyos sa tao upang ipamuhay ang sama-samang Diyos-tao—Efe. 4:4-6, 24.

**Efe. 4:4-6**—Isang Katawan at isang Espiritu, gaya rin naman na kayo ay tinawag sa isang pag-asa ng pagtawag sa inyo; [5]Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo; [6]Isang Diyos at Ama ng lahat, na Siyang nasa ibabaw ng lahat at lumalagos sa lahat at nasa lahat.

**Efe. 4:24**—At inyong ibihis ang bagong tao, na nilikha ayon sa Diyos sa katuwiran at kabanalan ng realidad.

*© 2026 Living Stream Ministry*

Mensahe Tatlo

## Ang Diyos-taong Pamumuhay para sa isang Bagong Pagpapanauli

Babasahin sa Kasulatan: Lev. 1:3, 9; 6:8-13; Juan 21:15-17;
1 Juan 3:14; 5:1; 2:6; 4:17; Gal. 6:2-3; Roma 8:2

**Lev. 1:3**—Kung ang kanyang alay ay isang handog na sinusunog mula sa bakahan, mag-aalay siya ng isang lalaking walang kapintasan. Ito ay kanyang dadalhin sa pintuan ng toldang tipanan, upang siya ay tanggapin sa harapan [ni Jehovah].

**Lev. 1:9**—Ngunit ang mga lamang-loob at mga paa ay huhugasan niya ng tubig. Susunugin ng pari ang kabuuan nito sa ibabaw ng dambana bilang handog na sinusunog, isang handog na pinaraan sa apoy na isang mabangong samyo sa [kay Jehovah].

**Lev. 6:8-13**—[Si Jehovah] ay nagsalita kay Moises, na sinasabi: 9“Iutos mo ito kay Aaron at sa kanyang mga anak: Ito ang kautusan tungkol sa handog na sinusunog. Ang handog na sinusunog ay mananatili sa ibabaw ng [altar] sa buong magdamag hanggang umaga, samantalang ang apoy sa [altar] ay pananatilihing nagniningas doon. 10At isusuot ng [saserdote] ang kanyang mahabang kasuotang lino sa ibabaw ng kanyang mga pang-ilalim na lino kasunod ng kanyang katawan; at kukunin niya ang mga abo ng handog na sinusunog na sinunog sa apoy sa ibabaw ng [altar], at ilalagay niya sa tabi ng [altar]. 11Pagkatapos nito, maghuhubad siya ng kanyang mga suot at magbibihis ng ibang mga kasuotan, at ilalabas ang mga abo sa kampo sa isang malinis na pook. 12Ang apoy sa ibabaw ng [altar] ay pananatilihing nagniningas doon, at hindi ito papatayin. Ang [saserdote] ay magsusunog ng kahoy sa ibabaw niyon tuwing umaga, at aayusin niya sa ibabaw niyon ang handog na kanyang susunugin, at kanyang susunugin ito kasama ang taba ng mga handog pangkapayapaan. 13Ang apoy ay pananatilihing nagniningas sa ibabaw ng [altar]; hindi ito papatayin.

**Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. 16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. 17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

**1 Juan 3:14**—Alam nating tayo ay lumipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay sapagkat iniibig natin ang mga kapatid. Siya na hindi umiibig ay nananahan sa kamatayan.

**1 Juan 5:1**—Ang bawat sumasampalataya na si Hesus ang Kristo ay ipinanganak ng Diyos, at ang bawat umiibig sa Kanya na nanganak ay umiibig din sa kanya na ipinanganak Niya.

**1 Juan 2:6**—Siya na nagsasabing siya ay nananahan sa Kanya ay nararapat ding lumakad gaya ng Kanyang paglakad.

**1 Juan 4:17**—Sa ganito ay napasakdal ang pag-ibig sa atin, upang magkaroon tayo ng katapangan sa araw ng paghahatol sapagkat kung ano nga Siya, gayundin naman tayo sa sanlibutang ito.

**Gal. 6:2-3**—Dalhin ninyo ang mga pasanin ng isa’t isa, at sa ganitong paraan ay matutupad ninyo nang ganap ang kautusan ni Kristo. 3Sapagkat kung inaakala ng sinuman na siya ay mahalaga gayong hindi naman, dinadaya niya ang kanyang sarili.

**Roma 8:2**—Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagpalaya sa akin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.

*© 2026 Living Stream Ministry*

**I. Ang nais ng puso ng Diyos ay yaong "ang realidad…na kay Hesus" (Efe. 4:21), ang aktuwal na kondisyon ng Diyos-taong pamumuhay ni Hesus gaya ng nakatala sa apat na Ebanghelyo, ay maiduplika sa maraming sangkap ng Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu ng realidad upang maging realidad ng Katawan ni Kristo, ang pinakamataas na rurok sa ekonomiya ng Diyos, para sa isang bagong pagpapanauli (bb. 20-24):**

**Efe. 4:21**—Kung tunay na Siya ay inyong narinig at kayo ay naturuan sa Kanya kung paanong ang realidad ay na kay Hesus.

**Efe. 4:20-24**—Ngunit hindi sa ganoon ninyo natutuhan si Kristo, [21]Kung tunay na Siya ay inyong narinig at kayo ay naturuan sa Kanya kung paanong ang realidad ay na kay Hesus, [22]Na inyong hubarin, tungkol sa paraan ng inyong dating pamumuhay, ang lumang tao, na pinasasamâ ayon sa mga pita ng daya, [23]At na kayo ay mapapabago sa espiritu ng inyong kaisipan [24]At inyong ibihis ang bagong tao, na nilikha ayon sa Diyos sa katuwiran at kabanalan ng realidad.

A. Ipinakikita ng apat na Ebanghelyo ang huwaran ng buhay na ninanais ng Diyos, ang hulmahan ng buhay na makapagbibigay-kasiyahan sa Diyos at makatutupad sa Kanyang layunin; namuhay si Hesus ng isang buhay kung saan ginawa Niya ang lahat ng bagay sa loob ng Diyos, kasama ang Diyos, at para sa Diyos; ang Diyos ay nasa Kanyang pamumuhay, at Siya ay kaisa ng Diyos; ito ang ibig sabihin ng *ang realidad ay na kay Hesus;* ang matutuhan si Kristo kung paanong ang realidad ay na kay Hesus ay ang maihubog tungo sa huwaran ni Kristo, ang maiwangis sa larawan ni Kristo—Roma 8:28-29; Efe. 4:20-21.

**Roma 8:28-29**—At alam natin na ang lahat ng bagay ay sama-samang gumagawa para sa ikabubuti ng mga umiibig sa Diyos, sa mga yaong tinawag ayon sa Kanyang layunin. [29]Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

**Efe. 4:20-21**—Ngunit hindi sa ganoon ninyo natutuhan si Kristo, [21]Kung tunay na Siya ay inyong narinig at kayo ay naturuan sa Kanya kung paanong ang realidad ay na kay Hesus.

B. Pinasasakdal tayo ng Panginoon upang maging mga Diyos-tao, ipinamumuhay ang dibinong buhay sa pamamagitan ng pagtatatwa sa ating natural na buhay ayon sa modelo ni Kristo bilang unang Diyos-tao—Mat. 11:29a; 17:5b; 1 Ped. 2:21:

**Mat. 11:29a**—Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa.

**Mat. 17:5b**—Habang nagsasalita pa siya, narito, isang maningning na ulap ang lumilim sa kanila, at narito, isang tinig mula sa ulap, na nagsasabi, Ito ang Aking Anak, ang Minamahal, sa Kanya Ko nasumpungan ang Aking kaluguran. Pakinggan ninyo Siya!

**1 Ped. 2:21**—Sapagkat ukol dito ay tinawag kayo, dahil si Kristo rin naman ay nagdusa alang-alang sa inyo, nag-iwan sa inyo ng modelo upang kayo ay sumunod sa Kanyang mga yapak.

1. Sa Kanyang buhay sa lupa ay nagtatag Siya ng isang huwaran, gaya ng inihayag sa apat na Ebanghelyo; pagkatapos ay ipinako Siya sa krus at nabuhay na muli upang maging ang Espiritung nagbibigay-buhay nang sa gayon ay makapasok Siya sa atin upang maging ating buhay; natututo tayo sa Kanya ayon sa Kanyang halimbawa, hindi sa pamamagitan ng ating natural na buhay kundi sa pamamagitan Niya bilang ating buhay sa pagkabuhay na muli—1 Cor. 15:45b; Col. 3:4.

**1 Cor. 15:45b**—Gayundin naman ay nasusulat, Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay; ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

**Col. 3:4**—Kapag si Kristo na ating buhay ay nahayag, saka mahahayag din kayong kasama Niya sa kaluwalhatian.

2. Ang ating buhay-Kristiyano ay isang buhay sa loob ni Kristo at gayundin ay isang buhay ni Kristo sa loob natin; tayo ay nasa loob ni Kristo bilang hulmahan, at Siya ay nasa loob natin bilang ating buhay; sa ganitong paraan ay natututuhan natin si Kristo kung paanong ang realidad ay na kay Hesus; ang realidad na ito ay ang realidad ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 1:30; 2 Cor. 5:17; 12:2a; Col. 1:27; Gal. 2:20; Roma 8:10.

   **1 Cor. 1:30**—Subalit sa Kanya, kayo ay na kay Kristo Hesus, na naging karunungan sa atin mula sa Diyos: kapwa katuwiran at pagpapabanal at katubusan.

   **2 Cor. 5:17**—Kaya't kung ang sinuman ay na kay Kristo, siya ay isang bagong nilikha. Ang mga lumang bagay ay lumipas na; narito, ang mga ito ay naging bago.

   **2 Cor. 12:2a**—May kilala akong isang lalaking na kay Kristo, labing-apat na taon na ang nakararaan (kung nasa katawan ay hindi ko alam, o kung nasa labas ng katawan ay hindi ko alam; alam ng Diyos), ang isang iyon ay inagaw tungo sa ikatlong langit.

   **Col. 1:27**—Sa kanila ay niloob ng Diyos na ipaalam kung ano ang kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Hentil, na ito ay si Kristong nasa loob ninyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian.

   **Gal. 2:20**—Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

   **Roma 8:10**—Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran.

C. Habang iniibig natin ang Panginoon, kinakaugnay Siya, at nananalangin sa Kanya, kusang-kusa natin Siyang naipamumuhay ayon sa hulmahan, anyo, huwaran, na inilarawan sa mga Ebanghelyo; sa ganitong paraan, tayo ay naihuhubog, naiwawangis, sa larawan ng hulmahang ito—ito ang ibig sabihin ng matutuhan si Kristo—Mat. 11:29; Roma 8:29.

   **Mat. 11:29**—Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa.

   **Roma 8:29**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

D. Kapag namumuhay tayo sa pinagsamang espiritu, natututuhan natin si Kristo ayon sa realidad na na kay Hesus sa pamamagitan ng Espiritu ng realidad; natututo tayo sa Kanya bilang ating modelo nang sa gayon ang Kanyang talambuhay ay maging ating kasaysayan; ang pamumuhay ng Katawan ni Kristo bilang bagong tao ay dapat na eksaktong katulad ng pamumuhay ni Hesus na inihayag sa mga Ebanghelyo—Gal. 6:17-18; Roma 1:1, 9; Efe. 4:20-24; Fil. 2:5; Mat. 11:29; 1 Ped. 2:21.

   **Gal. 6:17-18**—Kaya mula ngayon ay huwag akong guluhin ninuman, sapagkat taglay ko sa aking katawan ang mga tatak ni Hesus. [18]Ang biyaya ng ating Panginoong Hesu-Kristo ay sumainyong espiritu, mga kapatid. Amen.

**Roma 1:1**—Si Pablo, isang alipin ni Kristo Hesus, isang tinawag na apostol, ibinukod tungo sa ebanghelyo ng Diyos.

**Roma 1:9**—Sapagkat saksi ko ang Diyos, na siyang aking pinaglilingkuran sa aking espiritu sa ebanghelyo ng Kanyang Anak, kung paanong walang patid ko kayong binabanggit lagi sa aking mga panalangin.

**Efe. 4:20-24**—Ngunit hindi sa ganoon ninyo natutuhan si Kristo, [21]Kung tunay na Siya ay inyong narinig at kayo ay naturuan sa Kanya kung paanong ang realidad ay na kay Hesus. [22]Na inyong hubarin, tungkol sa paraan ng inyong dating pamumuhay, ang lumang tao, na pinasasamâ ayon sa mga pita ng daya, [23]At na kayo ay mapabago sa espiritu ng inyong kaisipan [24]At inyong ibihis ang bagong tao, na nilikha ayon sa Diyos sa katuwiran at kabanalan ng realidad.

**Fil. 2:5**—Mapasainyo ang ganitong pag-iisip, na na kay Kristo Hesus din naman.

**Mat. 11:29**—Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa.

**1 Ped. 2:21**—Sapagkat ukol dito ay tinawag kayo, dahil si Kristo rin naman ay nagdusa alang-alang sa inyo, nag-iwan sa inyo ng modelo upang kayo ay sumunod sa Kanyang mga yapak.

E. Ang layunin ng Diyos sa pagsusugo sa Panginoong Hesus upang maging tao ay para mamuhay Siya ng isang Diyos-taong buhay sa pamamagitan ng dibinong buhay; kapag kinakain natin Siya, nabubuhay tayo dahil sa Kanya upang maging isang pansansinukob na dakilang tao na eksaktong katulad Niya—isang taong ipinamumuhay ang Diyos-taong buhay sa pamamagitan ng dibinong buhay—Panag. 3:22-24, 55-56; Apoc. 2:4, 7; Juan 6:57, 63; Jer. 15:16; Efe. 6:17-18; Awit 119:15.

**Panag. 3:22-24**—Ang tapat na pag-ibig [ni Jehovah] ay hindi nagmamaliw, ang kanyang mga habag ay hindi natatapos; [23]sariwa ang mga iyon tuwing umaga, dakila ang iyong katapatan. [24]Ang Panginoon ay aking bahagi, sabi ng aking kaluluwa; kaya't ako'y aasa sa kanya.

**Panag. 3:55-56**—Ako'y tumawag sa iyong pangalan, O [Jehovah], mula sa kalaliman ng hukay; [56]pinakinggan mo ang aking pakiusap! Huwag mong itago ang iyong pandinig sa saklolo, mula sa paghingi ko ng tulong.

**Apoc. 2:4**—Ngunit mayroon Akong isang bagay na laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pag-ibig.

**Apoc. 2:7**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

**Juan 6:57**—Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin.

**Juan 6:63**—Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

**Jer. 15:16**—Ang iyong mga salita ay natagpuan, at aking kinain; at sa ganang akin ang iyong mga salita ay katuwaan at kagalakan ng aking puso, sapagkat ako'y tinatawag sa iyong pangalan, O [Jehovah], Diyos ng mga hukbo.

**Efe. 6:17-18**—At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na ang Espiritu ay ang salita ng Diyos, [18]Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal.

**Awit. 119:15**—Ako'y magbubulay-bulay sa mga tuntunin mo, at igagalang ang mga daan mo.

**II. Ang tanging buhay na kalugod-lugod sa Diyos ay ang buhay na pag-uulit ng buhay na ipinamuhay ni Kristo sa lupa; ito ang buhay na nararanasan si Kristo sa Kanyang mga karanasan bilang handog na sinusunog—Lev. 1:9; Juan 8:29; 2 Cor. 5:9:**

**Lev. 1:9—**Ngunit ang mga lamang-loob at mga paa ay huhugasan niya ng tubig. Susunugin ng pari ang kabuuan nito sa ibabaw ng dambana bilang handog na sinusunog, isang handog na pinaraan sa apoy na isang mabangong samyo sa [kay Jehovah].
**Juan 8:29**—At Siyang nagsugo sa Akin ay kasama Ko; hindi Niya Ako pinabayaang nag-iisa, sapagkat ginagawa Kong lagi ang mga bagay na nakalulugod sa Kanya.
**2 Cor. 5:9**—Kaya't determinado rin kami, nasa tahanan man o nasa malayo, na matamo ang karangalan na maging kalugod-lugod sa Kanya.

A. Ang handog na sinusunog ay sumasagisag kay Kristo sa Kanyang pamumuhay ng isang buhay na lubusang para sa Diyos at para sa kasiyahan ng Diyos; ang handog na sinusunog ay sumasagisag din kay Kristo sa Kanyang pagiging buhay na nagbibigay-kakayahan sa bayan ng Diyos na magkaroon ng gayong pamumuhay—Lev. 1:3; Bil. 28:2-3; Juan 5:30; 6:38; 8:29; Heb. 10:5-10.

**Lev. 1:3** –Kung ang kanyang alay ay isang handog na sinusunog mula sa bakahan, mag-aalay siya ng isang lalaking walang kapintasan. Ito ay kanyang dadalhin sa pintuan ng toldang tipanan, upang siya ay tanggapin sa harapan [ni Jehovah].
**Bil. 28:2-3**—Iutos mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Ang aking alay, ang aking pagkain na handog sa akin na pinaraan sa apoy bilang mabangong samyo sa akin ay pagsikapan mong ihandog sa akin sa takdang panahon. [3]Iyong sasabihin sa kanila, Ito ang handog na pinaraan sa apoy na inyong ihahandog [kay Jehovah]; mga korderong lalaki na isang taong gulang na walang kapintasan, dalawa araw-araw, bilang palagiang handog na sinusunog.
**Juan 5:30**—Hindi Ako makagagawa ng anuman mula sa Aking sarili; humahatol Ako ayon sa Aking naririnig, at ang Aking paghatol ay matuwid, sapagkat hindi Ko hinahanap ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin.
**Juan 6:38**—Sapagkat bumaba Ako mula sa langit hindi upang gawin ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin.
**Juan 8:29**—At Siyang nagsugo sa Akin ay kasama Ko; hindi Niya Ako pinabayaang nag-iisa, sapagkat ginagawa Kong lagi ang mga bagay na nakalulugod sa Kanya.
**Heb. 10:5-10**—Kaya, pagdating sa sanlibutan, sinasabi Niya, Ang hain at handog ay hindi Mo ninais, ngunit isang katawan ang inihanda Mo para sa Akin. [6]Sa mga handog na sinusunog at mga hain para sa kasalanan ay hindi Ka nalugod. [7]Pagkatapos ay sinabi Ko, Narito, Ako ay dumating (sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol sa Akin) upang gawin ang Iyong kalooban, O Diyos. [8]Sa itaas ay sinasabi, Ang mga hain at mga handog at mga handog na sinusunog at mga hain para sa kasalanan ay hindi Mo ninais ni kinalugdan (na mga inihahandog ayon sa kautusan), [9]Pagkatapos ay sinabi Niya, Narito, Ako ay dumating upang gawin ang Iyong kalooban. Inaalis Niya ang una upang maitatag Niya ang ikalawa, [10]Na sa pamamagitan ng kaloobang iyon ay pinabanal na tayo sa pamamagitan ng paghahandog ng katawan ni Hesu-Kristo nang minsanan.

B. Ang salitang isinaling "handog na sinusunog" ay tumutukoy sa isang bagay na umaakyat; ang pag-akyat na ito ay tumutukoy kay Kristo (Lev. 1:3, 10, 14); ang tanging bagay na makaaakyat sa Diyos mula sa lupa ay ang buhay na ipinamuhay ni Kristo, sapagkat Siya ang namumukod-tanging tao na namuhay ng isang buhay na lubusang para sa Diyos (Juan 6:38).

**Lev. 1:3**—Kung ang kanyang alay ay isang handog na sinusunog mula sa bakahan, mag-aalay siya ng isang lalaking walang kapintasan. Ito ay kanyang dadalhin sa pintuan ng toldang tipanan, upang siya ay tanggapin sa harapan [ni Jehovah].

**Lev. 1:10**—Kung ang kanyang kaloob para sa handog na sinusunog ay mula sa kawan, sa mga tupa, o sa mga kambing, siya ay maghahandog ng isang lalaking walang kapintasan.

**Levi 1:14**—Kung ang kanyang alay [kay Jehovah] ay handog na sinusunog na mula sa mga ibon, ang ihahandog niya ay mga batu-bato o mga batang kalapati.

**Juan 6:38**—Sapagkat bumaba Ako mula sa langit hindi upang gawin ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin.

C. Ang handog na sinusunog ay "isang nakasisiyang samyo kay Jehovah" (Lev. 1:9); ang mga salitang Hebreo na isinaling "nakasisiyang samyo" ay literal na nangangahulugang "samyo ng kapahingahan o kasiyahan"; ang nakasisiyang samyo ay isang samyo na nagdadala ng kasiyahan, kapayapaan, at kapahingahan; ang gayong nakasisiyang samyo ay isang katamasahan sa Diyos.

**Lev. 1:9**—Ngunit ang mga lamang-loob at mga paa ay huhugasan niya ng tubig. Susunugin ng pari ang kabuuan nito sa ibabaw ng dambana bilang handog na sinusunog, isang handog na pinaraan sa apoy na isang mabangong samyo sa [kay Jehovah].

D. Ang buhay ni Kristo sa loob natin ay ang realidad ng handog na sinusunog—ito ay isang buhay ng pagsunod, isang buhay ng pagpapasailalim, at isang buhay ng ganap na pagdepende sa Diyos ayon sa prinsipyo ng puno ng buhay—Fil. 2:8; Juan 5:19, 30; Heb. 5:8; 10:7:

**Fil. 2:8**—At nang masumpungan sa wangis ng tao, Siya ay nagpakumbaba, naging masunurin maging hanggang sa kamatayan, at iyon ay ang kamatayan sa krus. **Juan 5:19**—Kaya't sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Walang anumang magagawa ang Anak mula sa Kanyang sarili kundi kung ano ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama, sapagkat anuman ang ginagawa ng Isang iyon, ang mga bagay na ito ang ginagawa rin ng Anak sa gayunding paraan. **Juan 5:30**—Hindi Ako makagagawa ng anuman mula sa Aking sarili; humahatol Ako ayon sa Aking naririnig, at ang Aking paghatol ay matuwid, sapagkat hindi Ko hinahanap ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin. **Heb. 5:8**—Bagama't Siya'y Anak, ay natuto ng pagsunod mula sa mga bagay na Kanyang pinagdusahan.

**Heb. 10:7**—Pagkatapos ay sinabi Ko, Narito, Ako ay dumating (sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol sa Akin) upang gawin ang Iyong kalooban, O Diyos."

1. Ang pagkilos ng tao nang mag-isa at mapagsarili hiwalay sa at sa labas ng Diyos ay kasalanan; ninanais ng Diyos na kumilos tayo ayon sa Kanyang mga tagubilin sa lahat ng bagay—Awit 40:7-8; 1 Juan 3:4.

   **Awit 40:7-8** Nang magkagayo'y sinabi ko: Narito, ako'y dumarating; sa balumbon ng aklat ay nakasulat ang tungkol sa akin; [8]kinaluluguran kong sundin ang iyong kalooban, O Diyos ko; ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso.

   **1 Juan 3:4** Ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay gumagawa rin ng katiwalian, at ang kasalanan ay katiwalian.

2. "Sinumang hindi tumatanggap sa kaharian ng Diyos gaya ng isang maliit na bata ay hinding-hindi makapapasok dito" (Luc. 18:17); ninanais ng Diyos na tayo ay maging tulad ng maliit na bata sa lahat ng panahon sapagkat ninanais Niyang dumepende

tayo sa Kanya sa lahat ng panahon; ang pagtitiwala sa sarili ay ang kaaway ng pagdepende sa Diyos.

**Luc. 18:17** Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Sinumang hindi tumatanggap sa kaharian ng Diyos gaya ng isang maliit na bata ay hinding-hindi makapapasok dito.

E. Sa pamamagitan ng pagpapatong ng ating kamay kay Kristo bilang ating handog na sinusunog sa pamamagitan ng wastong panalangin, naihuhugpong tayo sa Kanya, at Siya at tayo ay nagiging isa; habang nabubuhay si Kristo sa loob natin, inuulit Niya sa atin ang buhay na ipinamuhay Niya sa lupa, ang buhay ng handog na sinusunog—b. 4; 1 Cor. 6:17; Gal. 2:20.

**Lev. 1:4**—Ipapatong niya ang kanyang kamay sa ulo ng handog na sinusunog at ito ay tatanggapin para sa ikatutubos niya.

**1 Cor. 6:17**—Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang espiritu.

**Gal. 2:20**—Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

F. Sa gayong pakikipag-isa, gayong pagkakakilalang kaisa, ang lahat ng ating kahinaan, kapintasan, at kamalian ay kinukuha Niya—2 Cor. 5:21; Gal. 2:20a.

**2 Cor. 5:21**—Siya na hindi nakakilala ng kasalanan ay ginawa Niyang kasalanan alang-alang sa atin, upang tayo ay maging katuwiran ng Diyos sa loob Niya.

**Gal. 2:20a**—Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

G. Dapat nating hayaan ang Panginoon na sunugin tayo nang sa gayon ay maging palagiang handog na sinusunog tayo upang sunugin ang iba at maging mga abo upang maging ang Bagong Herusalem para sa kahayagan ng Diyos—Awit 20:3; Lev. 1:16; 6:8-13; 1 Cor. 3:12a; Apoc. 3:12; 21:2, 10-11, 18-21:

**Awit. 20:3**—Maalala nawa niya ang lahat mong mga handog, at tanggapin niya ang iyong mga handog na sinusunog! (Selah).

**Lev. 1:16**—Aalisin niya ang butsi pati ang mga laman nito, at ihahagis sa silangang bahagi ng [altar], sa kinalalagyan ng mga abo.

**Lev. 6:8-13**—[Si Jehovah] ay nagsalita kay Moises, na sinasabi:
9Iutos mo ito kay Aaron at sa kanyang mga anak: Ito ang kautusan tungkol sa handog na sinusunog. Ang handog na sinusunog ay mananatili sa ibabaw ng [altar] sa buong magdamag hanggang umaga, samantalang ang apoy sa [altar] ay pananatilihing nagniningas doon.
10At isusuot ng [saserdote] ang kanyang mahabang kasuotang lino sa ibabaw ng kanyang mga pang-ilalim na lino kasunod ng kanyang katawan; at kukunin niya ang mga abo ng handog na sinusunog na sinunog sa apoy sa ibabaw ng [altar], at ilalagay niya sa tabi ng [altar].
11Pagkatapos nito, maghuhubad siya ng kanyang mga suot at magbibihis ng ibang mga kasuotan, at ilalabas ang mga abo sa kampo sa isang malinis na pook.
12Ang apoy sa ibabaw ng [altar] ay pananatilihing nagniningas doon, at hindi ito papatayin. Ang [saserdote] ay magsusunog ng kahoy sa ibabaw niyon tuwing umaga, at aayusin niya sa ibabaw niyon ang handog na kanyang susunugin, at kanyang susunugin ito kasama ang taba ng mga handog pangkapayapaan.
13Ang apoy ay pananatilihing nagniningas sa ibabaw ng [altar]; hindi ito papatayin.

**1 Cor. 3:12a**—Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

**Apoc. 3:12**—Ang nananaig ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hinding-hindi siya lalabas pa roon, at isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa buhat sa langit mula sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:10-11**—At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, [11]Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.

**Apoc. 21:18-21**—At ang pader nito ay gawa sa jaspe; at ang lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin. [19]Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagagayakan ng bawat isang mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda; [20]Ang ikalima ay sardonica; ang ikaanim ay sardio; ang ikapito ay crisolito; ang ikawalo ay berilo; ang ikasiyam ay topacio; ang ikasampu ay crisopasio; ang ikalabing-isa ay jacinto; ang ikalabindalawa ay amatista. [21]At ang labindalawang pintuan ay labindalawang perlas; bawat isa sa mga pintuan ay yari sa isang perlas. At ang lansangan ng lunsod ay dalisay na ginto, na gaya ng naaaninag na salamin.

1. Ang mga abo ay sumasagisag kay Kristo na naging wala; yamang tayo ay kaisa ni Kristo na naging mga abo, tayo rin ay naging mga abo, yaon ay, naging wala, naging zero—Marc. 9:12; Isa. 53:3; 1 Cor. 1:28; 2 Cor. 12:11.

   **Marc. 9:12**—At sinabi Niya sa kanila, Tunay na darating muna si Elias at panunumbalikin ang lahat ng bagay. At paanong nasusulat ang tungkol sa Anak ng Tao na Siya ay dapat magdusa ng maraming bagay at maituring na walang halaga.

   **Isa. 53:3**—Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong nagdurusa, at sanay sa kalungkutan; at gaya ng isa na pinagkublihan ng mukha ng mga tao, siya'y hinamak, at hindi natin siya pinahalagahan.

   **1 Cor. 1:28**—At ang mabababang bagay ng sanlibutan at ang mga hamak na bagay ay pinili ng Diyos, mga bagay na walang halaga, upang mapawalang-saysay Niya ang mga bagay na mahalaga.

   **2 Cor. 12:11**—Ako ay naging hangal; pinilit ninyo ako. Sapagkat dapat sana ay ako ang inyong kinilala; sapagkat sa anuman ay hindi ako mas mababa sa mga napakagagaling na apostol, bagaman ako ay walang kabuluhan.

2. Lalo tayong nakikilalang kaisa ni Kristo sa Kanyang kamatayan, lalo nating matatanto na tayo ay naging bunton ng mga abo; kapag tayo ay naging mga abo, hindi na tayo natural na tao; sa halip, tayo ay taong naipako na sa krus, natapos, at nasunog—Gal. 2:20a.

   **Gal. 2:20a**—Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

H. Ang paglalagay ng mga abo sa silangang bahagi ng altar, sa panig na sinisikatan ng araw, ay isang pagtukoy sa pagkabuhay na muli—Lev. 1:16; Juan 11:25; Fil. 3:10-11; 2 Cor. 1:9:

**Lev. 1:16**—Aalisin niya ang butsi pati ang mga laman nito, at ihahagis sa silangang bahagi ng [altar], sa kinalalagyan ng mga abo.

**Juan 11:25**—Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama't siya ay mamatay, ay mabubuhay.

**Fil. 3:10-11**—Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na ako ay iwinawangis sa Kanyang kamatayan, [11]Baka sakaling makaabot ako sa higit na pagkabuhay na muli mula sa mga patay.

**2 Cor. 1:9**—Tunay na kami mismo ay nagkaroon ng pagtugon ng kamatayan sa aming sarili, upang hindi namin dapat na ibatay ang aming tiwala sa aming sarili kundi sa Diyos, na nagbabangon ng mga patay.

1. Kay Kristo bilang handog na sinusunog, ang mga abo ay hindi ang katapusan—ang mga ito ang simula; ang mga abo ay nangangahulugang nailagay na si Kristo sa kamatayan, subalit ang silangan ay sumasagisag sa pagkabuhay na muli—Marc. 9:31.

   **Marc. 9:31**—Sapagkat tinuturuan Niya ang Kanyang mga disipulo. At sinabi Niya sa kanila, Ibibigay ang Anak ng Tao sa mga kamay ng mga tao, at kanilang papatayin Siya; at pagkapatay sa Kanya, pagkaraan ng tatlong araw ay babangon Siya.

2. Lalo tayong nagiging mga abo sa loob ni Kristo, lalo tayong mailalagay sa silangan, at sa silangan ay magkakaroon tayo ng katiyakan na ang araw ay sisikat at na mararanasan natin ang pagsikat ng araw ng pagkabuhay na muli—Fil. 3:10-11.

   **Fil. 3:10-11**—Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na ako ay iwinawangis sa Kanyang kamatayan, [11]Baka sakaling makaabot ako sa higit na pagkabuhay na muli mula sa mga patay.

I. Kalaunan, ang mga abo ay magiging ang Bagong Herusalem—Apoc. 3:12; 21:2, 10-11:

**Apoc. 3:12**—Ang nananaig ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hinding-hindi siya lalabas pa roon, at isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa buhat sa langit mula sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:10-11**—At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, [11]Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.

1. Dinadala tayo ng kamatayan ni Kristo sa katapusan, ginagawa tayong mga abo, at sa pagkabuhay na muli ang mga abo ay nagiging mga mahahalagang materyales para sa pagtatayo ng Diyos—1 Cor. 3:9b, 12a.

   **1 Cor. 3:9b**—Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos.

   **1 Cor. 3:12a**—Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak,mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

2. Kapag tayo ay naging mga abo, nadadala tayo sa pagtatransporma ng Tres-unong Diyos upang maging mga mahahalagang materyales para sa pagtatayo ng Bagong Herusalem—Roma 12:1-2; 2 Cor. 3:18; Apoc. 21:18-21.

**Roma 12:1-2**—Kaya't aking hinihikayat kayo, mga kapatid, sa pamamagitan ng mga kahahabagan ng Diyos, na ialay ninyo ang inyong mga katawan na isang haing buháy, banal, kalugod-lugod sa Diyos, na inyong makatwirang paglilingkod. [2]At huwag kayong maiwangis sa kapanahunang ito, kundi matransporma sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan upang mapatunayan ninyo kung ano ang kalooban ng Diyos, yaong mabuti at kalugod-lugod at sakdal.

**2 Cor. 3:18**—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

**Apoc. 21:18-21**—At ang pader nito ay gawa sa jaspe; at ang lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin. [19]Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagagayakan ng bawat isang mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda; [20]Ang ikalima ay sardonica; ang ikaanim ay sardio; ang ikapito ay crisolito; ang ikawalo ay berilo; ang ikasiyam ay topacio; ang ikasampu ay crisopasio; ang ikalabing-isa ay jacinto; ang ikalabindalawa ay amatista. [21]At ang labindalawang pintuan ay labindalawang perlas; bawat isa sa mga pintuan ay yari sa isang perlas. At ang lansangan ng lunsod ay dalisay na ginto, na gaya ng naaaninag na salamin.

**III. Sa pagsasagawa ng Bagong Tipang ministeryo ng Diyos, ang Panginoong Hesus, bilang realidad ng handog na sinusunog, ay hindi gumawa ng anumang bagay na mula sa Kanyang sarili (Juan 5:19), hindi Siya gumawa ng Kanyang sariling gawain (4:34; 17:4), hindi Siya nagsalita ng Kanyang sariling salita (14:10, 24), ginawa Niya ang lahat ng bagay hindi sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban (5:30), at hindi Niya hinanap ang Kanyang sariling kaluwalhatian (7:18); hindi Siya kailanman napanghinaan ng loob dahil Siya ay nasisiyahan lamang sa Diyos (Isa. 42:4; 50:4-5; 53:2a; cf. Juan 4:13-14; 6:15; Marc. 9:7-8):**

**Juan 5:19**—Kaya't sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Walang anumang magagawa ang Anak mula sa Kanyang sarili kundi kung ano ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama, sapagkat anuman ang ginagawa ng Isang iyon, ang mga bagay na ito ang ginagawa rin ng Anak sa gayunding paraan.

**Juan 4:34**—Sinabi sa kanila ni Hesus, Ang Aking pagkain ay ang gawin ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin at tapusin ang Kanyang gawain.

**Juan 17:4**—Niluwalhati Kita sa lupa, sa pagtapos Ko ng gawain na ipinagagawa Mo sa Akin.

**Juan 14:10**—Hindi ka ba sumasampalataya na Ako ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Akin? Ang mga salitang sinasabi Ko sa inyo ay hindi Ko sinasalita mula sa Aking sarili, kundi ang Ama na nananahan sa Akin ang gumagawa ng Kanyang mga gawa.

**Juan 14:24**—Ang hindi umiibig sa Akin ay hindi tumutupad ng Aking mga salita; at ang salitang inyong naririnig ay hindi Akin, kundi sa Amang nagsugo sa Akin.

**Juan 5:30**—Hindi Ako makagagawa ng anuman mula sa Aking sarili; humahatol Ako ayon sa Aking naririnig, at ang Aking paghatol ay matuwid, sapagkat hindi Ko hinahanap ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin.

**Juan 7:18**—Siya na nagsasalita mula sa kanyang sarili ay naghahanap ng kanyang sariling kaluwalhatian; ngunit Siya na naghahanap ng kaluwalhatian Niyaong nagsugo sa Kanya, ang Isang ito ay totoo, at ang kalikuan ay wala sa Kanya.

**Isa. 42:4**—Siya'y hindi manlulupaypay o madudurog man, hanggang sa maitatag niya sa lupa ang katarungan; at ang mga pulo ay maghihintay sa kanyang kautusan.

**Isa. 50:4-5**—Binigyan ako ng Panginoong [Jehovah] ng dila ng mga naturuan, upang aking malaman kung paanong aalalayan ng mga salita ang nanlulupaypay. Siya'y nagigising tuwing umaga, ginigising niya ang aking pandinig upang makinig na gaya ng mga naturuan. [5]Binuksan ng Panginoong [Jehovah] ang aking pandinig, at ako'y hindi naging mapaghimagsik, o tumalikod man.

**Isa. 53:2a**—Sapagkat siya'y tumubo sa harapan niya na gaya ng sariwang pananim at gaya ng ugat sa tuyong lupa. Siya'y walang anyo o kagandahan man na dapat nating pagmasdan siya, at walang kagandahan na maiibigan natin sa kanya.

**cf. Juan 4:13-14**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Ang bawat umiinom ng tubig na ito ay muling mauuhaw, [14]Subalit ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan.

**cf. Juan 6:15**—Kaya si Hesus, nalalamang papalapit sila at susunggaban Siya upang gawin Siyang Hari, ay muling umalis patungo sa bundok nang nag-iisa.

**Marc. 9:7-8**—At dumating ang isang ulap na nilililiman sila, at isang tinig ang nanggaling sa ulap: Ito ang Aking Anak, ang Minamahal. Pakinggan ninyo Siya! [8]At pagdaka, nang tumingin sila sa paligid, wala na silang nakitang sinumang kasama nila kundi si Hesus lamang.

A. Ang buhay ng Panginoon ay ang Kanyang gawain, Kanyang pagkilos, at Kanyang ministeryo; ang Kanyang gawain ay ang Kanyang pamumuhay, at ang Kanyang pagkilos ay ang Kanyang katauhan; sa Kanya ay walang pagkakaiba sa pagitan ng Kanyang buhay, Kanyang gawain, Kanyang pagkilos, at Kanyang ministeryo; ipinamuhay ng Panginoong Hesus ang Kanyang ministeryo—cf. Luc. 22:26-27; Juan 10:10b; 1 Cor. 15:45b; 1 Juan 5:16a; 2 Cor. 3:6; Fil. 1:25.

**cf. Luc. 22:26-27**—Subalit hindi kayo dapat maging gayon; kundi ang pinakadakila sa inyo ay maging gaya ng pinakabata, at ang nangunguna ay maging gaya ng naglilingkod. [27]Sapagkat sino ang mas dakila, ang nakahilig ba sa dulang o ang naglilingkod? Hindi ba ang nakahilig sa dulang? Subalit Ako ay nasa gitna ninyo bilang isa na naglilingkod.

**Juan 10:10b**—Ang magnanakaw ay hindi pumaparito malibang magnakaw at pumatay at pumuksa; Ako ay pumarito upang sila ay magkaroon ng buhay at magkaroon nito nang sagana.

**1 Cor. 15:45**—Gayundin naman ay nasusulat, Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay; ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

**1 Juan 5:16**—Kung makita ng sinuman ang kanyang kapatid na nagkakasala ng kasalanang hindi sa ikamamatay, hihiling siya at magbibigay siya ng buhay sa kanya, sa mga nagkakasala ng hindi sa ikamamatay. May kasalanang sa ikamamatay; hindi ko sinasabing humiling siya hinggil doon.

**2 Cor. 3:6**—Na ginawa rin Niya kaming sapat na mga tagapaghain ng bagong tipan, mga tagapaghain hindi ng titik kundi ng Espiritu; sapagkat ang titik ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay ng buhay.

**Fil. 1:25**—At nagtitiwala sa bagay na ito, alam kong mananatili ako at magpapatuloy na kasama ninyong lahat para sa inyong pagsulong at kagalakan ng pananampalataya.

B. Ang Panginoong Hesus ay isang tao ng panalangin; malimit Siyang umakyat sa bundok o umalis patungo sa pribadong lugar upang manalangin—Mat. 14:23; Marc. 1:35; Luc. 5:16; 6:12; 9:28.

**Mat. 14:23**—At pagkatapos Niyang paalisin ang mga kalipunan, umakyat Siyang mag-isa sa bundok upang manalangin. At nang sumapit ang gabi, Siya ay nag-iisa roon.

**Marc. 1:35**—At pagkabangon nang maagang-maaga, samantalang gabi pa, lumabas Siya at pumunta sa isang ilang na lugar, at nanalangin Siya roon.

**Luc. 5:16**—Subalit Siya mismo ay madalas na lumalayo patungo sa ilang at nananalangin.

**Luc. 6:12**—At sa mga araw na ito ay pumunta Siya sa bundok upang manalangin, at ginugol Niya ang buong gabi sa pananalangin sa Diyos.

**Luc. 9:28**—At mga walong araw pagkatapos ng mga salitang ito, isinama Niya sina Pedro at Juan at Santiago, at umakyat sa bundok upang manalangin.

C. Pagkatapos ng himala ng pagpapakain sa limanlibo, pinilit Niya ang mga disipulo na iwanan Siya upang magkaroon Siya ng mas maraming panahon na makapanalanging mag-isa sa Ama—Mat. 14:22-23:

**Mat. 14:22-23**—At kaagad na pinilit Niya ang mga disipulo na lumulan sa bangka at mauna sa Kanya sa kabilang ibayo, habang pinaaalis Niya ang mga kalipunan. [23]At pagkatapos Niyang paalisin ang mga kalipunan, umakyat Siyang mag-isa sa bundok upang manalangin. At nang sumapit ang gabi, Siya ay nag-iisa roon.

1. Tumatayo sa katayuan ng tao (4:4), ang makalangit na Hari, bilang minamahal na Anak ng Ama (3:17), ay nangailangang manalangin nang mag-isa sa Kanyang Ama na nasa kalangitan, upang maging kaisa Siya ng Ama at makasama Niya ang Ama sa anumang ginagawa Niya sa lupa para sa pagtatatag ng kaharian ng kalangitan.

   **Mat. 4:4**—Subalit sumagot Siya at nagsabi, Nasusulat, Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, bagkus sa bawat salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.

   **Mat. 3:17**—At narito, may isang tinig mula sa kalangitan, na nagsasabi, Ito ang Aking Anak, ang Minamahal, sa Kanya Ko nasumpungan ang Aking kaluguran.

2. Hindi Niya ito ginawa sa ilang na lugar kundi sa bundok, iniiwan ang lahat ng tao, maging ang Kanyang mga disipulo, upang makaugnay Niya ang Ama nang nag-iisa.

D. Dahil Siya ay isang tao ng panalangin na kaisa ng Diyos, hindi Siya kailanman nag-iisa, sapagkat ang Ama ay kasama Niya; sa bawat sandali ay nakita Niya ang mukha ng Kanyang Ama—Juan 5:19; 16:32; Awit 16:7-8; cf. 27:8.

**Juan 5:19**—Kaya't sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Walang anumang magagawa ang Anak mula sa Kanyang sarili kundi kung ano ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama, sapagkat anuman ang ginagawa ng Isang iyon, ang mga bagay na ito ang ginagawa rin ng Anak sa gayunding paraan.

**Juan 16:32**—Narito, darating ang oras, at dumating na, na kayo ay mangangalat, ang bawat isa sa kanya-kanyang lugar at iiwan Akong mag-isa; subalit hindi Ako nag-iisa, sapagkat ang Ama ay kasama Ko.

**Awit. 16:7-8**—Aking pupurihin [si Jehovah] na nagbibigay sa akin ng payo; maging sa gabi ay tinuturuan ako ng aking puso. [8]Lagi kong pinananatili [si Jehovah] sa aking harapan; hindi ako matitinag, sapagkat siya ay nasa aking kanan.

**cf. Awit 27:8**—Sinabi mo, Hanapin ninyo ang aking mukha; sabi ng aking puso sa iyo, Ang iyong mukha, [O Jehovah], ay aking hinahanap.

**IV. Kapag tayo ay nananahan sa pag-ibig na siyang Diyos Mismo, ang pag-ibig ay "napasakdal sa atin, upang magkaroon tayo ng katapangan sa araw ng paghahatol sapagkat <u>kung ano nga Siya, gayundin naman tayo sa sanlibutang ito</u>" (1 Juan 4:17); si Kristo bilang realidad ng handog na sinusunog ay namuhay sa sanlibutang ito ng**

**buhay ng Diyos bilang pag-ibig, at Siya ngayon ang ating buhay upang maipamuhay natin ang parehong buhay ng pag-ibig sa sanlibutang ito at maging katulad Niya (3:14; 5:1; 2:6):**

**1 Juan 4:17**—Sa ganito ay napasakdal ang pag-ibig sa atin, upang magkaroon tayo ng katapangan sa araw ng paghahatol sapagkat kung ano nga Siya, gayundin naman tayo sa sanlibutang ito.

**1 Juan 3:14**—Alam nating tayo ay lumipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay sapagkat iniibig natin ang mga kapatid. Siya na hindi umiibig ay nananahan sa kamatayan.

**1 Juan 5:1**—Ang bawat sumasampalataya na si Hesus ang Kristo ay ipinanganak ng Diyos, at ang bawat umiibig sa Kanya na nanganak ay umiibig din sa kanya na ipinanganak Niya.

**1 Juan 2:6**—Siya na nagsasabing siya ay nananahan sa Kanya ay nararapat ding lumakad gaya ng Kanyang paglakad.

A. Ang kautusan ng Espiritu ng buhay sa ating espiritu ay ang kautusan ni Kristo bilang kautusan ng pag-ibig (Roma 8:2; Gal. 6:2); ang kautusan ng pag-ibig ay kailangang patunayan ng kautusan ng Espiritu ng buhay upang madala natin ang mga pasanin ng isa't isa; ngunit kung punô tayo ng kapalaluan, hindi natin madadala ang mga pasanin ng iba dahil dinadaya natin ang ating sarili sa pag-aakalang tayo ay mahalaga gayong hindi naman (b. 3).

   **Roma 8:2**—Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagpalaya sa akin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.

   **Gal. 6:2**—Dalhin ninyo ang mga pasanin ng isa't isa, at sa ganitong paraan ay matutupad ninyo nang ganap ang kautusan ni Kristo.

   **Gal. 6:3**—Sapagkat kung inaakala ng sinuman na siya ay mahalaga gayong hindi naman, dinadaya niya ang kanyang sarili.

B. Kapag ang kautusan ng pag-ibig ay napagana sa loob natin, awtomatiko at kusang-kusa tayong magiging mga pastol na mayroong umiibig at nagpapatawad na puso ng ating Amang Diyos at nagpapastol at naghahanap na espiritu ng ating Tagapagligtas na si Kristo—Juan 21:15-17; Luc. 15:3-7.

   **Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. [16]Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. [17]Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

   **Luc. 15:3-7**—At isinalaysay Niya sa kanila ang talinghagang ito, na nagsasabi, [4]Sino sa inyo, na may sandaang tupa at nawala ang isa sa mga ito, ang hindi iiwan ang siyamnapu't siyam sa bilang at hahanapin ang nawawala hanggang sa matagpuan niya ito? [5]At kapag natagpuan niya ito, papasanin niya ito sa kanyang mga balikat, na nagagalak. [6]At pagdating niya sa kanyang bahay, tatawagin niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay, na sinasabi sa kanila, Makigalak kayo sa akin, sapagkat natagpuan ko ang aking tupang nawala. [7]Sinasabi Ko sa inyo na sa gayunding paraan ay magkakaroon ng higit na kagalakan sa langit sa isang makasalanang nagsisisi kaysa sa siyamnapu't siyam na matuwid na hindi nangangailangan ng pagsisisi.

C. Kapag ang kautusan ng pag-ibig ay napapagana sa loob natin, ang ating pagpapagal sa Panginoon ay isang pagpapagal ng pag-ibig (1 Cor. 15:58; 1 Tes. 1:3) kung saan "[tinutulungan natin] ang mahihina" (Gawa 20:35) at "[inaalalayan] ang mahihina" (1 Tes. 5:14); *ang mahihina* ay tumutukoy sa mga mahihina sa kanilang espiritu o kaluluwa o katawan, o mahihina sa pananampalataya (Roma 14:1; 15:1)

**1 Cor. 15:58**—Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, maging matatag kayo, di-natitinag, laging sumasagana sa gawain ng Panginoon, nalalamang ang inyong pagpapagal ay hindi walang kabuluhan sa Panginoon.

**1 Tes. 1:3**—Inaalaala nang walang patid ang inyong gawa ng pananampalataya at pagpapagal ng pag-ibig at pagtitiis ng pag-asa sa ating Panginoong Hesu-Kristo, sa harapan ng ating Diyos at Ama.

**Gawa 20:35**—Sa lahat ng bagay ay ipinakita ko sa inyo sa pamamagitan ng halimbawa na sa ganitong pagpapagal ay dapat nating tulungan ang mahihina at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Hesus, na Siya Mismo ang nagsabi, Higit na pinagpala ang magbigay kaysa tumanggap.

**1 Tes. 5:14**—At hinihikayat namin kayo, mga kapatid, Paalalahanan ninyo ang magugulo, palakasin ang mahihina ang loob, alalayan ang mahihina, at maging matiisin kayo sa lahat.

**Roma 14:1**—Ngayon ang mahina sa pananampalataya ay tanggapin ninyo, ngunit hindi para sa layunin ng paghatol sa kanyang mga pagsasaalang-alang.

**Roma 15:1**—Subalit tayong malalakas ay nararapat magbatá ng mga kahinaan ng mahihina at huwag magbigay-lugod sa ating sarili.

D. Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na muli ay ipinastol ng Panginoon si Pedro at inatasan siyang pakainin ang Kanyang mga kordero at pastulin ang Kanyang mga tupa; ito ay ang ilakip ang apostolikong ministeryo sa makalangit na ministeryo ni Kristo upang pangalagaan ang kawan ng Diyos, ang ekklesia, na nagreresulta sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang mapasukdol sa Bagong Herusalem para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Juan 21:15-17.

**Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. 16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. 17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

*© 2026 Living Stream Ministry*

Mensahe Apat

## Ipinamumuhay ang Buhay ng isang Diyos-tao sa pamamagitan ng Pamumuhay sa Kaharian ng Diyos bilang Kinasasaklawan ng Dibinong Espesye

Babasahin sa Kasulatan: Marc. 1:15; Juan 3:3, 5-6; 1:12-13;
2 Ped. 1:4; 1 Juan 3:1

**Marc. 1:15**—At nagsasabi, Naganap na ang panahon at malapit na ang kaharian ng Diyos. Magsisi kayo at manampalataya sa ebanghelyo.

**Juan 3:3**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.

**Juan 3:5-6**—Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos.
6Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

**Juan 1:12-13**—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang
pangalan, 13Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

**2 Ped. 1:4**—Na sa pamamagitan ng mga ito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang mahalaga at napakadakilang mga pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay maging mga nakikibahagi kayo sa dibinong kalikasan, yamang nakatakas na sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa pita.

**1 Juan 3:1**—Masdan ninyo kung anong uri ng pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang matawag tayong mga anak ng Diyos; at tayo nga. Dahil dito ay hindi tayo nakikilala ng sanlibutan, sapagkat hindi Siya nakilala nito.

**I. Dahil tayo ay ipinanganak ng Diyos, tayo ay espesye ng Diyos; yaon ay, tayo ay Diyos sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos—Juan 3:3, 5-8.**

**Juan 3:3**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.

**Juan 3:5-8**—Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos.
6Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu. 7Huwag
kang magtaka na sinabi Ko sa iyo, Kayo ay kinakailangang ipanganak na muli. 8Humihihip
ang hangin kung saan nito ibig, at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo alam kung saan ito nanggagaling at kung saan ito patutungo; gayon ang bawat isa na ipinanganak ng Espiritu.

**II. Ang mga Diyos-tao ay may dibinong karapatan na makilahok sa espesye ng Diyos—bb. 3, 5-6; 18:36.**

**Juan 3:3**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.

**Juan 3:5-6**—Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos.
6Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

**Juan 18:36**—Sumagot si Hesus, Ang kaharian Ko ay hindi sa sanlibutang ito. Kung ang kaharian Ko ay sa sanlibutang ito, ang Aking mga tagapaglingkod ay makikipagbaka upang hindi Ako maibigay sa mga Hudyo; ngunit ngayon, ang Aking kaharian ay hindi mula rito.

**III. Bilang mga mananampalataya kay Kristo, ipinamumuhay natin ang buhay ng isang Diyos-tao—Marc. 1:15; Juan 14:17b, 20; Roma 8:9a, 10; Gal. 5:25:**

**Marc. 1:15**—At nagsasabi, Naganap na ang panahon at malapit na ang kaharian ng Diyos. Magsisi kayo at manampalataya sa ebanghelyo.

**Juan 14:17b**—Samakatwid ay ang Espiritu ng realidad, na hindi matatanggap ng sanlibutan, sapagkat hindi nito Siya nakikita o nakikilala man Siya; ngunit Siya ay nakikilala ninyo, sapagkat Siya ay nananahang kasama ninyo, at pasasaloob ninyo.

**Juan 14:20**—Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako ay nasa Aking Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo.

**Roma 8:9a**—Ngunit kayo ay wala sa laman, kundi nasa espiritu, kung tunay na ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo. Ngunit kung ang sinuman ay walang Espiritu ni Kristo, siya ay hindi sa Kanya.

**Roma 8:10**—Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran.

**Gal. 5:25**—Kung tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, lumakad din tayo sa pamamagitan ng Espiritu.

A. Kay Kristo, ang Diyos ay naibuo tungo sa tao, ang tao ay naibuo tungo sa Diyos, at ang Diyos at tao ay pinagsama upang maging isang entidad, na tinatawag na Diyos-tao—Mat. 1:21, 23; Luc. 1:35; Tito 2:13; 1 Tim. 2:5.

**Mat. 1:21**—At magsisilang siya ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Hesus ang Kanyang pangalan, sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan.

**Mat. 1:23**—“Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan” (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

**Luc. 1:35**—At sumagot ang anghel at sinabi sa kanya, Darating sa iyo ang Espiritu Santo at lililim sa iyo ang kapangyarihan ng Kataas-taasan; kaya’t ang banal na bagay na isisilang ay tatawaging Anak ng Diyos.

**Tito 2:13**—Naghihintay sa pinagpalang pag-asa, maging sa pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas, si Hesu-Kristo.

**1 Tim. 2:5**—Sapagkat may isang Diyos at isang Tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Kristo Hesus,

B. Ang mga Diyos-tao, ang mga anak ng Diyos, ay ang duplikasyon at pagpapatuloy ni Kristo, ang unang Diyos-tao—Juan 12:24; Heb. 2:10; Roma 8:29.

**Juan 12:24**—Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil.

**Heb. 2:10**—Sapagkat nararapat para sa Kanya, na pinag-uukulan ng lahat ng bagay at ang lahat ng bagay ay sa pamamagitan Niya, sa pagdadala sa maraming anak tungo sa kaluwalhatian, na ang Maykatha ng kanilang kaligtasan ay gawing sakdal sa pamamagitan ng mga pagdurusa.

**Roma 8:29**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid;

C. Ang isang Diyos-tao ay isa na ipinanganak ng Diyos at bumabahagi sa buhay at kalikasan ng Diyos, nagiging kaisa ng Diyos sa Kanyang buhay at kalikasan at sa gayon ay inihahayag Siya—Juan 1:12-13; 3:15; 2 Ped. 1:4; 1 Cor. 6:17.

**Juan 1:12-13**—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan, [13]Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

**Juan 3:15**—Upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

**2 Ped. 1:4**—Na sa pamamagitan ng mga ito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang mahalaga at napakadakilang mga pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay maging mga nakikibahagi kayo sa dibinong kalikasan, yamang nakatakas na sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa pita.

**1 Cor. 6:17**—Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang espiritu.

D. Ang isang Diyos-tao ay nabubuoan ng Diyos, tinataglay ang Diyos bilang kanyang buhay, kalikasan, at lahat-lahat; ang isang Diyos-tao ay tao gayunman ay Diyos at Diyos gayunman ay tao—Efe. 3:16-17a.

**Efe. 3:16-17a**—Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, [17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig.

E. Ang pantaong pamumuhay ni Kristo ay tao na ipinamumuhay ang Diyos upang ihayag ang mga katangian ng Diyos sa mga pantaong kagalingan, na napunuan, nasamahan, at natigmakan ng mga dibinong katangian—Luc. 1:26-35; 7:11-17; 10:25-37; 19:1-10.

**Luc. 1:26-35**—At sa ikaanim na buwan ay isinugo ang anghel na si Gabriel mula sa Diyos sa isang lunsod ng Galilea na tinatawag na Nazareth, [27]Sa isang birhen na ipinagkasundong ipakasal sa isang lalaki na nagngangalang Jose, mula sa sambahayan ni David; at ang pangalan ng birhen ay Maria. [28]At lumapit siya sa kanya at nagsabi, Magalak ka, ikaw na biniyayaan! Ang Panginoon ay sumasaiyo. [29]At lubha siyang nabagabag sa pananalitang ito at nagsimulang mag-isip kung anong uri ng pagbati ito. [30]At sinabi ng anghel sa kanya, Huwag kang matakot, Maria, sapagkat nakasumpong ka ng biyaya sa Diyos. [31]At narito, maglilihi ka sa iyong sinapupunan at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Hesus ang Kanyang pangalan. [32]Siya ay magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasan; at ibibigay sa Kanya ng Panginoong Diyos ang trono ni David na Kanyang ama, [33]At maghahari Siya sa sambahayan ni Jacob magpakailanman, at hindi magwawakas ang Kanyang kaharian. [34]Subalit sinabi ni Maria sa anghel, Paano mangyayari ito, yamang hindi pa ako nakakikilala ng lalaki? [35]At sumagot ang anghel at sinabi sa kanya, Darating sa iyo ang Espiritu Santo at lililim sa iyo ang kapangyarihan ng Kataas-taasan; kaya't ang banal na bagay na isisilang ay tatawaging Anak ng Diyos.

**Luc. 7:11-17**—At di-katagalan pagkatapos nito, pumunta Siya sa isang lunsod na tinatawag na Nain, at sumama sa Kanya ang Kanyang mga disipulo, gayundin ang

malaking kalipunan. [12]At habang papalapit Siya sa pintuan ng lunsod, narito, inilalabas
ang isang namatay, na kaisa-isang anak na lalaki ng kanyang ina, at siya ay isang balo;
at kasama niya ang isang malaking kalipunan mula sa lunsod. [13]At nang makita siya ng
Panginoon, nahabag Siya sa kanya at sinabi sa kanya, Huwag kang tumangis. [14]At
lumapit Siya at hinipo ang langkayan, at huminto ang mga nagbubuhat nito. At sinabi
Niya, Binata, sinasabi Ko sa iyo, Bumangon ka. [15]At umupo ang patay at nagsimulang
magsalita. At Kanyang ibinigay siya sa kanyang ina. [16]At pinanaigan ng takot ang lahat,
at niluwalhati nila ang Diyos, na nagsasabi, Isang dakilang propeta ang ibinangon sa
gitna natin, at, dinalaw ng Diyos ang Kanyang bayan! [17]At ang balitang ito hinggil sa
Kanya ay lumaganap sa buong Judea at sa buong nakapalibot na rehiyon.
**Luc. 10:25-37**—At narito, isang dalubhasa sa kautusan ang tumayo upang subukin
Siya, na nagsasabi, Guro, ano ang dapat kong gawin upang magmana ng buhay na
walang hanggan? [26]At sinabi Niya sa kanya, Ano ang nakasulat sa kautusan? Paano mo
ito binabasa? [27]At sumagot siya at nagsabi, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos mula
sa buong puso mo at nang buong kaluluwa mo at nang buong lakas mo at nang buong
pag-iisip mo, at ang iyong kapwa nang gaya sa iyong sarili." [28]At sinabi Niya sa kanya,
Tama ang sagot mo; gawin mo ito, at magkakaroon ka ng buhay. [29]Subalit siya, sa
pagnanais na ipagmatuwid ang kanyang sarili, ay nagsabi kay Hesus, At sino ang aking
kapwa? [30]Si Hesus, sa pagsagot sa katanungan, ay nagsabi, Isang lalaki ang bumababa
mula sa Herusalem patungong Jerico, at siya ay nahulog sa kamay ng mga tulisan, na
matapos siyang samsaman at bugbugin, ay umalis, at iniwan siyang halos patay na. [31]At
nagkataong isang saserdote ang bumababa sa daang iyon; at nang kanyang makita siya,
dumaan siya sa kabilang gilid. [32]At gayundin ang isang Levita, nang dumating siya sa
dakong iyon at makita siya, ay dumaan sa kabilang gilid. [33]Subalit isang Samaritano, na
naglalakbay, ang dumating sa kinaroroonan niya; at nang kanyang makita siya, siya ay
nahabag; [34]At lumapit siya sa kanya at tinalian ang kanyang mga sugat at binuhusan ang
mga ito ng langis at alak. At nang maisakay siya sa kanyang sariling hayop, dinala niya
siya sa isang bahay-panuluyan at inalagaan siya [35]At kinabukasan, dumukot siya ng
dalawang denario at ibinigay ang mga ito sa katiwala ng bahay-panuluyan at nagsabi,
Alagaan mo siya; at anuman ang gugugulin mong karagdagan dito, pagbalik ko ay
babayaran kita. [36]Alin sa tatlong ito, sa tingin mo, ang naging kapwa sa kanya na
nahulog sa mga kamay ng mga tulisan? [37]At sinabi niya, Ang isa na nagpakita ng awa sa
kanya. At sinabi sa kanya ni Hesus, Humayo ka, at gayundin ang gawin mo.
**Luc. 19:1-10**—At pumasok Siya at dumaan sa Jerico. [2]At narito, may isang lalaki na
nagngangalang Zaqueo; at siya ay isang punong maniningil ng buwis, at siya ay
mayaman. [3]At sinisikap niyang makita si Hesus, kung sino Siya, at hindi niya magawa
dahil sa kalipunan, sapagkat siya ay pandak. [4]At tumakbo siya sa unahan at umakyat sa
puno ng sikomoro upang makita Siya, sapagkat daraan na Siya sa daang iyon. [5]At
pagdating Niya sa lugar na iyon, tumingala si Hesus at sinabi sa kanya, Zaqueo,
magmadali ka at bumaba, sapagkat kailangan Kong tumuloy sa bahay mo ngayon. [6]At
nagmadali siya at bumaba, at tinanggap Siya, na nagagalak. [7]At nang makita nila ito,
nagbulong-bulungan silang lahat, na nagsasabi, Pumasok Siya upang makipanuluyan sa
isang taong makasalanan. [8]At tumayo si Zaqueo at sinabi sa Panginoon, Narito, ang
kalahati ng aking ari-arian, Panginoon, ay ibibigay ko sa mga dukha, at kung nakakuha
ako ng anuman mula sa kaninuman sa maling paratang, isasauli ko nang apat na ulit.
[9]At sinabi sa kanya ni Hesus, Sa araw na ito ay dumating ang kaligtasan sa bahay na ito,

sapagkat siya rin ay anak ni Abraham. [10]Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang nawawala.

F. Bilang pagpaparami at duplikasyon ng unang Diyos-tao, dapat nating ipamuhay ang parehong uri ng buhay na Kanyang ipinamuhay:

1. Ang Diyos-taong pamumuhay ng Panginoon ang nagtatag ng isang modelo para sa ating Diyos-taong pamumuhay—pagiging naipako sa krus upang ipamuhay ang Diyos nang sa gayon ay mahayag ang Diyos sa pagkatao—Gal. 2:20.

   **Gal. 2:20**—Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

2. Hindi namuhay ang Panginoong Hesus ng isang buhay na nagsisikap na maging espiritwal, banal, at matagumpay; namuhay Siya ng isang buhay na lubusang ayon sa at para sa Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos.

3. Sa apat na Ebanghelyo ay makikita natin si Hesus na namumuhay ng buhay ng isang Diyos-tao, at sa Mga Gawa ay makikita natin ang mga disipulo na namumuhay rin ng gayong buhay.

4. Namuhay si Kristo ng isang buhay ng pagdurusa, isang nagdurusang buhay; tayo ngayon ay ang Kanyang mga kasama na namumuhay ng parehong uri ng buhay; kapag nagdurusa tayo para kay Kristo, ang ating mga pagdurusa ay itinuturing ng Diyos na mga pagdurusa ni Kristo—Heb. 3:14.

   **Heb. 3:14**—Sapagkat tayo ay nagiging mga kasama ni Kristo, kung tunay ngang panghahawakan nating matibay ang pasimula ng katiyakan hanggang sa katapusan.

5. Kailangan nating itatwa ang ating sarili, maiwangis sa kamatayan ni Kristo, at idakila Siya sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Kanyang Espiritu—Mat. 16:24; Fil. 3:10; 1:19-21a.

   **Mat. 16:24**—Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.

   **Fil. 3:10**—Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na ako ay iwinawangis sa Kanyang kamatayan.

   **Fil. 1:19-21a**—Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, [20]Ayon sa aking labis na inaasahan at pag-asa na sa anuman ay hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayundin naman ngayon ay dadakilain si Kristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan. [21]Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang.

6. Ang Isa na namuhay ng buhay ng isang Diyos-tao ay ang Espiritu ngayon na nabubuhay sa loob natin at sa pamamagitan natin; kailangan nating itatwa ang paglilinang sa sarili at ang pagtatayo ng ating natural na tao at hindi pahintulutan ang anumang bagay liban sa Isang ito na pumuno sa atin at umukopa sa atin nang sa gayon ay maibuhay natin Siya at maihayag Siya nang personal at sama-sama sa ekklesia, na Kanyang Katawan—Efe. 3:16-19; 1:22-23.

**Efe. 3:16-19**—Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, [17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig, [18]Ay mapalakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang at haba at taas at lalim [19]At makilala ang humihigit sa kaalaman na pag-ibig ni Kristo, na kayo ay mapuspos hanggang sa buong kapuspusan Ng Diyos.

**Efe. 1:22-23**—At ipinasakop Niya ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa at pinagkalooban Siya na maging Ulo sa ibabaw ng lahat ng bagay tungo sa ekklesia, [23]Na siyang Katawan Niya, ang kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat.

**IV. Bilang mga mananampalataya kay Kristo, tayo ay namumuhay sa kaharian ng Diyos—Roma 14:17:**

**Roma 14:17**—Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay hindi pagkain at pag-inom, kundi katuwiran at kapayapaan at kagalakan sa Espiritu Santo.

A. Ang kaharian ng Diyos ay ang Diyos Mismo—Marc. 1:15; Mat. 6:33.

**Marc. 1:15**—At nagsasabi, Naganap na ang panahon at malapit na ang kaharian ng Diyos. Magsisi kayo at manampalataya sa ebanghelyo.

**Mat. 6:33**—Subalit hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng bagay na ito ay idaragdag sa inyo.

B. Ang kaharian ng Diyos ay ang Diyos sa loob ni Kristo bilang kabuoan ng dibinong buhay kasama ang lahat ng aktibidad nito—Juan 11:25; 10:10b; 14:6.

**Juan 11:25**—Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama't siya ay mamatay, ay mabubuhay;

**Juan 10:10b**—Ang magnanakaw ay hindi pumarito malibang magnakaw at pumatay at pumuksa; Ako ay pumarito upang sila ay magkaroon ng buhay at magkaroon nito nang sagana.

**Juan 14:6**—Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang daan at ang realidad at ang buhay; walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko.

C. Ang kaharian ng Diyos ay ang kinasasaklawan ng dibinong buhay para kumilos, gumawa, mamuno, at mamahala ang buhay na ito nang sa gayon ay maisakatuparan ng buhay ang layunin nito.

D. Ang kaharian ng Diyos ay isang organismong nabuoan ng buhay ng Diyos bilang kinasasaklawan ng buhay para sa Kanyang pamumuno, kung saan naghahari Siya sa pamamagitan ng Kanyang buhay at naghahayag ng Kanyang sarili bilang Dibinong Trinidad sa loob ng dibinong buhay—15:1-8, 16, 26.

**Juan 15:1-8**—Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang Aking Ama ang magsasaka. [2]Ang bawat sanga sa Akin na hindi namumunga ay Kanyang inaalis; at ang bawat sanga na namumunga ay pinuputulan Niya upang lalong mamunga. [3]Malilinis na kayo dahil sa salita na sinalita Ko sa inyo. [4]Manahan kayo sa Akin at Ako sa inyo. Gaya ng sanga na hindi makapamumunga sa sarili nito maliban na ito ay manahan sa puno ng ubas, gayon din naman kayo, malibang kayo ay manahan sa Akin. [5]Ako ang puno ng ubas; kayo ang mga sanga. Siya na nananahan sa Akin at Ako sa kanya, siya ay namumunga ng marami; sapagkat hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa. [6]Kung ang sinuman ay hindi mananahan sa Akin, siya ay itatapong katulad ng sanga at matutuyo; at sila ay kanilang

titipunin at ihahagis sa apoy, at sila ay masusunog. [7]Kung kayo ay mananahan sa Akin at ang mga salita Ko ay mananahan sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito ay mangyayari sa inyo. [8]Sa ganito ay naluluwalhati ang Aking Ama, na kayo ay mamunga ng marami at sa gayon kayo ay magiging Aking mga disipulo.

**Juan 15:16**—Hindi ninyo Ako pinili, ngunit pinili Ko kayo, at inilagay Ko kayo upang kayo ay humayo at mamunga at yaong ang bunga ninyo ay manatili, upang ang anumang inyong hingin sa Ama sa pangalan Ko ay ibigay Niya sa inyo.

**Juan 15:26**—Subalit pagparito ng Mang-aaliw, na isusugo Ko sa inyo mula sa Ama, ang Espiritu ng realidad, na nagmumula sa Ama, Siya ay magpapatotoo hinggil sa Akin;

E. Ang kaharian ng Diyos ay isang kinasasaklawan, hindi lamang ng dibinong kapamahalaan bagkus ng dibinong espesye rin, kung saan naroroon ang lahat ng dibinong bagay—3:3, 5-6; 18:36:

**Juan 3:3**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.

**Juan 3:5-6**—Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos. [6]Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

**Juan 18:36**—Sumagot si Hesus, Ang kaharian Ko ay hindi sa sanlibutang ito. Kung ang kaharian Ko ay sa sanlibutang ito, ang Aking mga tagapaglingkod ay makikipagbaka upang hindi Ako maibigay sa mga Hudyo; ngunit ngayon, ang Aking kaharian ay hindi mula rito.

1. Sa Juan 3, ang kaharian ng Diyos ay mas tumutukoy sa espesye ng Diyos kaysa sa paghahari ng Diyos.

   **Juan 3:1-36**—Ngunit may isang lalaki sa mga Fariseo na nagngangalang Nicodemo, isang pinuno ng mga Hudyo. [2]Ang isang ito ay pumunta sa Kanya nang gabi at nagsabi sa Kanya, Rabbi, alam namin na Ikaw ay nagbuhat sa Diyos bilang isang guro, sapagkat walang makagagawa ng mga tandang ito na Iyong ginagawa malibang kasama niya ang Diyos. [3]Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos. [4]Sinabi sa Kanya ni Nicodemo, Paanong maipanganganak ang isang tao kung siya ay matanda na? Makapapasok ba siya sa sinapupunan ng kanyang ina sa ikalawang pagkakataon at maipanganganak? [5]Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos. [6]Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu. [7]Huwag kang magtaka na sinabi Ko sa iyo, Kayo ay kinakailangang ipanganak na muli. [8]Humihihip ang hangin kung saan nito ibig, at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo alam kung saan ito nanggagaling at kung saan ito patutungo; gayon ang bawat isa na ipinanganak ng Espiritu. [9]Sumagot si Nicodemo at sinabi sa Kanya, Paanong mangyayari ang mga bagay na ito? [10]Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Ikaw ay guro ng Israel, at hindi mo nalalaman ang mga bagay na ito? [11]Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Sinasalita namin ang nalalaman namin at pinapatotohanan namin ang nakita namin, subalit hindi ninyo tinatanggap ang aming patotoo. [12]Kung sinabi Ko sa inyo ang tungkol sa mga bagay sa lupa at hindi ninyo pinaniniwalaan, paano ninyong paniniwalaan kung sasabihin

Ko sa inyo ang tungkol sa mga bagay sa langit? [13]At walang umakyat sa langit,
maliban sa Kanya na bumaba mula sa langit, ang Anak ng Tao, na nasa langit. [14]At
kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa ilang, gayundin naman kinakailangang
itaas ang Anak ng Tao, [15]Upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay
magkaroon ng buhay na walang hanggan. [16]Sapagkat gayon inibig ng Diyos ang
sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang
sumampalataya tungo sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay
na walang hanggan. [17]Sapagkat hindi isinugo ng Diyos ang Anak sa sanlibutan
upang kondenahin ang sanlibutan, kundi upang ang sanlibutan ay maligtas sa
pamamagitan Niya. [18]Ang sumasampalataya tungo sa Kanya ay hindi kinokondena;
ngunit ang hindi sumasampalataya ay kinondena na, sapagkat hindi siya
sumampalataya tungo sa pangalan ng bugtong na Anak ng Diyos. [19]At ito ang
kondenasyon, na ang liwanag ay dumating sa sanlibutan, at inibig ng mga tao ang
kadiliman sa halip na ang liwanag, sapagkat masasama ang kanilang mga gawa.
[20]Sapagkat ang bawat isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa liwanag, at hindi
lumalapit sa liwanag, baka mapagwikaan ang kanyang mga gawa. [21]Subalit ang
gumagawa ng katotohanan ay lumalapit sa liwanag, upang mahayag ang kanyang
mga gawa na ang mga ito ay ginawa sa Diyos. [22]Pagkatapos ng mga bagay na ito, si
Hesus at ang Kanyang mga disipulo ay pumaroon sa lupain ng Judea, at doon ay
nanatili Siya na kasama nila nang ilang panahon at nagbautismo. [23]At
nagbabautismo rin si Juan sa Aenon na malapit sa Salim, sapagkat maraming tubig
doon; at pumaroon ang mga tao at nabautismuhan; [24]Sapagkat hindi pa ipinapasok
sa bilangguan si Juan. [25]Noon nga ay nagkaroon ng pakikipagtalo ang mga disipulo
ni Juan sa isang Hudyo tungkol sa pagpapadalisay. [26]At lumapit sila kay Juan at
sinabi sa kanya, Rabbi, Siya na kasama mo sa kabilang ibayo ng Jordan, na iyong
pinatotohanan, tingnan mo, Siya ay nagbabautismo at ang lahat ay lumalapit sa
Kanya. [27]Sumagot si Juan at nagsabi, Hindi makatatanggap ng anuman ang isang tao
malibang ito ay ipinagkaloob sa kanya mula sa langit. [28]Kayo mismo ay
nagpapatotoo tungkol sa akin na sinabi ko, Hindi ako ang Kristo, kundi isinugo
akong una sa Kanya. [29]Siya na may kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki;
ngunit ang kaibigan ng kasintahang lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kanya, ay
lubos na nagagalak dahil sa tinig ng kasintahang lalaki. Kaya ang aking kagalakan
ay ganap na. [30]Siya ay kinakailangang madagdagan, ngunit ako ay kinakailangang
mabawasan. [31]Siya na nanggagaling sa itaas ay nakahihigit sa lahat; siya na galing
sa lupa ay tagalupa at nagsasalita mula sa lupa. Siya na nanggagaling sa langit ay
nakahihigit sa lahat. [32]Ang Kanyang nakita at narinig, ito ang pinapatotohanan Niya,
at walang sinumang tumatanggap ng Kanyang patotoo. [33]Ang tumatanggap ng
Kanyang patotoo ay nagtatatak na ang Diyos ay totoo. [34]Sapagkat Siya na isinugo ng
Diyos ay nagsasalita ng mga salita ng Diyos, sapagkat Kanyang ipinagkakaloob ang
Espiritu nang walang sukat. [35]Iniibig ng Ama ang Anak at ibinigay ang lahat ng
bagay sa Kanyang kamay. [36]Ang sumasampalataya tungo sa Anak ay may buhay na
walang hanggan; ngunit ang sumusuway sa Anak ay hindi makakakita ng buhay,
kundi ang poot ng Diyos ay nananahan sa kanya.

2. Ang Diyos ay naging tao upang pumasok sa pantaong espesye, at ang tao ay nagiging Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos upang pumasok sa kinasasaklawan ng dibinong espesye—1:1, 12-14; Roma 8:3; 1:3-4.

**Juan 1:1**—Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos.

**Juan 1:12-14**—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan, [13]Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos. [14]At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

**Roma 8:3**—Sapagkat ang kautusan, yaong hindi nito magawa, dahil mahina ito sa pamamagitan ng laman, ang Diyos, sa pagsusugo ng Kanyang sariling Anak sa wangis ng laman ng kasalanan at hinggil sa kasalanan, ay kinondena ang kasalanan sa laman,

**Roma 1:3-4**—Hinggil sa Kanyang Anak, na dumating mula sa binhi ni David ayon sa laman, [4]Na itinalagang Anak ng Diyos sa kapangyarihan ayon sa Espiritu ng kabanalan mula sa pagkabuhay na muli sa mga patay, si Hesu-Kristong ating Panginoon;

3. Upang makapasok sa kinasasaklawan ng dibinong espesye, kailangan tayong maipanganak ng Diyos upang magkaroon ng dibinong buhay at ng dibinong kalikasan—Juan 1:12-13; 3:3, 5-6, 15; 2 Ped. 1:4:

   **Juan 1:12-13**—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan, [13]Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

   **Juan 3:3**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.

   **Juan 3:5-6**—Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos. [6]Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

   **Juan 3:15**—Upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

   **2 Ped. 1:4**—Na sa pamamagitan ng mga ito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang mahalaga at napakadakilang mga pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay maging mga nakikibahagi kayo sa dibinong kalikasan, yamang nakatakas na sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa pita.

   a. Nilikha ng Diyos ang tao hindi ayon sa uri ng tao kundi sa Kanyang larawan at ayon sa Kanyang wangis upang maging uri ng Diyos, espesye ng Diyos—Gen. 1:26.

      **Gen. 1:26**—[At] sinabi ng Diyos, "Lalangin Natin ang tao sa ating larawan, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng [kapamahalaan] sa mga isda sa dagat at sa mga ibon sa himpapawid at sa mga hayop at sa buong lupa at sa bawat gumagapang [na bagay] sa ibabaw ng lupa."

   b. Ang mga mananampalataya, na ipinanganak ng Diyos sa pamamagitan ng pagsisilang na muli upang maging Kanyang mga anak sa Kanyang buhay at

kalikasan ngunit hindi sa Kanyang pagka-Diyos, ay mas uri ng Diyos kaysa kay Adam—Juan 1:12-13:

**Juan 1:12-13**—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan, [13]Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

(1) Si Adam ay may panlabas lamang na anyo nang walang panloob na realidad ng dibinong buhay.

(2) Tayo, ang mga mananampalataya kay Kristo at mga anak ng Diyos, ay may realidad ng dibinong buhay, at tayo ay tinatransporma at iwinawangis sa larawan ng Panginoon sa ating buong katauhan—2 Cor. 3:18; Roma 12:2; 8:29.

**2 Cor. 3:18**—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

**Roma 12:2**—At huwag kayong maiwangis sa kapanahunang ito, kundi matransporma sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan upang mapatunayan ninyo kung ano ang kalooban ng Diyos, yaong mabuti at kalugod-lugod at sakdal.

**Roma 8:29**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid;

(3) Ang ating ikalawang kapanganakan, ang pagkasilang na muli, ay nagsanhi sa atin na makapasok sa kaharian ng Diyos upang maging espesye ng Diyos—Juan 3:3, 5-6.

**Juan 3:3**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.

**Juan 3:5-6**—Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos. [6]Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

(4) Tayo ay isinilang na muli upang maging uri ng Diyos; bilang mga anak ng Diyos, tayo ay uri ng Diyos, espesye ng Diyos—Roma 8:19; Heb. 2:10.

**Roma 8:19**—Sapagkat ang masidhing pagbabantay ng sangnilikha ay sabik na naghihintay sa paghahayag sa mga anak na lalaki ng Diyos.

**Heb. 2:10**—Sapagkat nararapat para sa Kanya, na pinag-uukulan ng lahat ng bagay at ang lahat ng bagay ay sa pamamagitan Niya, sa pagdadala sa maraming anak tungo sa kaluwalhatian, na ang Maykatha ng kanilang kaligtasan ay gawing sakdal sa pamamagitan ng mga pagdurusa.

(5) Ang lahat ng anak ng Diyos ay nasa dibinong kinasasaklawan ng dibinong espesye—Juan 1:12-13; 3:3, 5.

**Juan 1:12-13**—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga

sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan, [13]Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

**Juan 3:3**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.

**Juan 3:5**—Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos.

(6) Ang mga mananampalataya ay mga Diyos-tao sa dibinong espesye, yaon ay, sa kaharian ng Diyos—1 Juan 3:1a; Juan 3:5.

**1 Juan 3:1a**—Masdan ninyo kung anong uri ng pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang matawag tayong mga anak ng Diyos; at tayo nga. Dahil dito ay hindi tayo nakikilala ng sanlibutan, sapagkat hindi Siya nakilala nito.

**Juan 3:5**—Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos.

F. Nabubuhay tayo sa kaharian ng Diyos bilang kinasasaklawan ng dibinong buhay sa pamamagitan ng pandama ng buhay—Roma 8:6.

**Roma 8:6**—Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.

G. Sa ekklesia, namumuhay tayo ngayon sa kaharian ng Diyos; ang Roma 14:17 ay isang matibay na patunay na ang kasalukuyang buhay-ekklesia ay ang kaharian.

**Roma 14:17**—Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay hindi pagkain at pag-inom, kundi katuwiran at kapayapaan at kagalakan sa Espiritu Santo.

H. Kapag ineensayo natin ang bahaging iyon natin na siyang bagong nilikha—si Kristo Mismo bilang elemento ng kaharian ng Diyos—tayo ay namumuhay sa kaharian ng Diyos.

I. Mamanahin ng mga mandaraig ang kaharian ni Kristo at ng Diyos upang makapasok sila sa pagpapakita ng kaharian ng kalangitan—2 Tim. 4:18.

**2 Tim. 4:18**—Ililigtas ako ng Panginoon sa bawat masamang gawa at ililigtas ako tungo sa Kanyang makalangit na kaharian, suma-Kanya ang kaluwalhatian magpakailan pa man. Amen.

**V. Makikita natin sa Ebanghelyo ni Juan ang maraming aspekto ng pamumuhay ng mga mananampalataya sa kinasasaklawan ng dibino ng espesye—1:16; 15:4a, 9, 11; 4:23-24; 14:2, 20, 23; 17:22-24:**

**Juan 1:16**—Sapagkat sa Kanyang kapuspusan ay tumanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya.

**Juan 15:4a**—Manahan kayo sa Akin at Ako sa inyo. Gaya ng sanga na hindi makapamumunga sa sarili nito maliban na ito ay manahan sa puno ng ubas, gayon din naman kayo, malibang kayo ay manahan sa Akin.

**Juan 15:9**—Kung paanong iniibig Ako ng Ama ay iniibig Ko rin kayo; manahan kayo sa Aking pag-ibig.

**Juan 15:11**—Ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo upang ang Aking kagalakan ay mapasainyo at upang ang inyong kagalakan ay malubos.

**Juan 4:23-24**—Subalit darating ang oras, at ngayon na nga, na sasambahin ng mga totoong sumasamba ang Ama sa espiritu at pagkamakatotohanan; sapagkat hinahanap din ng Ama ang mga gayon upang sumamba sa Kanya. [24]Ang Diyos ay Espiritu, at ang mga sumasamba sa Kanya ay kinakailangang sumamba sa espiritu at pagkamakatotohanan.

**Juan 14:2**—Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahahan; kung hindi gayon, sinabi Ko sana sa inyo; sapagkat paroroon Ako upang maghanda ng lugar para sa inyo.

**Juan 14:20**—Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako ay nasa Aking Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo.

**Juan 14:23**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, tutuparin niya ang Aking salita, at iibigin siya ng Aking Ama, at Kami ay pasasakanya at gagawa ng tahanan kasama siya.

**Juan 17:22-24**—At ang kaluwalhatiang ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila, upang sila ay maging isa, gaya naman Natin na iisa; [23]Ako ay nasa kanila, at Ikaw ay nasa Akin, upang sila ay mapasakdal na maging isa, upang malaman ng sanlibutan na isinugo Mo Ako at inibig Mo sila kung paanong inibig Mo Ako. [24]Ama, tungkol sa ibinigay Mo sa Akin, nais Kong sila rin ay makasama Ko kung saan Ako naroroon, upang makita nila ang kaluwalhatian Ko na ibinigay Mo sa Akin, sapagkat inibig Mo Ako bago ang pagtatatag ng sanlibutan.

A. “Sa Kanyang kapuspusan ay tumanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya”—1:16.

   **Juan 1:16**—Sapagkat sa Kanyang kapuspusan ay tumanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya.

B. “Ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan”—4:14b.

   **Juan 4:14b**—Subalit ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan.

C. “Ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin”—6:57b.

   **Juan 6:57b**—Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin.

D. “Kung ang sinuman ay maglilingkod sa Akin, sumunod siya sa Akin; at kung saan Ako naroroon, doroon din naman ang lingkod Ko. Kung ang sinuman ay maglilingkod sa Akin, pararangalan siya ng Ama”—12:26.

   **Juan 12:26**—Kung ang sinuman ay maglilingkod sa Akin, sumunod siya sa Akin; at kung saan Ako naroroon, doroon din naman ang lingkod Ko. Kung ang sinuman ay maglilingkod sa Akin, pararangalan siya ng Ama.

E. “Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahahan…paroroon Ako upang maghanda ng lugar para sa inyo”—14:2.

   **Juan 14:2**—Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahahan; kung hindi gayon, sinabi Ko sana sa inyo; sapagkat paroroon Ako upang maghanda ng lugar para sa inyo.

F. “Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako ay nasa Aking Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo”—b. 20.

   **Juan 14:20**—Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako ay nasa Aking Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo.

G. “Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, tutuparin niya ang Aking salita, at iibigin siya ng Aking Ama, at Kami ay pasasakanya at gagawa ng tahanan kasama siya”—b. 23.

**Juan 14:23**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, tutuparin niya ang Aking salita, at iibigin siya ng Aking Ama, at Kami ay pasasakanya at gagawa ng tahanan kasama siya.

H. "Manahan kayo sa Akin at Ako sa inyo"—15:4a.

**Juan 15:4a**—Manahan kayo sa Akin at Ako sa inyo. Gaya ng sanga na hindi makapamumunga sa sarili nito maliban na ito ay manahan sa puno ng ubas, gayon din naman kayo, malibang kayo ay manahan sa Akin.

I. "Kung kayo ay mananahan sa Akin at ang mga salita Ko ay mananahan sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito ay mangyayari sa inyo"—b. 7.

**Juan 15:7**—Kung kayo ay mananahan sa Akin at ang mga salita Ko ay mananahan sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito ay mangyayari sa inyo.

J. "Kung paanong iniibig Ako ng Ama ay iniibig Ko rin kayo; manahan kayo sa Aking pag-ibig"—b. 9.

**Juan 15:9**—Kung paanong iniibig Ako ng Ama ay iniibig Ko rin kayo; manahan kayo sa Aking pag-ibig.

K. "Ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo upang ang Aking kagalakan ay mapasainyo at upang ang inyong kagalakan ay malubos"—b. 11.

**Juan 15:11**—Ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo upang ang Aking kagalakan ay mapasainyo at upang ang inyong kagalakan ay malubos.

L. "Sinalita Ko sa inyo ang mga bagay na ito upang sa Akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan"; "Ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo"—16:33a; 14:27b.

**Juan 16:33a**—Sinalita Ko sa inyo ang mga bagay na ito upang sa Akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan. Sa sanlibutan ay mayroon kayong paghihirap, ngunit lakasan ninyo ang inyong loob; dinaig Ko na ang sanlibutan.

**Juan 14:27b**—Kapayapaan ang iniiwan Ko sa inyo; ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo; hindi gaya ng ibinibigay ng sanlibutan ang ibinibigay Ko sa inyo. Huwag mabagabag ang inyong puso, ni matakot man ito.

M. "Amang Banal, ingatan Mo sila sa Iyong pangalan, na ibinigay Mo sa Akin, upang sila ay maging isa na gaya naman Natin"—17:11b.

**Juan 17:11b**—At wala na Ako sa sanlibutan; ngunit sila ay nasa sanlibutan, at Ako ay paririyan sa Iyo. Amang Banal, ingatan Mo sila sa Iyong pangalan, na ibinigay Mo sa Akin, upang sila ay maging isa na gaya naman Natin.

N. "Ang kaluwalhatiang ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila, upang sila ay maging isa, gaya naman Natin na iisa"—b. 22.

**Juan 17:22**—At ang kaluwalhatiang ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila, upang sila ay maging isa, gaya naman Natin na iisa.

O. "Ako ay nasa kanila, at Ikaw ay nasa Akin, upang sila ay mapasakdal na maging isa"—b. 23a.

**Juan 17:23a**—Ako ay nasa kanila, at Ikaw ay nasa Akin, upang sila ay mapasakdal na maging isa, upang malaman ng sanlibutan na isinugo Mo Ako at iniibig Mo sila kung paanong inibig Mo Ako.

P. "Ama, tungkol sa ibinigay Mo sa Akin, nais Kong sila rin ay makasama Ko kung saan Ako naroroon, upang makita nila ang kaluwalhatian Ko"—b. 24a.

**Juan 17:24a**—Ama, tungkol sa ibinigay Mo sa Akin, nais Kong sila rin ay makasama Ko kung saan Ako naroroon, upang makita nila ang kaluwalhatian Ko na ibinigay Mo sa Akin, sapagkat inibig Mo Ako bago ang pagtatatag ng sanlibutan.

*© 2026 Living Stream Ministry*

Mensahe Lima

## Ang Apostolikong Ministeryo sa Pakikipagtulungan sa Makalangit na Ministeryo ni Kristo upang Pastulin ang Ekklesia ng Diyos bilang Kanyang Kawan para sa Pagtatayo ng Katawan ni Kristo at isang Bagong Pagpapanauli

Babasahin sa Kasulatan: Juan 10:11, 16; 21:15-17;
1 Ped. 2:25; 5:4; Heb. 13:20; Apoc. 1:13; 2:1, 7

**Juan 10:11**—Ako ang mabuting Pastol; ibinibigay ng mabuting Pastol ang Kanyang buhay para sa mga tupa.

**Juan 10:16**—At mayroon Akong ibang tupa na hindi sa kulungang ito; kailangang Ko rin silang akayin at pakikinggan nila ang Aking tinig, at magkakaroon ng isang kawan, isang Pastol.

**Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus ay Simon Pedro, Simon, anak ni
Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na
iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. 16Muli ay sinabi Niya sa kanya
sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon,
alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. 17Sinabi Niya sa kanya
sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa
kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang
lahat ng bagay, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

**1 Ped. 2:25**—Sapagkat kayo ay gaya ng mga tupang naliligaw, ngunit ngayon ay nagbalik na kayo sa Pastol at Tagapangasiwa ng inyong mga kaluluwa.

**1 Ped. 5:4**—At kapag ang Punong Pastol ay nahayag, tatanggapin ninyo ang di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian.

**Heb. 13:20**—Ngayon ang Diyos ng kapayapaan, Siya na nag-ahon mula sa mga patay sa ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang tipan.

**Apoc. 1:13**—At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, na nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

**Apoc. 2:1**—Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan:

**Apoc. 2:7**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

**I. Ang Mga Awit 22 hanggang 24 ay isang grupo ng mga awit na naghahayag kay Kristo mula sa Kanyang pagkapako sa krus hanggang sa Kanyang pagpapastol hanggang sa Kanyang pagkahari sa darating na kapanahunan:**

**Awit 22:1-31**—Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan? Bakit napakalayo Mo sa pagtulong sa
akin, sa mga salita ng aking karaingan? 2O Diyos ko, sumisigaw ako kapag araw, ngunit hindi Ka
sumasagot man lamang, At kapag gabi, hindi ako makatagpo ng kapahingahan. 3Gayunman Ikaw ay
banal, nakaluklok sa mga papuri ng Israel. 4Sa Iyo ang aming mga magulang ay nagtiwala, sila'y
nagtiwala, at Iyong iniligtas sila. 5Sa Iyo sila'y dumaing at naligtas; Sila'y nagtiwala sa Iyo, at hindi
nabigo. 6 Ngunit ako'y uod at hindi tao, kinukutya ng mga tao, at hinamak ng bayan. 7Silang lahat na
nakakita sa akin ay tinatawanan ako; nginungusuan ako, iiling-iling ang kanilang mga ulo.
8Ipinagkatiwala niya ang kanyang usapin kay Jehovah; hayaang Kanyang iligtas siya, hayaang
Kanyang sagipin siya, sapagkat Kanyang kinalulugduran siya. 9Ngunit Ikaw ang kumuha sa akin mula
sa bahay-bata; iningatan Mo ako nang ako'y nasa dibdib ng aking ina. 10Sa Iyo ako'y inilagak mula sa
aking pagluwal, at mula nang ako'y ipagbuntis ng aking ina ang Diyos ko'y Ikaw. 11Sa akin ay huwag
Kang lumayo, sapagkat malapit ang gulo, at walang sinumang sasaklolo. 12Pinaliligiran ako ng
maraming toro, ng malalakas na toro ng Basan ay pinalilibutan ako. 13Sa akin ang kanilang bibig ay

binuksan nila nang maluwang, gaya ng sumasakmal at leong umuungal. 14Ako'y ibinubuhos na parang tubig, at lahat ng aking mga buto ay nakakalas sa pagkakabit; Ang aking puso ay parang pagkit, ito ay natutunaw sa loob ng aking dibdib. 15Ang aking kalakasan ay natuyo na parang basag na banga, at ang aking dila ay dumidiit sa aking ngala-ngala; Sa alabok ng kamatayan ako'y iyong inihihiga. 16 Oo, ang mga aso ay nakapaligid sa akin; Pinaligiran ako ng isang pangkat ng mga gumagawa ng masama; binutasan nila ang aking mga kamay at mga paa. 17 Lahat ng aking mga buto ay aking mabibilang, sa akin sila'y nakatingin at ako'y tinititigan. 18Kanilang pinaghatian ang aking mga kasuotan, at para sa aking damit sila ay nagsapalaran. 19Ngunit ikaw, O Jehovah, huwag Kang lumayo! O Ikaw na aking saklolo, magmadali Kang tulungan ako! 20Mula sa tabak, kaluluwa ko'y iligtas Mo, ang aking buhay mula sa kapangyarihan ng aso! 21Mula sa bibig ng leon ako'y Iyong iligtas, sagutin Mo ako mula sa mga sungay ng torong mailap! 22Sa aking mga kapatid ay ipahahayag ko ang Iyong pangalan, pupurihin kita sa gitna ng kapulungan: 23Kayong natatakot kay Jehovah, magpuri kayo sa Kanya! Kayong lahat na binhi ni Jacob, luwalhatiin ninyo Siya, at magsitayong may paggalang sa Kanya, kayong lahat na mga anak ni Israel! 24Sapagkat hindi niya hinamak o kinapootan man ang kadalamhatian ng nagdadalamhati; at hindi Niya ikinubli ang Kanyang mukha sa kanya; kundi pinakinggan nang siya'y dumaing sa Kanya. 25Sa iyo nanggagaling ang aking papuri sa dakilang kapulungan; tutuparin ko ang aking mga panata sa harapan ng mga sa Kanya'y gumagalang. 26Ang dukha ay kakain at masisiyahan, yaong mga humanap sa Kanya ay magpupuri kay Jehovah! Mabuhay nawa ang inyong mga puso magpakailanman! 27Malalaman ng lahat ng mga dulo ng lupa, at kay Jehovah ay manunumbalik sila; at lahat ng mga sambahayan ng mga bansa ay sa harapan Mo magsisamba. 28 Sapagkat kay Jehovah ang kaharian, at Siya ang namumuno sa mga bansa. 29 Oo, sa Kanya ang lahat ng masasagana sa lupa ay kakain at sasamba; sa harapan Niya ay yumuyukod ang lahat ng bumabalik sa alabok, at siya na hindi mapapanatiling buháy ang kanyang kaluluwa. 30Ang susunod na salinlahi sa Kanya ay magsisilbi, ang Panginoon ay ibabalita ng mga tao sa darating na salinlahi. 31Sila'y darating at maghahayag ng kanyang katuwiran sa isang bayang isisilang, na dito ay Siya ang may kagagawan.

**Awit 23:1-6**—Si Jehovah ay aking Pastol; hindi ako magkukulang; 2Pinahihiga Niya ako sa luntiang pastulan. 3Pinanunumbalik Niya ang aking kaluluwa. Inaakay Niya ako sa mga landas ng katuwiran alang-alang sa Kanyang pangalan. 4Bagaman ako'y lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan; sapagkat Ikaw ay kasama ko, ang Iyong pamalo at ang Iyong tungkod, inaaliw ako ng mga ito. 5Ipinaghahanda Mo ako ng hapag sa harapan ng aking mga kaaway; Iyong binubuhusan ng langis ang aking ulo, umaapaw ang aking saro. 6Tiyak na ang kabutihan at kaawaan ay susunod sa akin sa lahat ng mga araw ng aking buhay; at ako'y maninirahan sa bahay ni Jehovah magpakailanman.

**Awit 24:1-10**—Ang lupa ay kay Jehovah at ang lahat ng narito; ang sanlibutan, at silang naninirahan dito; 2Sapagkat itinatag Niya ito sa ibabaw ng mga dagat, at itinayo sa ibabaw ng mga ilog. 3Sinong aakyat sa bundok ni Jehovah, at sinong tatayo sa Kanyang dakong banal? 4Siyang may malilinis na kamay at may pusong dalisay, na hindi nagtataas ng kanyang kaluluwa sa hindi totoo, at hindi sumusumpa na may panlilinlang. 5Mula kay Jehovah, pagpapala'y kanyang kakamtan, at pagwawalang-sala mula sa Diyos ng Kanyang kaligtasan. 6Gayon ang salinlahi ng mga nagsisiharap sa Kanya, na nagsisihanap ng mukha ng Diyos ni Jacob. Selah. 7Itaas ninyo ang inyong mga ulo, O kayong mga tarangkahan! At kayo'y mataas, kayong matatandang pintuan! 8Sino ang Hari ng kaluwalhatian? Si Jehovah, malakas at makapangyarihan, si Jehovah, makapangyarihan sa pakikipaglaban. 9Itaas niniyo ang inyong mga ulo, O kayong mga tarangkahan! At itaas kayo, kayong matatandang pintuan! Upang makapasok ang Hari ng kaluwalhatian. 10Sino itong Hari ng kaluwalhatian? Si Jehovah ng mga hukbo, Siya ang Hari ng kaluwalhatian! Selah.

A. Ang Awit 23, na patungkol kay Kristo bilang Pastol sa Kanyang pagkabuhay na muli at pag-akyat sa langit, ay ang tulay sa pagitan ng tumutubos na kamatayan ni Kristo at ng Kanyang nagbubunga-ng-ekklesia na pagkabuhay na muli sa Awit 22, at ng pagbabalik ni Kristo bilang

Hari, na siyang magtatamong muli ng buong lupa sa pamamagitan ng ekklesia bilang Kanyang
Katawan sa Awit 24.
**Awit 23:1-6**—Si Jehovah ay aking Pastol; hindi ako magkukulang; 2Pinahihiga Niya ako sa
luntiang pastulan. 3Pinanunumbalik Niya ang aking kaluluwa. Inaakay Niya ako sa mga landas
ng katuwiran alang-alang sa Kanyang pangalan. 4Bagaman ako'y lumakad sa libis ng lilim ng
kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan; sapagkat Ikaw ay kasama ko, ang Iyong pamalo
at ang Iyong tungkod, inaaliw ako ng mga ito. 5Ipinaghahanda Mo ako ng hapag sa harapan ng
aking mga kaaway; Iyong binubuhusan ng langis ang aking ulo, umaapaw ang aking saro. 6Tiyak
na ang kabutihan at kaawaan ay susunod sa akin sa lahat ng mga araw ng aking buhay; at ako'y
maninirahan sa bahay ni Jehovah magpakailanman.
**Awit 22:1-31**—Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan? Bakit napakalayo Mo sa pagtulong
sa akin, sa mga salita ng aking karaingan? 2O Diyos ko, sumisigaw ako kapag araw, ngunit hindi
ka sumasagot man lamang, at kapag gabi, hindi ako makatagpo ng kapahingahan. 3Gayunman
ikaw ay banal, Nakaluklok sa mga papuri ng Israel. 4Sa Iyo ang aming mga magulang ay
nagtiwala, Sila'y nagtiwala, at Iyong iniligtas sila. 5Sa Iyo sila'y dumaing at naligtas; Sila'y
nagtiwala sa Iyo, at hindi nabigo. 6Ngunit ako'y uod at hindi tao, kinukutya ng mga tao, at
hinamak ng bayan. 7Silang lahat na nakakita sa akin ay tinatawanan ako; nginungusuan ako,
iiling-iling ang kanilang mga ulo. 8Ipinagkatiwala niya ang kanyang usapin kay Jehovah; hayaang
Kanyang iligtas siya, hayaang Kanyang sagipin siya, sapagkat Kanyang kinaluluguran siya.
9Ngunit Ikaw ang kumuha sa akin mula sa bahay-bata; iningatan Mo ako nang ako'y nasa dibdib
ng aking ina. 10Sa Iyo ako'y inilagak mula sa aking pagluwal, at mula nang ako'y ipagbuntis ng
aking ina ang Diyos ko'y Ikaw. 11Sa akin ay huwag Kang lumayo, Sapagkat malapit ang gulo, at
walang sinumang sasaklolo. 12Pinaliligiran ako ng maraming toro, ng malalakas na toro ng Basan
ay pinalilibutan ako. 13Sa akin ang kanilang bibig ay binuksan nila nang maluwang, gaya ng
sumasakmal at leong umuungal. 14Ako'y ibinubuhos na parang tubig, at lahat ng aking mga buto
ay nakakalas sa pagkakabit; ang aking puso ay parang pagkit, ito ay natutunaw sa loob ng aking
dibdib. 15Ang aking kalakasan ay natuyo na parang basag na banga, At ang aking dila ay dumidiit
sa aking ngala-ngala; Sa alabok ng kamatayan ako'y iyong inihihiga. 16Oo, ang mga aso ay
nakapaligid sa akin; Pinaligiran ako ng isang pangkat ng mga gumagawa ng masama; binutasan
nila ang aking mga kamay at mga paa. 17Lahat ng aking mga buto ay aking mabibilang, sa akin
sila'y nakatingin at ako'y tinititigan. 18Kanilang pinaghatian ang aking mga kasuotan, at para sa
aking damit sila ay nagsapalaran. 19Ngunit ikaw, O Jehovah, huwag kang lumayo! O Ikaw na aking
saklolo, magmadali Kang tulungan ako! 20Mula sa tabak, kaluluwa ko'y iligtas Mo, ang aking
buhay mula sa kapangyarihan ng aso! 21Mula sa bibig ng leon ako'y Iyong iligtas, sagutin Mo ako
mula sa mga sungay ng torong mailap! 22Sa aking mga kapatid ay ipahahayag ko ang Iyong
pangalan, pupurihin kita sa gitna ng kapulungan: 23Kayong natatakot kay Jehovah, magpuri kayo
sa Kanya! Kayong lahat na binhi ni Jacob, luwalhatiin ninyo Siya, at magsitayong may paggalang
sa Kanya, kayong lahat na mga anak ni Israel! 24Sapagkat hindi Niya hinamak o kinapootan man
ang kadalamhatian ng nagdadalamhati; at hindi Niya ikinubli ang Kanyang mukha sa kanya;
kundi pinakinggan nang siya'y dumaing sa Kanya. 25Sa iyo nanggagaling ang aking papuri sa
dakilang kapulungan; tutuparin ko ang aking mga panata sa harapan ng mga sa Kanya'y
gumagalang. 26Ang dukha ay kakain at masisiyahan, yaong mga humanap sa Kanya ay magpupuri
kay Jehovah! Mabuhay nawa ang inyong mga puso magpakailanman! 27Malalaman ng lahat ng
mga dulo ng lupa, at kay Jehovah ay manunumbalik sila; at lahat ng mga sambahayan ng mga
bansa ay sa harapan Mo magsisamba. 28Sapagkat kay Jehovah ang kaharian, at Siya ang
namumuno sa mga bansa. 29Oo, sa Kanya ang lahat ng masasagana sa lupa ay kakain at sasamba;
sa harapan Niya ay yumuyukod ang lahat ng bumabalik sa alabok, at siya na hindi
mapapanatiling buháy ang kanyang kaluluwa. 30 Ang susunod na salinlahi sa Kanya ay
magsisilbi, ang Panginoon ay ibabalita ng mga tao sa darating na salinlahi. 31Sila'y darating at

maghahayag ng kanyang katuwiran sa isang bayang isisilang, na dito ay Siya ang may kagagawan.

**Awit 24:1-10**—Ang lupa ay kay Jehovah at ang lahat ng narito; ang sanlibutan, at silang naninirahan dito; 2Sapagkat itinatag Niya ito sa ibabaw ng mga dagat, at itinayo sa ibabaw ng mga ilog. 3Sinong aakyat sa bundok ni Jehovah, At sinong tatayo sa Kanyang dakong banal? 4Siyang may malilinis na kamay at may pusong dalisay, na hindi nagtataas ng kanyang kaluluwa sa hindi totoo, At hindi sumusumpa na may panlilinlang. 5Mula kay Jehovah, pagpapala'y kanyang kakamtan, at pagwawalang-sala mula sa Diyos ng Kanyang kaligtasan. 6Gayon ang salinlahi ng mga nagsisiharap sa Kanya, Na nagsisihanap ng mukha ng Diyos ni Jacob. Selah. 7Itaas ninyo ang inyong mga ulo, O kayong mga tarangkahan! At kayo'y mataas, kayong matatandang pintuan! 8Sino ang Hari ng kaluwalhatian? Si Jehovah, malakas at makapangyarihan, Si Jehovah, makapangyarihan sa pakikipaglaban. 9Itaas niniyo ang inyong mga ulo, O kayong mga tarangkahan! At itaas kayo, kayong matatandang pintuan! Upang makapasok ang Hari ng kaluwalhatian. 10Sino itong Hari ng kaluwalhatian? Si Jehovah ng mga hukbo, Siya ang Hari ng kaluwalhatian! Selah.

B. Sa Kanyang makalangit na ministeryo, nagpapastol si Kristo sa mga tao, at kailangan nating makipagtulungan sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapastol sa mga tao; kung tatanggapin natin ang salamuhang ito, magkakaroon ng malaking pagpapanauli sa lupa upang pabalikin ang Panginoon.

**II. Inihahayag ng Juan 21 ang apostolikong ministeryo sa pakikipagtulungan sa makalangit na ministeryo ni Kristo; ito ang kakumpletuhan at kasukdulan ng Ebanghelyo ni Juan:**

**Juan 21:1-25**—Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nagpakitang muli si Hesus sa mga disipulo sa tabi ng Dagat ng Tiberias. At ipinakita Niya ang Kanyang sarili sa ganitong paraan: 2Magkakasama roon sina Simon Pedro at Tomas na tinatawag na Didimo, at Nathanael na taga-Cana ng Galilea at ang mga anak ni Zebedeo at dalawa pa sa Kanyang mga disipulo. 3Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, Mangingisda ako. Sinabi nila sa kanya, Kami man ay sasama sa iyo. Sila ay umalis at lumulan sa bangka, at nang gabing iyon ay wala silang nahuli. 4 Ngayon, nang magbubukang-liwayway na, tumayo si Hesus sa baybayin; subalit hindi alam ng mga disipulo na iyon ay si Hesus. 5Pagkatapos ay sinabi sa kanila ni Hesus, Mga munting anak, mayroon ba kayong isdang makakain? Sumagot sila sa Kanya, Wala. 6At sinabi Niya sa kanila, Ihulog ninyo ang lambat sa gawing kanan ng bangka, at makasusumpong kayo ng ilan. Inihulog nga nila, at hindi na nila ito mahila sa dami ng isda. 7Pagkatapos yaong disipulo na minamahal ni Hesus ay nagsabi kay Pedro, Ang Panginoon iyon! Kaya nang marinig ni Simon Pedro na iyon ang Panginoon, isinuot niya ang kanyang panlabas na damit, sapagkat siya ay hubad; at tumalon siya sa dagat. 8Ngunit ang ibang disipulo ay pumaroon na nasa maliit na bangka, sapagkat sila ay hindi malayo sa lupa, kundi may mga dalawandaang siko ang layo, hila-hila ang lambat na may mga isda. 9Kaya nang makadaong sila sa lupa, nakita nila roon ang mga nagbabagang uling, at isdang nasa ibabaw nito at tinapay. 10Sinabi sa kanila ni Hesus, Dalhin ninyo ang ilan sa mga isdang kahuhuli lamang ninyo ngayon. 11Kaya't sumampa si Simon Pedro at hinila sa lupa ang lambat na punô ng malalaking isda, na sandaan at limampu't tatlo; at kahit na napakarami, hindi napunit ang lambat. 12Sinabi sa kanila ni Hesus, Halikayo at mag-agahan. Ngunit sinuman sa mga disipulo ay hindi nangahas na magtanong sa Kanya, Sino Ka? nalalamang iyon ang Panginoon. 13Lumapit si Hesus at kinuha ang tinapay at ibinigay ito sa kanila, at gayon din ang isda. 14Ito na ang ikatlong pagkakataon na si Hesus ay nahayag sa mga disipulo pagkatapos Siyang ibangon mula sa mga patay. 15Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. 16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. 17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro

na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa. 18Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Noong ikaw ay bata pa, nagbibigkis ka sa iyong sarili at naglalakad ka kung saan mo ibig; ngunit kapag tumanda ka na, iuunat mo ang iyong mga kamay, at ibang tao ang magbibigkis sa iyo at magdadala sa iyo kung saan hindi mo ibig magtungo. 19At sinabi Niya ito, na ipinahihiwatig kung sa anong uri ng kamatayan niya luluwalhatiin ang Diyos. At nang masabi Niya ito, sinabi Niya sa kanya, Sumunod ka sa Akin. 20Nakita ni Pedro, sa kanyang paglingon, na sumusunod ang disipulong minamahal ni Hesus, na siya ring humilig sa Kanyang dibdib sa hapunan, at nagsabi, Panginoon, sino ang magkakanulo sa Iyo? 21Nang makita nga siya, sinabi ni Pedro kay Hesus, Panginoon, at paano naman ang taong ito? 22Sinabi sa kanya ni Hesus, Kung ibig Kong manatili siya hanggang sa dumating Ako, ano nga sa iyo? Sumunod ka sa Akin. 23Kaya kumalat ang salitang ito sa gitna ng mga kapatid, na ang disipulong iyon ay hindi mamamatay, ngunit hindi sinabi ni Hesus sa kanya na hindi siya mamamatay, kundi, Kung ibig Kong manatili siya hanggang sa dumating Ako, ano nga sa iyo? 24Ito ang disipulo na nagpapatotoo tungkol sa mga bagay na ito, at ang sumulat ng mga bagay na ito; at alam namin na ang kanyang patotoo ay totoo. 25At marami pa ring ibang bagay na ginawa si Hesus, na, kung naisulat isa-isa, sa palagay ko'y hindi magkakasya kahit sa mundong ito ang mga aklat na isinulat.

A. Ang Ebanghelyo ni Juan ay may dalawampu't isang kapitulo, subalit sa katunayan ay nagtatapos ito sa kapitulo 20.

   **Juan 20:1-31**—Ngayon nang unang araw ng sanlinggo, si Maria Magdalena ay dumating nang maaga sa libingan habang madilim pa at nakitang naalis na ang bato sa libingan. 2Kaya't tumakbo siya at pumunta kay Simon Pedro at sa isang disipulo na minamahal ni Hesus at sinabi sa kanila, Kinuha nila sa libingan ang Panginoon, at hindi namin alam kung saan nila Siya inilagay. 3Kaya umalis si Pedro, gayundin ang isang disipulo, at pumunta sa libingan. 4At tumakbong magkasama ang dalawa, ngunit ang isang disipulo ay tumakbo nang mas matulin kaysa kay Pedro at naunang dumating sa libingan. 5At sa pagyuko upang tingnan ang loob, nakita niya ang mga telang lino na nakalatag doon; gayunma'y hindi siya pumasok. 6Pagkatapos ay dumating din si Simon Pedro, na sumusunod sa kanya, at pumasok sa libingan; at nakita niya ang mga telang lino na nakalatag doon 7At ang panyo na nasa Kanyang ulo na hindi nakalatag kasama ng mga telang lino, kundi nakatiklop nang bukod sa isang tabi. 8Nang oras ngang iyon, ang isang disipulo, na unang dumating sa libingan, ay pumasok din, at nakita niya at siya ay naniwala; 9Sapagkat hindi pa nila nauunawaan ang Kasulatan, na kailangan Niyang bumangon mula sa mga patay. 10Kaya't ang mga disipulo ay muling umalis patungo sa kani-kanilang tahanan. 11Ngunit si Maria ay nakatayo sa labas ng libingan na tumatangis. Pagkatapos habang siya ay tumatangis, yumuko siya upang tingnan ang libingan. 12At nakita niya ang dalawang nakaputing anghel na nakaupo, ang isa ay sa ulunan at ang isa ay sa paanan ng pinaglagyan ng katawan ni Hesus. 13At sinabi nila sa kanya, Babae, bakit ka tumatangis? Sinabi niya sa kanila, Sapagkat kinuha nila ang aking Panginoon, at hindi ko alam kung saan nila Siya inilagay. 14Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, tumalikod siya at nakitang nakatayo roon si Hesus, ngunit hindi niya alam na si Hesus iyon. 15Sinabi sa kanya ni Hesus, Babae, bakit ka tumatangis? Sino ang hinahanap mo? Sa pag-aakalang Siya ang hardinero, sinabi niya sa Kanya, Ginoo, kung kinuha Mo Siya, sabihin Mo sa akin kung saan Mo Siya inilagay, at kukunin ko Siya. 16 Sinabi sa kanya ni Hesus, Maria! Humarap siya at sinabi sa Kanya sa Hebreo, Rabboni! (na ang ibig sabihin ay Guro). 17Sinabi sa kanya ni Hesus, Huwag mo Akong hipuin, sapagkat hindi pa Ako umaakyat sa Ama; ngunit pumunta ka sa Aking mga kapatid at sabihin mo sa kanila, Aakyat Ako sa Aking Ama at inyong Ama, at Aking Diyos at inyong Diyos. 18Dumating si Maria Magdalena na sinasabi sa mga disipulo, Nakita ko ang Panginoon, at na sinabi Niya ang mga bagay na ito sa kanya. 19Nang kinagabihan nang araw na iyon, ang unang araw ng sanlinggo, at habang nakasara ang mga pinto sa kinaroroonan ng mga disipulo dahil sa takot sa mga Hudyo,

dumating si Hesus at tumayo sa gitna at sinabi sa kanila, Sumainyo ang kapayapaan. [20]At nang masabi Niya ito, ipinakita Niya sa kanila ang Kanyang mga kamay at ang Kanyang tagiliran. Kaya nagalak ang mga disipulo nang makita ang Panginoon. [21]Pagkatapos ay muling sinabi sa kanila ni Hesus, Sumainyo ang kapayapaan; kung paanong isinugo Ako ng Ama ay isinusugo Ko rin kayo. [22]At nang masabi Niya ito, sila ay hiningahan Niya tungo sa loob nila at sinabi sa kanila, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. [23]Kaninumang mga kasalanan ang inyong patawarin ay pinatatawad na ang mga iyon sa kanila; at kaninumang mga kasalanan ang inyong panatilihin, ang mga iyon ay napanatili na. [24]Ngunit si Tomas, isa sa labindalawa, na tinatawag na Didimo, ay hindi nila kasama nang dumating si Hesus. [25]Kaya sinabi sa kanya ng ibang disipulo, Nakita namin ang Panginoon! Ngunit sinabi niya sa kanila, Malibang makita ko sa Kanyang mga kamay ang bakas ng mga pako at mailagay ko ang aking daliri sa bakas ng mga pako at mailagay ko ang aking kamay sa Kanyang tagiliran, hinding-hindi ako maniniwala. [26]At pagkaraan ng walong araw, ang Kanyang mga disipulo ay nasa loob muli, at si Tomas ay kasama nila. Dumating si Hesus, bagama't nakasara ang mga pinto, at tumayo sa gitna at sinabi, Sumainyo ang kapayapaan. [27]Pagkatapos ay sinabi Niya kay Tomas, Ilapit mo rito ang iyong daliri at tingnan mo ang Aking mga kamay, at ilapit mo ang iyong kamay at ilagay mo ito sa Aking tagiliran; at huwag kang maging di-mapanampalatayain, kundi maging mapanampalatayain. [28]Sumagot si Tomas at sinabi sa Kanya, Panginoon ko at Diyos ko! [29]Sinabi sa kanya ni Hesus, Sapagkat nakita mo Ako ay sumampalataya ka. Pinagpala ang mga hindi nakakita gayunma'y sumampalataya. [30]Bukod pa rito, tunay na marami pa ring ibang tanda ang ginawa ni Hesus sa harap ng Kanyang mga disipulo, na hindi nakasulat sa aklat na ito. [31]Ngunit isinulat ang mga ito upang sumampalataya kayo na si Hesus ang Kristo, ang Anak ng Diyos, at upang sa pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa Kanyang pangalan.

B. Ang buong aklat ay sumasaklaw sa panlupang ministeryo ni Kristo, nagsisimula sa Kanyang pagkakatawang-tao bilang Salita ng Diyos upang maging isang tao sa laman (1:14) at nagtatapos sa Kanyang pagkabuhay na muli bilang huling Adam upang maging Espiritung nagbibigay-buhay (20:22); kaya, ang kapitulo 21 ay dapat na isang apendiks.

**Juan 1:14**—At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

**Juan 20:22**—At nang masabi Niya ito, sila ay hiningahan Niya tungo sa loob nila at sinabi sa kanila, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo.

C. Bagama't tamang sabihin ito, mas intrinsikong sabihin na ang Juan 21 ay ang kakumpletuhan at kasukdulan ng Ebanghelyo ni Juan; pinasusukdol nito ang buong Ebanghelyo ni Juan sa pamamagitan ng pagpapakita na ang makalangit na ministeryo ni Kristo at ang ministeryo ng mga apostol sa lupa ay magkasamang nagtutulungan upang isagawa ang ekonomiya ng Diyos.

**Juan 21:1-25**—Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nagpakitang muli si Hesus sa mga disipulo sa tabi ng Dagat ng Tiberias. At ipinakita Niya ang Kanyang sarili sa ganitong paraan: [2]Magkakasama roon sina Simon Pedro at Tomas na tinatawag na Didimo, at Nathanael na taga-Cana ng Galilea at ang mga anak ni Zebedeo at dalawa pa sa Kanyang mga disipulo. [3]Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, Mangingisda ako. Sinabi nila sa kanya, Kami man ay sasama sa iyo. Sila ay umalis at lumulan sa bangka, at nang gabing iyon ay wala silang nahuli. [4]Ngayon, nang magbubukang-liwayway na, tumayo si Hesus sa baybayin; subalit hindi alam ng mga disipulo na iyon ay si Hesus. [5]Pagkatapos ay sinabi sa kanila ni Hesus, Mga munting anak, mayroon ba kayong isdang makakain? Sumagot sila sa Kanya, Wala. [6]At sinabi Niya sa kanila, Ihulog ninyo ang lambat sa gawing kanan ng bangka, at makasusumpong kayo ng ilan. Inihulog nga nila, at hindi na nila ito mahila sa dami ng isda. [7]Pagkatapos yaong disipulo na minamahal ni Hesus ay nagsabi kay Pedro, Ang Panginoon iyon! Kaya nang marinig ni Simon Pedro na iyon ang Panginoon, isinuot niya ang kanyang panlabas na damit, sapagkat siya ay hubad; at tumalon siya sa dagat. [8]Ngunit

ang ibang disipulo ay pumaroon na nasa maliit na bangka, sapagkat sila ay hindi malayo sa lupa, kundi may mga dalawandaang siko ang layo, hila-hila ang lambat na may mga isda. 9Kaya nang makadaong sila sa lupa, nakita nila roon ang mga nagbabagang uling, at isdang nasa ibabaw nito at tinapay. 10Sinabi sa kanila ni Hesus, Dalhin ninyo ang ilan sa mga isdang kahuhuli lamang ninyo ngayon. 11Kaya't sumampa si Simon Pedro at hinila sa lupa ang lambat na punô ng malalaking isda, na sandaan at limampu't tatlo; at kahit na napakarami, hindi napunit ang lambat. 12Sinabi sa kanila ni Hesus, Halikayo at mag-agahan. Ngunit sinuman sa mga disipulo ay hindi nangahas na magtanong sa Kanya, Sino Ka? nalalamang iyon ang Panginoon. 13Lumapit si Hesus at kinuha ang tinapay at ibinigay ito sa kanila, at gayon din ang isda. 14Ito na ang ikatlong pagkakataon na si Hesus ay nahayag sa mga disipulo pagkatapos Siyang ibangon mula sa mga patay. 15Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. 16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. 17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa. 18Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Noong ikaw ay bata pa, nagbibigkis ka sa iyong sarili at naglalakad ka kung saan mo ibig; ngunit kapag tumanda ka na, iuunat mo ang iyong mga kamay, at ibang tao ang magbibigkis sa iyo at magdadala sa iyo kung saan hindi mo ibig magtungo. 19At sinabi Niya ito, na ipinahihiwatig kung sa anong uri ng kamatayan niya luluwalhatiin ang Diyos. At nang masabi Niya ito, sinabi Niya sa kanya, Sumunod ka sa Akin. 20Nakita ni Pedro, sa kanyang paglingon, na sumusunod ang disipulong minamahal ni Hesus, na siya ring humilig sa Kanyang dibdib sa hapunan, at nagsabi, Panginoon, sino ang magkakanulo sa Iyo? 21Nang makita nga siya, sinabi ni Pedro kay Hesus, Panginoon, at paano naman ang taong ito? 22Sinabi sa kanya ni Hesus, Kung ibig Kong manatili siya hanggang sa dumating Ako, ano nga sa iyo? Sumunod ka sa Akin. 23Kaya kumalat ang salitang ito sa gitna ng mga kapatid, na ang disipulong iyon ay hindi mamamatay, ngunit hindi sinabi ni Hesus sa kanya na hindi siya mamamatay, kundi, Kung ibig Kong manatili siya hanggang sa dumating Ako, ano nga sa iyo? 24Ito ang disipulo na nagpapatotoo tungkol sa mga bagay na ito, at ang sumulat ng mga bagay na ito; at alam namin na ang kanyang patotoo ay totoo. 25At marami pa ring ibang bagay na ginawa si Hesus, na, kung naisulat isa-isa, sa palagay ko'y hindi magkakasya kahit sa mundong ito ang mga aklat na isinulat.

**III. Sa Juan 10:10-11 at 16, inihayag ng Panginoon sa mga disipulo na Siya ay ang mabuting Pastol na pumarito upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay nang sagana at na mayroon pa Siyang ibang tupa (ang mga Hentil) na kailangan Niyang akayin upang isama sa kanila (ang mga mananampalatayang Hudyo) upang maging isang kawan (isang ekklesia) sa ilalim ng isang Pastol:**

**Juan 10:10-11**—Ang magnanakaw ay hindi pumaparito malibang magnakaw at pumatay at pumuksa; Ako ay pumarito upang sila ay magkaroon ng buhay at magkaroon nito nang sagana. 11Ako ang mabuting Pastol; ibinibigay ng mabuting Pastol ang Kanyang buhay para sa mga tupa.

A. Ang pagpapastol ng Panginoon ay una sa Kanyang panlupang ministeryo—Mat. 9:36; cf. 10:1-6.

**Mat. 9:36**—At nang makita Niya ang mga kalipunan, Siya ay nahabag sa kanila, sapagkat sila ay niligalig at itinapon na parang mga tupa na walang pastol.

**cf. Mat. 10:1-6**—At tinawag Niya ang Kanyang labindalawang disipulo palapit sa Kanya at binigyan sila ng awtoridad sa masasamang espiritu, upang kanilang mapalayas sila at mapagaling ang bawat sakit at bawat karamdaman. 2At ang mga pangalan ng labindalawang

apostol ay ito: una, si Simon, na tinatawag na Pedro, at ang kanyang kapatid na si Andres; at si Santiago na anak ni Zebedeo, at si Juan na kanyang kapatid; [3]Si Felipe at si Bartolome; si Tomas at si Mateo na maniningil ng buwis; si Santiago na anak ni Alfeo, at si Tadeo; [4]Si Simon na Cananeo, at si Judas Iscariote, na siya ring nagkanulo sa Kanya. [5]Ang labindalawang ito ay isinugo ni Hesus, at pinagbilinan sila, na nagsasabi, Huwag kayong tutungo sa daan ng mga Hentil, at huwag kayong papasok sa alinmang lunsod ng mga Samaritano. [6]Bagkus ay magtungo kayo sa mga nawawalang tupa ng sambahayan ng Israel.

B. Ang pagpapastol ng Panginoon ay ikalawa sa Kanyang makalangit na ministeryo (1 Ped. 5:4) upang pangalagaan ang ekklesia ng Diyos, na nagreresulta sa Kanyang Katawan.

**1 Ped. 5:4**—At kapag ang Punong Pastol ay nahayag, tatanggapin ninyo ang di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian.

**IV. Inatasan ng Panginoon si Pedro na pakainin ang Kanyang mga kordero at pastulin ang Kanyang mga tupa:**

A. Nang nanatili ang Panginoon kasama ng Kanyang mga disipulo pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na muli at bago ang Kanyang pag-akyat sa langit, sa isa sa Kanyang mga pagpapakita, inatasan Niya si Pedro na pakainin ang Kanyang mga kordero at pastulin ang Kanyang mga tupa sa Kanyang pagkawala, habang Siya ay nasa kalangitan—Juan 21:15-17.

**Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. [16]Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. [17]Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

B. Ito ang ilakip ang apostolikong ministeryo sa makalangit na ministeryo ni Kristo upang pangalagaan ang kawan ng Diyos, na siyang ekklesia na nagreresulta sa Katawan ni Kristo.

C. Kalaunan, sa aklat ng Mga Gawa, sinabi ni Pedro, “Magpapatuloy kaming matibay sa pananalangin at sa ministeryo ng salita” (6:4); ito ang makipagtulungan sa makalangit na ministeryo ni Kristo ng pamamagitan (Heb. 7:25) at ng paghahain ng Diyos tungo sa Kanyang bayan (8:2).

**Gawa 6:4**—Ngunit magpapatuloy kaming matibay sa pananalangin at sa ministeryo ng salita.

**Heb. 7:25**—Kaya may kakayahan din Siyang iligtas sa sukdulan ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, yamang lagi Siyang nabubuhay upang mamagitan para sa kanila at sa paghahain sa Diyos tungo sa Kanyang bayan.

**Heb. 8:2**—Isang Tagapaghain ng mga dakong banal, maging ng tunay na tabernakulo, na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao.

D. Lubusang nakintalan si Pedro ng pag-aatas na ito ng Panginoon na sa kanyang unang aklat ay sinasabi niya sa mga mananampalataya na sila ay gaya ng mga tupang naliligaw, ngunit ngayon ay nagbalik na sila sa Pastol at Tagapangasiwa ng kanilang mga kaluluwa—1 Ped. 2:25:

**1 Ped. 2:25**—Sapagkat kayo ay gaya ng mga tupang naliligaw, ngunit ngayon ay nagbalik na kayo sa Pastol at Tagapangasiwa ng inyong mga kaluluwa.

1. Si Kristo ay naninirahan sa loob natin upang maging ating buhay at lahat-lahat, subalit Siya rin ay nangangasiwa, nagmamasid, sa kalagayan at sitwasyon ng ating panloob na katauhan.
2. Pinapastol Niya tayo sa pamamagitan ng pangangalaga sa kapakanan ng ating panloob na katauhan at sa pamamagitan ng pagganap ng Kanyang pangangasiwa sa kalagayan ng ating kaluluwa, ang ating tunay na persona—cf. Heb. 13:17.

**cf. Heb. 13:17**—Sumunod kayo sa mga nangunguna sa inyo at magpasailalim sa kanila, sapagkat binabantayan nila ang inyong mga kaluluwa bilang mga yaong magbibigay-sulit, upang gawin nila ito nang may kagalakan at hindi naghihinagpis; sapagkat hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo.

E. Hinihikayat ni Pedro ang mga matanda na pastulin ang kawan ng Diyos sa gitna nila, nang sa gayon kapag ang Punong Pastol ay nahayag, sila, ang mga tapat na matanda, ay tatanggap ng di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian—1 Ped. 5:1-4.

**1 Ped. 5:1-4**—Kaya nga hinihikayat ko ang mga matanda sa inyo, ako na kapwa matanda at saksi sa mga pagdurusa ni Kristo, na isa ring bumabahagi sa kaluwalhatiang ihahayag: 2Pastulin ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo, nangangasiwa hindi sa paraang napipilitan kundi kusang loob, ayon sa Diyos; hindi dahil sa paghahangad ng pakinabang sa pamamagitan ng masamang paraan kundi sa karubduban; 3Hindi rin gaya ng namamanginoon sa mga bahaging inilaan sa inyo kundi sa pamamagitan ng pagiging mga tularan ng kawan. 4At kapag ang Punong Pastol ay nahayag, tatanggapin ninyo ang di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian.

F. Ipinahihiwatig ng salita ni Pedro na ang makalangit na ministeryo ni Kristo ay pangunahing upang pastulin ang ekklesia ng Diyos bilang Kanyang kawan, na nagbubunga sa Kanyang Katawan.

**V. Ang mga sumusunod na salita ni apostol Pablo ay nagpapakita rin ng paglalakip ng apostolikong ministeryo sa makalangit na ministeryo ni Kristo upang pangalagaan ang kawan ng Diyos:**

A. Sa Mga Gawa 20:28, sinabi ni Pablo sa mga matanda sa Efeso, “Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na sa gitna nila ang Espiritu Santo ang naglagay sa inyo bilang mga tagapangasiwa upang pastulin ang ekklesia ng Diyos, na Kanyang nakamit [o binili] sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo.”

**Gawa 20:28**—Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na sa gitna nila ang Espiritu Santo ang naglagay sa inyo bilang mga tagapangasiwa upang pastulin ang ekklesia ng Diyos, na Kanyang nakamit sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo.

B. Sinabi ni Pablo, “Alam ko na paglisan ko ay papasok sa gitna ninyo ang mababangis na lobo, na walang patawad sa kawan” (b. 29); hindi inaalala ng apostol ang kanyang sariling buhay (b. 24), kundi lubha siyang nagmamalasakit para sa kinabukasan ng ekklesia, na isang kayamanan sa kanya at sa Diyos.

**Gawa 20:29**—Alam ko na paglisan ko ay papasok sa gitna ninyo ang mababangis na lobo, na walang patawad sa Kawan.

**Gawa 20:24**—Ngunit hindi ko itinuturing ang aking buhay na para bang mahalaga sa akin, upang matapos ko ang aking takbuhin at ang ministeryong tinanggap ko sa Panginoong Hesus na taimtim na ipatotoo ang ebanghelyo ng biyaya ng Diyos.

C. Sinasabi ni Pablo sa Hebreo 13:20, “Ang Diyos…na nag-ahon mula sa mga patay sa ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang tipan”:

**Heb. 13:20**—Ngayon ang Diyos ng kapayapaan, Siya na nag-ahon mula sa mga patay sa ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang tipan,

1. Ang walang hanggang tipan ay ang tipan ng bagong testamento upang magtamo ng kawan, na siyang ekklesia na nagreresulta sa Katawan at napasusukdol sa Bagong Herusalem; ang walang hanggang tipan ng Diyos ay ang pasukdulin ang Bagong Herusalem sa pamamagitan ng pagpapastol.
2. Ibinangon ng Diyos ang ating Panginoon mula sa mga patay upang maging dakilang Pastol na magpapasukdol sa Bagong Herusalem ayon sa walang hanggang tipan ng Diyos.

**VI. Ang pangunahing layunin at gol ng apostolikong ministeryo na inilakip sa makalangit na ministeryo ni Kristo ay ang itayo ang Katawan ni Kristo, na mapasusukdol sa Bagong**

**Herusalem para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—cf. Efe. 3:2, 8-9; 1 Ped. 5:10.**

**cf. Efe. 3:2**—Kung tunay na inyong narinig ang pagkakatiwala ng biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin para sa inyo.
**Efe. 3:8-9**—Sa akin, na higit na mababa sa pinakamababa sa lahat ng banal, ay ibinigay ang biyayang ito upang ipahayag sa mga Hentil ang di-malirip na kayamanan ni Kristo bilang ebanghelyo [9]At maliwanagan ang lahat upang kanilang makita kung ano ang ekonomiya ng hiwaga, na sa buong kapanahunan ay nakukubli sa loob ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay.
**1 Ped. 5:10**—Ngunit ang Diyos ng lahat ng biyaya, Siya na tumawag sa inyo tungo sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian sa loob ni Kristo Hesus, pagkatapos ninyong magdusa nang sandaling panahon, ang Mismong magpapasakdal, magpapatatag, magpapalakas at magpapatibay sa inyo.

**VII. Ang bagay ng pagpapastol sa kawan ng Diyos para sa pangunahing layunin at ganap na kasukdulan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay tinutukoy maging sa Awit ng mga Awit:**

A. "Sabihin mo sa akin, ikaw na minamahal ng aking kaluluwa, Saan ka nagpapastol ng iyong kawan, [para sa kasiyahan]? / Saan mo pinahihiga sa katanghalian [para sa kapahingahan]?"—1:7a.
**A. A. 1:7a**—Sabihin mo sa akin, ikaw na minamahal ng aking kaluluwa, Saan ka nagpapastol ng iyong kawan? / Saan mo pinahihiga sa katanghalian?

B. "Sumunod ka sa mga yapak ng kawan, / At pastulin mo ang mga anak ng kambing / Sa tabi ng mga tolda ng mga pastol"—b. 8b.
**A. A. 1:8b**—Sumunod ka sa mga landas ng Kawan, / At ipastol mo ang mga anak ng kambing / Sa tabi ng mga tolda ng mga pastol.

C. "Ang sinta ko ay akin, at ako ay sa kanya; / Pinapastol niya ang kanyang kawan sa gitna ng mga liryo [ang mga naghahanap kay Kristo na namumuhay ng isang buhay ng pagtitiwala sa Diyos na may tapat na puso]"—2:16.
**A. A. 2:16**—Ang sinata ko ay akin, at kanya ako; / Ipinapastol niya ang kanyang Kawan sa gitna ng mga liryo.

D. "Ako'y sa aking mahal, at ang mahal ko ay akin; / Pinapastol niya ang kanyang kawan sa gitna ng mga liryo"—6:3.
**A. A. 6:3**—Ako'y sa aking mahal, at ang mahal ko ay akin; / Ipinapastol niya ang kanyang Kawan sa gitna ng mga liryo.

**VIII. Ang pastulin ang mga mananampalataya ay napakahalaga para sa kanilang paglago sa buhay; kailangan nating tahakin ang daan ng pagpapastol upang ipangaral ang ebanghelyo at panauliin ang ekklesia:**

A. Dapat tayong manalangin, "Panginoon, nais kong mapanauli; mula sa araw na ito ay nais kong maging isang pastol; nais kong humayo upang pakainin ang mga tao, pastulin ang mga tao, at ikawan-kawan ang mga tao."

B. Ang Panginoon ay gumamit ng tatlong salita sa Juan 10 at 21 hinggil sa pagpapastol: *pakainin*, *pastulin,* at *kawan* (10:16; 21:15-16); maaari din nating gamitin ang salitang *kawan* bilang isang pandiwa.
**Juan 10:16**—At mayroon Akong ibang tupa, na hindi sa kulungang ito; kailangan Ko rin silang akayin, at pakikinggan nila ang Aking tinig, at magkakaroon ng isang kawan, isang Pastol.
**Juan 21:15-16**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. [16]Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa.

C. Kailangang matutuhan ng lahat ng ekklesia kung paano magkawan-kawan nang sa gayon ay maihalo ang mga ito nang sama-sama; dapat manguna ang mga matanda at mga kamanggagawa na isagawa ito.

**IX. Ang organikong pagpapanatili ng gintong patungan ng ilawan ay ang makalangit na ministeryo ni Kristo upang kandiliin ang mga ekklesia sa Kanyang pagkatao at pakainin ang mga ekklesia sa Kanyang pagkadibino upang magbunga ng mga mandaraig sa pamamagitan ng Kanyang organikong pagpapastol—Apoc. 1:13; 2:7; Juan 10:11, 14; 1 Ped. 2:25; 5:4; Heb. 13:20:**

**Apoc. 1:13**—At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

**Apoc. 2:7**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

**Juan 10:11**—Ako ang mabuting Pastol; ibinibigay ng mabuting Pastol ang Kanyang buhay para sa mga tupa.

**Juan 10:14**—Ako ang mabuting Pastol, at kilala Ko ang sariling Akin, at kilala Ako ng sariling Akin.

**1 Ped. 2:25**—Sapagkat kayo ay gaya ng mga tupang naliligaw, ngunit ngayon ay nagbalik na kayo sa Pastol at Tagapangasiwa ng inyong mga kaluluwa.

**1 Ped. 5:4**—At kapag ang Punong Pastol ay nahayag, tatanggapin ninyo ang di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian.

**Heb. 13:20**—Ngayon ang Diyos ng kapayapaan, Siya na nag-ahon mula sa mga patay sa ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang tipan.

A. Ang Anak ng Tao ay nasa Kanyang pagkatao, ang gintong pamigkis ay sumasagisag sa Kanyang pagkadibino, at ang mga dibdib ay isang sagisag ng pag-ibig:

1. Si Kristo ay nabigkisan sa mga balakang, pinalakas para sa dibinong gawain (Exo. 28:4; Dan. 10:5) upang ibunga ang mga ekklesia, subalit ngayon Siya ay nabibigkisan sa dibdib, inaalagaan ang mga ekklesia na Kanyang ibinunga sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig (Apoc. 1:13).

   **Exo. 28:4**—Ito ang mga kasuotang kanilang gagawin: isang pektoral, isang efod, isang balabal, isang tunika na tinahing guhit-guhit na anyong parisukat, isang turbante at isang pamigkis; at kanilang igagawa ng mga banal na kasuotan si Aaron na iyong kapatid, at ang kanyang mga anak, upang maglingkod sa akin bilang mga pari.

   **Dan. 10:5**—Aking itiningin ang aking paningin at tumanaw, at nakita ko ang isang lalaki na may suot ng telang lino, na ang mga balakang ay binigkisan ng ginto ng Uphaz.

   **Apoc. 1:13**—At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

2. Ang gintong pamigkis ay sumasagisag sa pagkadibino ni Kristo bilang Kanyang dibinong enerhiya, at ang mga dibdib ay sumasagisag na ang gintong enerhiyang ito ay isinasagawa at ginaganyakan ng at kalakip ang Kanyang pag-ibig upang pakainin ang mga ekklesia.

B. Inaalagaan ni Kristo ang mga ekklesia sa Kanyang pagkatao bilang Anak ng Tao upang kandiliin sila—b. 13a:

   **Apoc. 1:13a**—At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

1. Inihahanda Niya ang mga ilawan ng mga patungan ng ilawan upang gawing wasto ang mga ito, kinakandili tayo upang tayo ay maging masaya, kaaya-aya, at komportable—Exo. 30:7; cf. Awit 42:5, 11:

**Exo. 30:7**—Maghahandog si Aaron sa ibabaw niyon ng mababangong insenso, tuwing umaga kapag kanyang inaayos ang mga ilaw, ay ihahandog niya iyon.

**cf. Awit 42:5**—Bakit ka nanlulumo, O kaluluwa ko? Bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa ka sa Diyos; sapagkat siya'y muling pupurihin ko dahil sa kaligtasan mula sa kanyang harapan.

**Awit 42:11**—Bakit ka nanlulumo, O kaluluwa ko? At bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa ka sa Diyos; sapagkat siya'y muling pupurihin ko, ang tulong sa aking harapan, at Diyos ko.

a. Ang presensiya ng Panginoon ay nagbibigay ng magiliw at mainit na atmospera upang kandiliin ang ating katauhan, binibigyan tayo ng kapahingahan, kaginhawahan, kagalingan, paglilinis, at pagpapalakas-loob.

b. Matatamasa natin ang nagkakandiling atmospera ng presensiya ng Panginoon sa ekklesia upang matanggap ang nagpapakaing panustos ng buhay—Efe. 5:29; cf. 1 Tim. 4:6; Efe. 4:11.

**Efe. 5:29**—Sapagkat walang sinumang napoot kailanman sa kanyang sariling laman, kundi pinakakain at kinakandili ito, gaya rin ni Kristo sa ekklesia.

**cf. 1 Tim. 4:6**—Kung ilalahad mo ang mga bagay na ito sa mga kapatid, ikaw ay magiging isang mabuting tagapaghain ni Kristo Hesus, na pinakakain ng mga salita ng pananampalataya at ng mabuting pagtuturo na mahigpit mong sinusunod.

**Efe. 4:11**—At ipinagkaloob Niya Mismo ang ilan bilang mga apostol at ang ilan ay mga propeta at ang ilan ay mga ebanghelista at ang ilan ay mga pastol at mga guro.

2. Ginugupitan Niya ang mga mitsa ng mga ilawan ng patungan ng ilawan, pinuputol ang lahat ng negatibong bagay, na humahadlang sa ating pagliliwanag—Exo. 25:38:

**Exo. 25:38**—Ang mga pangsipit at ang patungan ay magiging lantay na ginto.

a. Ang sunog na bahagi ng mitsa, ang nasunog na dulo, ay sumasagisag sa mga bagay na hindi ayon sa layunin ng Diyos, na kailangang maputol, gaya ng ating laman, ating natural na tao, ating sarili, at ating lumang paglikha.

b. Ginugupit Niya ang lahat ng pagkakaiba sa gitna ng mga ekklesia (ang mga pagkakamali, mga kakulangan, mga kabiguan, at mga kapintasan) nang sa gayon ay maging magkakatulad ang mga ito sa esensiya, anyo, at kahayagan—cf. 1 Cor. 1:10; 2 Cor. 12:18; Fil. 2:2.

**cf. 1 Cor. 1:10**—Ngayon ay ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na kayong lahat ay magsalita ng parehong bagay at na huwag magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa inyo, kundi na kayo ay maging magkakatugma sa parehong kaisipan at sa parehong opinyon.

**2 Cor. 12:18**—Pinakiusapan ko si Tito at isinugo kong kasama niya ang kapatid. Hindi nanamantala sa inyo si Tito, ginawa ba niya? Hindi ba kami lumakad sa parehong espiritu? Sa parehong mga hakbang?

**Fil. 2:2**—Lubusin ninyo ang aking kagalakan, na kayo ay mag-isip ng parehong bagay, nagtataglay ng parehong pag-ibig, magkahugpong sa kaluluwa, nag-iisip ng isang bagay.

C. Inaalagaan ni Kristo ang mga ekklesia sa Kanyang pagkadibino sa pamamagitan ng Kanyang dibinong pag-ibig, isinasagisag ng gintong pamigkis sa Kanyang dibdib, upang pakainin ang mga ekklesia—Apoc. 1:13b:

**Apoc. 1:13b**—Nangangalaga si Kristo sa mga ekklesia sa loob ng Kanyang pagkatao bilang Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

1. Pinakakain Niya tayo ng Kanyang sarili bilang nagpapaloob ng lahat na Kristo sa Kanyang ganap na ministeryo na may tatlong yugto, nang sa gayon tayo ay lumago at gumulang sa

dibinong buhay upang maging Kanyang mga mandaraig upang isakatuparan ang Kanyang walang hanggang ekonomiya.

2. Bilang lumalakad na Kristo, nalalaman Niya ang kalagayan ng bawat ekklesia, at bilang nagsasalitang Espiritu, ginugupitan at pinupuno Niya ang mga patungan ng ilawan ng sariwang langis, ang panustos ng Espiritu—2:1, 7; cf. Exo. 27:20-21; Zec. 4:6, 11-14.

   **Apoc. 2:1**—Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan.

   **Apoc. 2:7** Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

   **cf. Exo. 27:20-21**—Iyong iuutos sa mga anak ni Israel na sila'y magdala sa iyo ng dalisay na langis ng binayong olibo para sa ilawan, upang ang ilawan ay palaging may sindi. 21Sa toldang tipanan, sa labas ng tabing na nasa harap ng kaban ng patotoo ay aayusin iyon ni Aaron at ng kanyang mga anak mula sa hapon hanggang sa umaga sa harapan ni Jehovah. Ito ay magiging batas sa buong panahon ng kanilang mga salinlahi sa mga anak ni Israel.

   **Zec. 4:6**—Sinabi niya sa akin, Ito ang salita ni Jehovah kay Zerubabel, na sinasabi: Hindi sa pamamagitan ng lakas, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ni Jehovah ng mga hukbo.

   **Zec. 4:11-14**—At sumagot ako sa kanya, Ano itong dalawang puno ng olibo sa dakong kanan at kaliwa ng ilawan? 12Sa ikalawang pagkakataon ay sumagot ako sa kanya, Ano itong dalawang sangang olibo na nasa tabi ng dalawang gintong tubo na di nadaluyan ng langis? 13Sinabi niya sa akin, "Hindi mo ba nalalaman kung ano ang mga ito? Aking sinabi, Hindi, panginoon ko. 14Nang magkagayo'y sinabi niya, Ito ang dalawang binuhusan ng langis na nakatayo sa tabi ng Panginoon ng buong lupa.

3. Upang makabahagi sa Kanyang pagkilos at matamasa ang Kanyang pangangalaga, tayo ay kailangang nasa mga ekklesia.

**X. Sa pamamagitan ng kahanga-hangang pagpapastol ni Kristo, matatamasa natin Siya bilang ating mga pagpapala kapwa ngayon at magpasawalang-hanggan—Isa. 49:10; Apoc. 7:9-17; Juan 6:35; 4:13-14; Awit 36:7-9; 91:1; Isa. 12:1-6; Apoc. 22:1.**

**Isa. 49:10**—Sila'y hindi magugutom, o mauuhaw man; at hindi rin sila mapapaso ng maiinit na hangin ni sasaktan man sila ng araw. Sapagkat siyang may awa sa kanila ang sa kanila ay papatnubay, at aakayin sila sa tabi ng mga bukal ng tubig.

**Apoc. 7:9-17**—Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko, at narito, may malaking kalipunan na di-mabilang ng sinuman, mula sa bawat bansa at lahat ng lipi at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harap ng trono at sa harap ng Kordero, nadaramtan ng mga puting balabal at may mga sanga ng palma sa kanilang mga kamay. 10At sila ay sumisigaw nang may malakas na tinig, na nagsasabi, Kaligtasan sa ating Diyos na nakaupo sa trono at sa Kordero. 11At ang lahat ng anghel ay tumayo sa palibot ng trono at ng mga matanda at ng apat na buháy na nilalang; at sila ay nagpatirapa sa harap ng trono at sumamba sa Diyos, 12Na nagsasabi, Amen. Ang pagpapala at kaluwalhatian at karunungan at mga pagpapasalamat at karangalan at kapangyarihan at kalakasan ay sumaating Diyos magpakailan pa man. Amen. 13At sumagot ang isa sa mga matanda, na nagsasabi sa akin, Itong mga nadaramtan ng puting balabal, sino sila, at saan sila nanggaling? 14At sinabi ko sa kanya, panginoon ko, batid mo. At sinabi niya sa akin, Sila yaong mga lumabas mula sa matinding kapighatian, at kanilang hinugasan ang kanilang mga balabal at pinaputi ang mga ito sa dugo ng Kordero. 15Dahil dito ay nasa harap sila ng trono ng Diyos at naglilingkod sa Kanya araw at gabi sa Kanyang templo; at Siyang nakaupo sa trono ay magtatabernakulo sa ibabaw nila. 16Hindi na sila magugutom, ni mauuhaw pa, ni tatamaan pa ng araw, o ng anumang init; 17Sapagkat ang Kordero na nasa gitna ng trono ang magpapastol sa kanila at gagabay sa kanila sa mga balong ng mga tubig ng buhay; at papahirin ng Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata.

**Juan 6:35**—Sinabi sa kanila ni Hesus, Ako ang tinapay ng buhay; ang lumalapit sa Akin ay hinding-hindi magugutom, at ang sumasampalataya tungo sa Akin ay hinding-hindi mauuhaw kailanman.

**Juan 4:13-14**—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Ang bawat umiinom ng tubig na ito ay muling mauuhaw, [14]Subalit ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan.

**Awit 36:7-9**—Napakahalaga, O Diyos, ng Iyong pag-ibig na tapat! Ang mga anak ng mga tao ay nanganganlong sa lilim ng Iyong mga pakpak. [8]Sila'y nagpapakabusog sa kasaganaan ng Iyong bahay; at binibigyan mo sila ng inumin mula sa ilog ng Iyong kasiyahan. [9]Sapagkat nasa Iyo ang bukal ng buhay; sa iyong ilaw nakakakita kami ng liwanag.

**Awit 91:1**—Siyang naninirahan sa tirahan ng Kataas-taasan, ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan.

**Isa. 12:1-6**—At sa araw na iyon ay iyong sasabihin, Ako'y magpapasalamat sa iyo, O Panginoon, bagaman ikaw ay nagalit sa akin, ang iyong galit ay napawi, at iyong inaaliw ako. [2]Ang Diyos ay aking kaligtasan; ako'y magtitiwala, at hindi ako matatakot sapagkat ang Panginoong Diyos ay aking kalakasan at awit; at siya'y naging aking kaligtasan. [3]Kaya't kayo'y iigib ng tubig na may kagalakan sa mga balon ng kaligtasan. [4]At sa araw na iyon ay inyong sasabihin, Magpasalamat kayo sa Panginoon, kayo'y tumawag sa kanyang pangalan, ipaalam ninyo ang kanyang mga gawa sa mga bansa, ipahayag ninyo na ang kanyang pangalan ay marangal. [5]Umawit kayo sa Panginoon; sapagkat siya'y gumawa ng may kaluwalhatian, ipaalam ito sa buong lupa. [6]Sumigaw ka at umawit nang malakas, ikaw na naninirahan sa Zion, sapagkat dakila ang Banal ng Israel na nasa gitna mo.

**Apoc. 22:1**—At ipinakita niya sa akin ang isang bilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito.

*© 2026 Living Stream Ministry*

Mensahe Anim

## Pagpapastol ayon sa Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Juan 21:15-17; Gawa 20:28; 1 Ped. 5:2, 4; Efe. 4:16

**Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero.
16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa.
17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

**Gawa 20:28**—Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na sa gitna nila ang Espiritu Santo ang naglagay sa inyo bilang mga tagapangasiwa upang pastulin ang ekklesia ng Diyos, na Kanyang nakamit sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo.

**1 Ped. 5:2**—Pastulin ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo, nangangasiwa hindi sa paraang napipilitan kundi kusang-loob, ayon sa Diyos; hindi dahil sa paghahangad ng pakinabang sa pamamagitan ng masamang paraan kundi sa karubduban.

**1 Ped. 5:4**—At kapag ang Punong Pastol ay nahayag, tatanggapin ninyo ang di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian.

**Efe. 4:16**—Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasukasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan sa ikatatayo ng sarili nito sa loob ng pag-ibig.

**I. Sa pagbabawi ng Panginoon ngayon ay may agarang pangangailangan para sa pagpapastol.**

**II. Ang magpastol ay ang magbigay ng nagpapaloob ng lahat, magiliw na pangangalaga sa kawan—Juan 21:15-17; Gawa 20:28:**

**Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero.
16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa.
17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

**Gawa 20:28—**Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na sa gitna nila ang Espiritu Santo ang naglagay sa inyo bilang mga tagapangasiwa upang pastulin ang ekklesia ng Diyos, na Kanyang nakamit sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo.

A. Ang pagpapastol ay tumutukoy sa pangangalaga sa lahat ng pangangailangan ng mga tupa.

*© 2026 Living Stream Ministry*

B. Ang lahat ng tupa ay kailangang mabigyan ng sapat na panustos at mapangalagaan nang maayos.

**III. Si Kristo ang mabuting Pastol, ang dakilang Pastol, ang Punong Pastol, at ang Pastol ng ating mga kaluluwa—Juan 10:9-17; Heb. 13:20-21; 1 Ped. 5:4; 2:25:**

**Juan 10:9-17**—Ako ang pinto; kung ang sinuman ay pumapasok sa pamamagitan Ko, siya
ay maliligtas at papasok at lalabas at makasusumpong ng pastulan. [10]Ang magnanakaw ay
hindi pumaparito malibang magnakaw at pumatay at pumuksa; Ako ay pumarito upang sila
ay magkaroon ng buhay at magkaroon nito nang sagana. [11]Ako ang mabuting Pastol;
ibinibigay ng mabuting Pastol ang Kanyang buhay para sa mga tupa. [12]Siya na upahan at
hindi ang pastol, na hindi sa kanya ang mga tupa, kapag nakikitang dumarating ang lobo ay
iniiwan ang mga tupa at tumatakas; at inaagaw ng lobo ang mga ito at pinangangalat ang
mga ito. [13]Tumatakas siya sapagkat siya ay isang upahan at hindi nagmamalasakit sa mga
tupa. [14]Ako ang mabuting Pastol, at kilala Ko ang sariling Akin, at kilala Ako ng sariling Akin,
[15]Kung paanong kilala Ako ng Ama at kilala Ko ang Ama; at ibinibigay Ko ang Aking buhay
para sa mga tupa. [16]At mayroon Akong ibang tupa, na hindi sa kulungang ito; kailangan Ko
rin silang akayin, at pakikinggan nila ang Aking tinig, at magkakaroon ng isang kawan, isang
Pastol. [17]Dahil dito ay iniibig Ako ng Ama, sapagkat ibinibigay Ko ang Aking buhay upang
kunin Ko itong muli.

**Heb. 13:20-21**—Ngayon ang Diyos ng kapayapaan, Siya na nag-ahon mula sa mga patay sa
ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang
tipan, [21]Ay pasakdalin nawa kayo sa bawat mabuting gawa para sa paggawa ng Kanyang
kalooban, ginagawa sa atin yaong kalugod-lugod sa Kanyang paningin sa pamamagitan ni
Hesu-Kristo; mapasa-Kanya ang kaluwalhatian magpakailan pa man. Amen.

**1 Ped. 5:4**—At kapag ang Punong Pastol ay nahayag, tatanggapin ninyo ang di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian.

**1 Ped. 2:25**—Sapagkat kayo ay gaya ng mga tupang naliligaw, ngunit ngayon ay nagbalik na kayo sa Pastol at Tagapangasiwa ng inyong mga kaluluwa.

A. Bilang mabuting Pastol, pumarito ang Panginoong Hesus upang magkaroon tayo ng buhay at magkaroon nito nang sagana—Juan 10:10-11:

**Juan 10:10-11**—Ang magnanakaw ay hindi pumaparito malibang magnakaw at
pumatay at pumuksa; Ako ay pumarito upang sila ay magkaroon ng buhay at
magkaroon nito nang sagana. [11]Ako ang mabuting Pastol; ibinibigay ng mabuting Pastol
ang Kanyang buhay para sa mga tupa.

1. Ibinigay Niya ang Kanyang pangkaluluwang buhay, ang Kanyang pantaong buhay, upang isakatuparan ang katubusan para sa Kanyang mga tupa nang sa gayon ay makabahagi sila sa Kanyang buhay na *zoe*, ang Kanyang dibinong buhay—bb. 11, 15, 17.

   **Juan 10:11**—Ako ang mabuting Pastol; ibinibigay ng mabuting Pastol ang Kanyang buhay para sa mga tupa.

   **Juan 10:15**—Kung paanong kilala Ako ng Ama at kilala Ko ang Ama; at ibinibigay Ko ang Aking buhay para sa mga tupa.

   **Juan 10:17**—Dahil dito ay iniibig Ako ng Ama, sapagkat ibinibigay Ko ang Aking buhay upang kunin Ko itong muli.

2. Pinangungunahan Niya ang Kanyang mga tupa palabas ng kulungan tungo sa Kanyang sarili bilang pastulan, ang lugar ng kainan, kung saan malaya silang makakakain sa Kanya at mapakakain Niya—b. 9.

   **Juan 10:9**—Ako ang pinto; kung ang sinuman ay pumapasok sa pamamagitan Ko, siya ay maliligtas at papasok at lalabas at makasusumpong ng pastulan.

3. Binuo ng Panginoon ang mga mananampalatayang Hudyo at Hentil upang maging isang kawan (ang ekklesia, ang Katawan ni Kristo) sa ilalim ng Kanyang pagpapastol—b. 16.

   **Juan 10:16**—At mayroon Akong ibang tupa, na hindi sa kulungang ito; kailangan Ko rin silang akayin, at pakikinggan nila ang Aking tinig, at magkakaroon ng isang kawan, isang Pastol.

B. Iniahon ng Diyos mula sa mga patay ang "ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang tipan"—Heb. 13:20:

**Heb. 13:20**—Ngayon ang Diyos ng kapayapaan, Siya na nag-ahon mula sa mga patay sa ating Panginoong Hesus, ang dakilang Pastol ng mga tupa, sa dugo ng walang hanggang tipan.

1. Ang walang hanggang tipan ay ang pasukdulin ang Bagong Herusalem sa pamamagitan ng pagpapastol.
2. Ang walang hanggang tipan ay ang tipan ng bagong testamento upang magtamo ng isang kawan, na siyang ang ekklesia na magreresulta sa Katawan ni Kristo at mapasusukdol sa Bagong Herusalem.

C. Bilang Punong Pastol, pinapastol ni Kristo ang Kanyang kawan sa pamamagitan ng mga matanda sa mga ekklesia—1 Ped. 5:4:

**1 Ped. 5:4**—At kapag ang Punong Pastol ay nahayag, tatanggapin ninyo ang di-kumukupas na putong ng kaluwalhatian.

1. Kung wala ang pagpapastol ng mga matanda, hindi maitatayo ang ekklesia.
2. Ang pagpapastol ng mga matanda ay dapat ang pagpapastol ni Kristo sa pamamagitan nila.

D. Bilang Pastol ng ating mga kaluluwa, pinangangasiwaan ng malahanging Kristo ang ating panloob na kalagayan, pinangangalagaan ang sitwasyon ng ating panloob na katauhan—2:25:

**1 Ped. 2:25**—Sapagkat kayo ay gaya ng mga tupang naliligaw, ngunit ngayon ay nagbalik na kayo sa Pastol at Tagapangasiwa ng inyong mga kaluluwa.

1. Pinapastol Niya tayo sa pamamagitan ng pangangalaga sa kapakanan ng ating kaluluwa at sa pamamagitan ng pag-eensayo ng Kanyang pangangasiwa sa kalagayan ng ating panloob na katauhan.
2. Dahil napakakomplikado ng ating kaluluwa, kailangan natin si Kristo, na siyang Espiritung nagbibigay-buhay sa ating espiritu, upang pastulin tayo sa ating kaluluwa, upang pangalagaan ang ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya at ang ating mga suliranin, mga pangangailangan, at mga sugat.

**IV. Upang makapagpastol ayon sa Diyos, kailangan nating maging kaisa ng Diyos, mabuoan ng Diyos, maipamuhay ang Diyos, maihayag ang Diyos, maikatawan ang Diyos, at maihain ang Diyos:**

A. Ang pagpapastol ayon sa Diyos ay humihingi sa atin na maging kaisa ng Diyos at mabuoan Niya—Juan 14:20; 1 Cor. 6:17; Efe. 3:17a; Col. 3:10-11.

**Juan 14:20**—Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako ay nasa Aking Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo.

**1 Cor. 6:17**—Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang espiritu.

**Efe. 3:17a**—Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya.

**Col. 3:10-11**—At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya, [11]Doon ay hindi maaaring magkaroon ng Griyego at Hudyo, pagtutuli at di-pagtutuli, barbaro, Scita, alipin, malaya, kundi si Kristo ang lahat at nasa loob ng lahat.

B. Tanging yaong mga ipinamumuhay ang Diyos ang makapagpapastol ayon sa Diyos—Fil. 1:21a.

**Fil. 1:21a**—Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang.

C. Ang walang hanggang layunin ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa loob natin bilang ating buhay nang sa gayon ay maihayag natin Siya—Gen. 1:26; Efe. 1:11; 3:11; 2 Tim. 1:9.

**Gen. 1:26**—Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

**Efe. 1:11**—Na sa Kanya rin naman ay itinakda tayo bilang isang mana, itinatalaga noong una pa ayon sa layon ng Isa na gumagawa ng lahat ng bagay ayon sa pasya ng Kanyang kalooban.

**Efe. 3:11**—Ayon sa walang hanggang layunin na ginawa Niya sa loob ni Kristo Hesus na ating Panginoon.

**2 Tim. 1:9**—Na nagligtas sa atin at sa atin ay tumawag ng isang banal na pagtawag, hindi ayon sa ating mga gawa kundi ayon sa Kanyang sariling layunin at biyaya, na ibinigay sa atin sa loob ni Kristo Hesus bago pa ang mga panahon ng mga kapanahunan.

D. Bilang mga nagpapastol ayon sa Diyos, kailangan nating ikatawan ang Diyos at magpangsyon bilang kumikilos na Diyos—2 Cor. 1:3-4, 12, 15-16; 2:10; 10:11; 11:2.

**2 Cor. 1:3-4**—Pagpalain ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesu-Kristo, ang Ama ng mga kahabagan at Diyos ng lahat ng kaaliwan; [4]Na umaaliw sa amin sa lahat ng aming paghihirap upang maaliw namin ang mga nasa bawat paghihirap sa pamamagitan ng pang-aaliw na ipinang-aaliw sa amin ng Diyos.

**2 Cor. 1:12**—Sapagkat ang aming pagmamapuri ay ito, ang patotoo ng aming budhi, na sa pagiging tapat sa isa at sinseridad ng Diyos, hindi sa makalamang karunungan kundi sa biyaya ng Diyos, ay gumawi kami sa sanlibutan, at lalong sagana pa sa inyo.

**2 Cor. 1:15-16**—At sa pagtitiwalang ito ay binalak kong pumunta sa inyo noon upang kayo ay magkaroon ng dobleng biyaya, [16]At dumaan sa inyo patungong Macedonia, at buhat sa Macedonia ay bumalik sa inyo at maihatid ninyo patungong Judea.

**2 Cor. 2:10**—Ngunit ang inyong pinatatawad sa anuman, pinatatawad ko na rin; sapagkat kung ano ang pinatawad ko naman, kung nagpatawad ako ng anuman, ito ay alang-alang sa inyo sa persona ni Kristo.

**2 Cor. 10:11**—Isaalang-alang ito ng isang iyon, na kung ano kami sa salita sa mga liham kapag kami ay wala, gayundin kami sa gawa kapag kami ay naririyan.

**2 Cor. 11:2**—Sapagkat naninibugho ako sa inyo ng paninibugho ng Diyos; sapagkat ipinakipagtipan ko kayo sa isang asawang lalaki upang iharap kayo bilang isang dalisay na birhen kay Kristo.

E. Ang magpastol ayon sa Diyos ay ang ihain ang Diyos sa iba:

1. Kung gaano natin maihahain ang Diyos sa iba ay nakadepende sa ating pagiging nabasag ng Diyos para sa pagdaloy ng buhay—4:10-12, 16; Heb. 4:12.

   **2 Cor. 4:10-12**—Palaging tinataglay sa katawan ang paglalagay sa kamatayan ni Hesus upang ang buhay ni Hesus ay mahayag din sa aming katawan. [11]Sapagkat kaming nabubuhay ay laging dinadala sa kamatayan alang-alang kay Hesus upang ang buhay ni Hesus ay mahayag din sa aming laman na may kamatayan. [12]Kaya nga ang kamatayan ay gumagawa sa loob namin, ngunit buhay ang sa inyo.

   **2 Cor. 4:16**—Kaya nga hindi kami pinanghihinaan ng loob; bagama't ang aming panlabas na tao ay nabubulok, ang aming panloob na tao naman ay napapababago sa araw-araw.

   **Heb. 4:12**—Sapagkat ang salita ng Diyos ay buháy at gumagawa at mas matalas kaysa sa anumang tabak na may dalawang talim, at tumatagos maging hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu at ng mga kasukasuan at utak ng buto, at may kakayahang kumilala ng mga iniisip at mga binabalak ng puso.

2. Kung ihahain natin ang Diyos sa isa't isa, kailangan nating magsalita ng mga salita ng biyaya, katotohanan, espiritu, at buhay, inihahain ang naprosesong Diyos na naisagawa tungo sa loob ng ating katauhan—Efe. 3:16-17a; 4:25, 29; Juan 6:63.

   **Efe. 3:16-17a**—Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, [17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig.

   **Efe. 4:25**—Kaya nga yamang hinubad na ninyo ang kasinungalingan, magsalita ang bawat isa sa inyo ng katotohanan sa kanyang kapwa, sapagkat tayo ay mga sangkap ng isa't isa.

   **Efe. 4:29**—Anumang masamang salita ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi yaong mabuti lamang para sa pagtatayo, ayon sa pangangailangan, upang ito ay makapagbigay ng biyaya sa mga nakikinig.

   **Juan 6:63**—Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

**V. Inatasan ni Pedro ang mga matanda na pastulin ang kawan ng Diyos ayon sa Diyos—1 Ped. 5:2:**

**1 Ped. 5:2**—Pastulin ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo, nangangasiwa hindi sa paraang napipilitan kundi kusang-loob, ayon sa Diyos; hindi dahil sa paghahangad ng pakinabang sa pamamagitan ng masamang paraan kundi sa karubduban.

A. Ang *ayon sa Diyos* ay nangangahulugang kailangan nating ipamuhay ang Diyos.

B. Kapag kaisa tayo ng Diyos, tayo ay nagiging Diyos at tayo ay Diyos sa ating pagpapastol sa iba.

C. Ang magpastol ayon sa Diyos ay ang magpastol ayon sa kalikasan, nais, paraan, at kaluwalhatian ng Diyos, hindi ayon sa ating pagpipili, interes, layunin, at disposisyon.

D. Ang magpastol ayon sa Diyos ay ang magpastol ayon sa kung ano ang Diyos sa Kanyang mga katangian.

E. Upang makapagpastol ayon sa Diyos, kailangan nating maging Diyos sa buhay, kalikasan, kahayagan, at pangsyon:

1. Kailangan nating maging punông-punô ng dibinong buhay, tinatamasa ang Tres-unong Diyos bilang ang bukal, ang balong, at ang ilog upang maging kabuoan ng dibinong buhay, upang maging dibinong buhay pa mismo—Juan 4:14; Col. 3:4.

   **Juan 4:14**—Subalit ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan.

   **Col. 3:4**—Kapag si Kristo na ating buhay ay nahayag, saka mahahayag din kayong kasama Niya sa kaluwalhatian.

2. Kailangan nating maging Diyos sa Kanyang mga katangian ng pag-ibig, liwanag, katuwiran, at kabanalan.

3. Kailangan nating maging pagpaparami ni Kristo, ang kahayagan ng Diyos, upang sa ating pagpapastol ay maihayag natin ang Diyos, hindi ang sarili kasama ang disposisyon at mga pekularidad nito.

4. Kailangan nating maging Diyos sa Kanyang pangsyon ng pagpapastol sa kawan ng Diyos ayon sa kung ano Siya at ayon sa Kanyang gol sa Kanyang ekonomiya.

**VI. Ang pagpapastol na nagtatayo ng Katawan ni Kristo ay isang mutuwal na pagpapastol—1 Cor. 12:23-26:**

**1 Cor. 12:23-26**—At yaong mga sangkap ng katawan na itinuturing nating nakabababa sa karangalan, ang mga ito ay binibihisan natin ng higit na saganang karangalan; at ang ating mga di-kaaya-ayang sangkap ay magkaroon ng higit na saganang kagandahan, [24]Ngunit ang ating magagandang sangkap ay walang kailangan. Subalit pinaghalo ng Diyos ang katawan, binibigyan ng higit na saganang karangalan ang sangkap na may kakulangan, [25]Upang hindi magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa katawan, kundi na ang mga sangkap ay magkaroon ng magkakatulad na malasakit sa isa't isa. [26]At kung nagdurusa ang isang sangkap, ang lahat ng sangkap ay nagdurusang kasama nito; o kung naluluwalhati ang isang sangkap, ang lahat ng sangkap ay nagagalak na kasama nito.

A. Tayong lahat ay kailangang mapasailalim sa organikong pagpapastol ni Kristo at maging kaisa Niya upang pastulin ang iba—Juan 21:15-17.

   **Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. [16]Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. [17]Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

B. Ang lahat ng mananampalataya, anuman ang kanilang paglago sa buhay, ay nangangailangan ng pagpapastol.

C. Lahat tayo ay may mga kapintasan at mga kakulangan at kailangan natin ang iba upang pastulin tayo.
D. Tayo ay kapwa mga tupa at mga pastol, nagpapastol at pinapastol sa mutuwalidad.
E. Sa pamamagitan ng mutuwal na pagpapastol na ito, itinatayo ng Katawan ang sarili nito sa loob ng pag-ibig—Efe. 4:16.

**Efe. 4:16**—Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasukasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan sa ikatatayo ng sarili nito sa loob ng pag-ibig.